


ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ENERO 2015

Liahona



**Ezra at Flora
Benson:
Nagkakaisa
sa Gawain ng
Panginoon, p. 32**

**Pagkatutong Magturo Tulad ng
Pagtuturo ng Tagapagligtas, p. 24**

**Ang Pinakamahalagang Tao
sa Inyong Buhay, p. 56**

**Munting mga Kamay,
Malaking Kaibhan, p. 64**



*"Mabuti nga ang asin:
datapuwa't kung
ang asin ay tuma-
bang, ay ano ang
ipagpapaalat?"*

Lucas 14:34

Kaliwa: Bukang-liwayway sa tag-
lamig sa Ein Gedi Beach ng Dead
Sea na may mga asin sa harap.



MGA MENSAHE

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan:
Sundin ang mga Propeta**
Ni Pangulong Thomas S. Monson
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching:
Ang mga Katangian ni
Jesucristo: Masunuring Anak**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

- 18 Ano ang Pipiliin Ninyo?**
Ni Elder Russell M. Nelson
*May panahon sa buhay ninyo na
maraming pagpipilian, tiyaking
tama ang pipiliin niinyo.*

- 24 Maging Anong Uri ng mga
Guro ba Nararapat Tayo?**
Ng Sunday School General
Presidency
*Ang Tagapagligtas ang pinaka-
mahusay na makapagtuturo sa
atin kung paano maituturo ang
Kanyang ebanghelyo.*

- 28 Payo ng Propeta at mga
Pagpapala ng Templo**
Ni Elder Koichi Aoyagi
*Kapag sinunod natin ang propeta
at inuna natin ang pagsamba sa
templo, dadaloy ang mga pagpa-
pala sa ating buhay.*

- 32 Si Flora at Ako: Magkatuwang
sa Gawain ng Panginoon**
Ni Aaron L. West
*Alamin kung paano nakatulong
ang pagmamahal at suportang
natamasa ni Ezra Taft Benson,
ang ika-13 Pangulo ng Sim-
bahan, sa piling ng kanyang
asawang si Flora.*

MGA BAHAGI

- 8 Notebook ng Kumperensya
ng Oktubre 2014**
- 10 Nangungusap Tayo Tungkol
kay Cristo: Isang Oras ng
Pakikipagpuyat sa Kanya**
Ni Maritza Gonzales Espejo
- 12 Ating mga Tahanan, Ating mga
Pamilya: Ang Daan Tungo sa
Pagiging Walang-Hanggang
Pamilya**
Nina Garth at Sandy Hamblin
- 14 Pagmumuni-muni:
Mga Alitaptap**
Ni David Wright
- 15 Paglilingkod sa Simbahan:
Isang Patatas para kay Titser**
Ni Bonny Dahlsrud
- 16 Mga Balita sa Simbahan**
- 38 Mga Tinig ng mga Banal
sa mga Huling Araw**
- 80 Hanggang sa Muli Nating
Pagkikita: Paano Ko
Malalaman na Pinatawad
na Ako ng Panginoon?**
Ni Pangulong Harold B. Lee

SA PABALAT

Harap: Larawan sa kagandahang-loob ng
Church History Library. Panloob na pabalat
sa harap: Larawang kuha ni Gilad Mass.



42

42 Mag-usap nang Madalas: Mga Family Council para sa mga Mag-asawa

Ni Nichole Eck

Paano sisimulang magdaos ng makabuluhan at matagumpay na mga family council.

46 Ang Lakas-ng-Loob na Mag-asawa

Ni Christian Hägglund

Alam ko na pag-aasawa ang susunod na hakbang para sa akin, pero gusto kong maghintay hanggang sa sandaling sabihin sa akin ng Panginoon kung ano ang gagawin.



50

48 Tema ng Mutwal para sa 2015

Ng Young Women at Young Men General Presidencies

Ang tema ng Mutwal sa taong ito ay tutulong sa atin na maunawaan kung paano pinakamainam na mapaglilingkuran ang Ama sa Langit.

50 Paiza-isang Hakbang

Ni Hillary Olsen

Ibinahagi ng mga kabataan sa Italy kung paano nila pinaglilingkuran ang Diyos nang buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas.

53 Paglilingkuran Ninyo ang Diyos nang Buong Puso, Kakayahan, Pag-iisip, at Lakas

Paano ninyo isasagawa ang tema ng Mutwal sa taong ito? Narito ang ilang ideya.

55 Poster: Lumulan

56 Bakit Mahalaga si Jesucristo sa Buhay Ko?

Narito ang limang dahilan kung bakit ang Tagapagligtas ang maaaring maging pinakamahalagang tao sa buhay ninyo.

60 Paano Makakamit ang mga Walang-Hanggang Mithiin

Ni Elder Robert D. Hales

61 Paano Ko Nalaman: Ang Sentro ng Buhay Ko

Ni Roberto Pacheco Pretel

Si Cristo sa mga Lupain ng Amerika? Baka nagkakamali ang mga missionary.

62 Tuwirang Sagot

63 Pagbibigay ng Pinakamagandang Regalo

Ni Mariela Rodriguez



Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Maghanap ng mauupuan sa bus.



72

64 Tulungan Ninyo Kami!

Tulad ng mga batang ito, maiipakita ninyo na nagmamalasakit kayo sa paghahanap ng mga paarang para matulungan ang iba.

66 Hamon sa Pagbabasa ng Bagong Tipan

Tutulungan kayo ng aktibidad na ito na makabasa ng ilang talata mula sa Bagong Tipan bawat linggo sa taong ito.

69 Paggawa ng Makabuluhang Bagay sa Oras Ko

Ni Clayton W.

70 Ang Ating Pahina

71 Natatanging Saksi: Paano ako matutulungan ng mga banal na kasulatan?

Ni Pangulong Boyd K. Packer

72 Ang Sikretong Panlaban

Ni Jessica Larsen

Si Ivy ang pinakamaliit sa aming klase—paano niya kami matutulungang manalo?

74 Oras para sa Banal na Kasulatan: Isang Paglalakbay para Matutuhan ang tungkol kay Jesucristo

76 Ang Listahan ng 10 Priyoridad ni Abby

Ni Rosemary M. Wixom

Ano ang 10 nangungunang mithiin ninyo sa buhay?

77 Mga Scripture Figure mula sa Bagong Tipan: Si Jesus ay Nagtuturo sa Templo

78 Panalangin sa Loob ng Bus

Ni Mitzy Jiménez Ramírez

ENERO 2015 TOMO 18 BLG. 1
LIAHONA 12561 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson,
Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson,
Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott,
Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar,
Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon

Mga Tagapayo: Mervyn B. Arnold, Christoffel Golden,
Larry R. Lawrence, James B. Martino, Joseph W. Sitati

Namamahalang Direktor: David T. Warner

Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Publications Assistant: Lisa C. López

Writing and Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson,
David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H.
Garff, LaRene Porter Gaunt, Mindy Anne Leavitt, Michael R.
Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough,
Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley,
C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P.
Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad
Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge,
Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson,
Gayle Tate Rafferty

Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick

Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalain: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila
Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline
Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee,
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling
Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon
City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas
Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas.
Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa
Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa
mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa
liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa Liahona, Rm. 2420,
50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA;
o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang Liahona (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin
ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa
wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian,
Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech,
Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German,
Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano,
Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese,
Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian,
Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian,
Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng
paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay
nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa Liahona para
sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad
na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat
ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office,
50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA;
e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

January 2015 Vol. 18 No. 1. LIAHONA (USPS 311-480)
Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church
of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt
Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year;
Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid
at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of
address. Include address label from a recent issue; old and new
address must be included. Send USA and Canadian subscriptions
to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription
help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard,
American Express) may be taken by phone or at store.lds.org.
(Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5).

NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes
to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368,
Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.



"Paano Makakamit ang Walang Hanggang mga Mithiin," pahina 60, at **"Ang Listahan ng 10 Priyidad ni Abby,"**

pahina 76: Sa pagsisimula ng bagong taon, maaaring nag-iisip kayo ng inyong pamilya ng ilang mithiin inaasam ninyong makamit bilang indibiduwal at bilang pamilya. Isiping basahin ang artikulo ni Sister Rosemary M. Wixom tungkol sa 10 nangungunang mithiin sa buhay ng isang dalagita, at anyayahan ang inyong mga anak na gumawa ng sarili nilang listahan ng mga mithiin. Maaari ding makatulong sa nakatatanda ninyong mga anak ang pagtalakay sa artikulo ni Elder Robert D. Hales tungkol sa walang-hanggang mga mithiin at kahalagahan ng pagpapalano

para makamit ang mga mithiin ninyong. Hi-kayatin ang mga miyembro ng pamilya na isulat ang kanilang mga mithiin at ilagay ito sa isang lantad na lugar sa bahay ninyo.

"Hamon sa Pagbabasa ng Bagong Tipan,"

pahina 66: Isiping simulan ang hamon na basahin ang Lumang Tipan bilang pamilya. Maaari ninyong simulan sa paghiling sa bawat miyembro ng pamilya na ibahagi ang kanyang paboritong kuwento mula sa buhay ni Jesucristo. Pagkatapos, bilang isang pamilya, bumisita sa gospelart.lds.org o scripturestories.lds.org para makita ang mga video at gawang-sining na akma sa inyong nakatakdang basahin. O isiping isadula ang mga tagpo mula sa Bagong Tipan habang nagbabasa kayo.

SA INYONG WIKA

Ang Liahona at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Bagong Tipan, 66, 68, 74, 77

Banal na Kasulatan, mga, 66, 71

Buhay Bago Isilang, 18

Buhay na walang hanggan, 14, 60, 76

Desisyon, mga, 4, 6, 18

Edukasyon, 18

Ezra Taft Benson, 32

Gawaing misyonero, 40, 48, 53, 55, 63

Gawain sa templo, 12, 28

Jesucristo, 7, 10, 24, 56, 61, 74

Kabaitan, 72

Kalayaan, 18

Kapatawaran, 80

Kasal, pag-aasawa, 28, 32, 42, 46

Mga Saligan ng Pananampalataya, 69

Mithiin, mga, 60, 76

Pagbabalik-loob, 12

Pagbabayad-sala, 10

Paggalang, 72

Paglilingkod, 15, 38, 41, 48, 50, 53, 55, 64

Pagmamahal, pag-ibig, 15

Pagsisisi, 12, 39, 80

Pagsunod, 7

Pagtatalo, 62

Pagtuturo, 24

Pamilya, 12, 28, 32, 42, 46

Panalangin, 78

Pangkalahatang kumperensya, 8

Propeta, mga, 28, 32

Sakramento, 10

Tukso, 14



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

SUNDIN ANG mga Propeta

Nagsilbi ako sa United States Navy noong patapos na ang World War II. Seaman ako noon, na siyang pinakamababang ranggo sa navy. Pagkatapos ay naging Seaman First Class ako, at kasunod nito ay naging Yeoman-Third Class ako.

Natapos ang World War II, at na-discharge ako kalau-
nan. Subalit nagdesisyon ako na kung babalik man ako sa militar, gusto kong maglingkod bilang commissioned officer. Naisip ko, “Hindi na ako kakain sa mga mess area, hindi na ako magkukuskos ng mga kubyerta, kung mai-
iwasan ko ito.”

Matapos akong ma-discharge, pumasok ako sa United States Naval Reserve. Kasama ako noon sa drill tuwing Lunes ng gabi. Nag-aral ako nang husto para makapasa ako. Kinuha ko ang lahat ng klase ng pagsusulit na maaaring kunin: mental, pisikal, at emosyonal. Sa huli, dumating ang magandang balita: “Natanggap ka na magserbisyo bilang ensign sa United States Naval Reserve.”

Masaya kong ipinakita ito sa aking asawang si Frances, at sinabing, “Natanggap ako! Natanggap ako!” Niyakap niya ako at sinabing, “Pinaghirapan mo iyan kaya mo nakamit.”

Ngunit may nangyaring hindi inaasahan. Tinawag akong maging counselor sa aming ward bishopric. Nagkasabay ang bishop’s council meeting at navy drill meeting ko nang gabing iyon. Alam ko na malaking problema ito. Alam ko na hindi ko maaaring pagsabayin ang mga tungkulin ko sa Naval Reserve at sa bishopric. Ano ang dapat kong gawin? Kailangan kong magdesisyon.

Ipinagdasal ko ito. Pagkatapos ay nakipagkita ako sa dati kong stake president noong bata pa ako, si Elder Harold B. Lee (1899–1973), na noo’y nasa Korum ng

Labindalawang Apostol. Umupo ako sa silyang nasa harapan ng mesa niya. Sinabi ko sa kanya kung gaano kahalaga sa akin ang appointment na iyon sa militar. Sa katunayan, ipinakita ko sa kanya ang kopya ng letter of appointment na natanggap ko.

Matapos pag-isipan sandali ang bagay na ito, sinabi niya sa akin, “Ito ang dapat mong gawin, Brother Monson. Sumulat ka sa Bureau of Naval Affairs at sabihin mo sa kanila na dahil sa tungkulin mo bilang miyembro ng bishopric, hindi mo matatanggap ang appointment na iyan sa United States Naval Reserve.”

Nalungkot ako nang labis. Dagdag pa niya, “Pagkatapos ay sumulat ka sa commandant ng Twelfth Naval District sa San Francisco at sabihin mo sa kanila na gusto mong ma-discharge mula sa reserve.”

Sabi ko, “Elder Lee, hindi ninyo naiintindihan ang militar. Siyempre hindi po nila ibibigay sa akin ang appointment kung tatanggihan ko ito, pero hindi ako ire-release ng Twelfth Naval District sa aking tungkulin. Dahil may sumisiklab na digmaan sa Korea, tiyak na tatawag ng isang noncommissioned officer. Kung pababalikin ako, mas gugustuhin kong bumalik bilang commissioned officer, pero hindi iyon mangyayari kung hindi ko tatanggapin ang appointment na ito. Sigurado ba kayo na ito ang gusto ninyong ipayo sa akin?”

Inakbayan ako ni Elder Lee at tulad sa isang mapagmahal na ama ay nagsabing, “Brother Monson, dagdagan mo ang pananalig mo. Hindi para sa iyo ang militar.”

Umuwi ako. Ibinalik ko sa sobre ang letter of appointment na basa ng luha kalakip ang liham na hindi ko ito tinatanggap. Pagkatapos ay sumulat ako sa Twelfth Naval District at hiniling na ma-discharge ako sa Naval Reserve.



Hindi ko mahahawakan ang katungkulan ko ngayon sa Simbahan kung hindi ko sinunod ang payo ni Elder Harold B. Lee.

Ang pagka-discharge ko mula sa Naval Reserve ay kasama sa huling grupong nai-proseso bago nagsimula ang Korean War. Pinakilos na ang grupo ko sa militar sa headquarters. Anim na linggo matapos akong matawag bilang counselor sa bishopric, tinawag akong maging bishop ng aking ward.

Hindi ko mahahawakan ang katungkulan ko ngayon sa Simbahan kung hindi ko sinunod ang payo ng propeta, kung hindi ko ipinagdasal ang desisyong iyon, kung hindi ko pinahalagahan ang isang mahalagang katotohanan: ang karunungan ng Diyos ay kadalasang kamangmangan lang sa tao.¹ Ngunit ang pinakamalaking aral na matutuhan natin sa mortalidad ay na kapag nangusap ang Diyos at sumunod ang Kanyang mga anak, lagi silang magiging tama.

Nasabi na noon pa, na ang kasaysayan ay umiikot sa maliliit na bisagra,

at gayon din ang buhay natin. Mga desisyon ang nagpapasaya ng tadhana. Ngunit hindi tayo pababayaang magisa sa ating mga pagdedesisyon.

Kung gusto ninyong makita ang liwanag ng langit, kung gusto ninyong madama ang inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos, kung gusto

ninyong madama sa inyong puso na ginagabayan kayo ng inyong Ama sa Langit, sundin ninyo ang mga propeta ng Diyos. Kapag sinunod ninyo ang mga propeta, kayo ay nasa ligtas na teritoryo. ■

TALA

1. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:14.

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Hindi lahat ng mga miyembro ng Simbahan ay tatanggap ng personal na payo mula sa isang Apostol, na tulad ng nangyari kay Pangulong Monson. Ngunit mapagpapala pa rin tayo kapag sinunod natin ang mga turo ng mga propeta at apostol. Isiping basahin ang mga mensahe ni Pangulong Monson sa huling pangkalahatang kumperensya (alalahaning basahin din ang kanyang pambungad at pangwakas na pananalita). Hanapin ang partikular na mga tagubilin o panawagang kumilos. Maaari ninyong talakayin ang natutuhan ninyo sa mga taong binibisita ninyo at umisip kayo ng mga paraan para masunod ang payo ni Pangulong Monson.

Para sa mga ideya sa pagtuturo ng mensaheng ito sa mga kabataan at bata, tingnan sa pahina 6.

Payo para sa Mahihirap na Pagpapasiya

Ikinuwento ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ang tungkol sa isang pagkakataon na sinunod niya ang payo ng propeta. Sa isang pangkalahatang kumperensya, hinikayat ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) ang mga miyembro na huwag mangutang—lalo na ang magsangla.

Sabi ni Pangulong Eyring: “Bumaling ako sa aking asawa pagkatapos ng miting at nagtanong, ‘Sa palagay mo ba may paraan para magawa natin iyon?’

Wala kaming maisip sa simula.” Ngunit kinagabihan naisip niya ang bahay na maraming taon na nilang ibinibenta pero walang bumibili. “Nagtiwala kami sa Diyos at . . . sa mensahe ng Kanyang tagapaglingkod, [kaya] tinawagan namin ang isang tao. . . . Narinig ko ang sagot na hanggang sa ngayon ay nagpapata-tag sa aking tiwala sa Diyos at sa Kanyang mga tagapaglingkod.” Nang araw ding iyon isang tao ang bumili ng bahay ng mga Eyring sa halagang mas malaki pa sa halaga ng kanilang pagkasangla.

Hindi nagtagal at nawalan na ng utang ang mga Eyring (tingnan sa “Magtiwala sa Diyos, Pagkatapos ay Humayo at Gumawa,” *Liahona*, Nob. 2010, 72).

Maaaring wala kayong isinangla na tutubusin, ngunit ang payo ng propeta ay gagabay sa inyo ngayon sa mahihirap na desisyon tungkol sa trabaho, edukasyon, pagmimisyon, at pakikipagdeyt. Pag-usapan ninyo ng inyong pamilya o mga kaibigan kung paano ninyo masusunod ang propeta kapag kailangan ninyong magdesisyon.

MGA BATA

Hanapin ang Daraanan Mo

Kailangan nating gumawa ng maraming pagpapasiya para makabalik sa ating Ama sa Langit. Magagawa natin ang pinakamagandang pasiya kapag sinunod natin ang propeta.

Hanapin ang daraanan mo palabas sa maze. Kapag nakapagpasiya ka na, umasa sa payo ng propeta!



Basahin ang mga banal na kasulatan
Kumanan



Manalangin
Bumaba at saka kumanan




Ibahagi ang iyong patotoo
Kumanan



Tulungan ang iba
Bumaba at saka kumaliwa



Magsimba
Umakyat



Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano mapag-iibayo ng pag-unawa sa buhay at mga tungkulin ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at mapagpapala ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.

Ang mga Katangian ni Jesucristo: Masunuring Anak

Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching na nagtatampok sa mga katangian ng Tagapagligtas.

Ang pagtulad sa halimbawa ng pagkamasunurin ni Jesucristo ay nagpapalakas ng ating pananampalataya sa Kanya. “Nakapagtataka ba,” sabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “na pinili ni Cristo una sa lahat na liwanagin niya ang kaugnayan niya sa kanyang ama—na minahal at sinunod niya ito bilang isang tapat na anak? . . . Pagsunod *ang* unang batas ng langit.”¹

Itinuturo sa mga banal na kasulatan na “kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala mula sa Diyos, ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay” (D at T 130:21). Lumalago ang ating espirituwalidad kapag napapalapit tayo sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod at pag-anyaya sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa ating buhay.

“Kapag sinusunod natin ang mga alituntunin at kautusan ng ebanghelyo ni Jesucristo,” sabi ni Elder D. Todd



Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, “natatamasa natin ang patuloy na pagdaloy ng mga pagpapalang ipinangako ng Diyos sa Kanyang tipan sa atin. Ang mga pagpapalang iyon ay nagbibigay ng kakayahang kailangan natin upang kumilos sa halip na pakilusin habang tayo ay nabubuhay. . . . Sa pagsunod ay higit nating nakokontrol ang ating buhay, higit [ang ating] kakayahang umangkop, gumawa at lumikha.”²

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

Lucas 22:41–46; Doktrina at mga Tipan 82:10; 93:28

MGA TALA

1. Jeffrey R. Holland, “The Will of the Father in All Things” (Brigham Young University devotional, Ene. 17, 1989), 4, speeches.byu.edu
2. D. Todd Christofferson, “Ang Kapangyarihan ng mga Tipan,” *Liahona*, Mayo 2009, 20.
3. David A. Bednar, “Nagbalik-loob sa Panginoon,” *Liahona*, Nob. 2012, 109.



Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Mula sa mga Banal na Kasulatan

“Ang espirituwal na kalakasan ba na bunga ng pagkamasunurin sa tuwina sa mga kautusan ay maaaring ibigay sa ibang tao?” tanong ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ang malinaw na sagot . . . ay hindi.”³

Ang talinghaga ng sampung dalaga ay isang halimbawa ng alituntuning ito. Kahit dinala ng lahat ng dalaga ang kanilang mga ilawan upang “salubungin ang kasintahang lalake,” lima lamang ang matatalino at nangagdala ng langis sa kanilang mga ilawan. Ang natirang lima ay mga mangmang dahil “hindi sila nangagdala ng langis.”

Pagkatapos ay may sumigaw pagsapit ng hatinggabi: “Narito, ang kasintahang lalake! Magsilabas kayo upang salubungin siya.” Inayos ng lahat ng dalaga ang kanilang mga ilawan, ngunit ang mga mangmang na dalaga ay walang langis. Sinabi nila sa matatalinong dalaga, “Bigyan ninyo kami ng inyong langis; sapagka’t nangamamatay ang aming mga ilawan.”

Nagsisagot ang matatalinong dalaga, “Baka sakaling hindi magkasiya sa amin at sa inyo: magsiparoon muna kayo . . . at magsibili kayo ng ganang inyo.” At habang wala ang mga mangmang na dalaga, dumating ang kasintahang lalake at ang matatalinong dalaga ay nagsipasok na kasama niya at “inilapat ang pintuan” (Mateo 25:1–13).

Isipin Ito

Ano ang ilang halimbawa ng pagsunod na makikita sa mga banal na kasulatan?

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE 2014

“Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2014, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa susunod na mga isyu) para matulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

TAMPOK NA DOKTRINA



Pinamumunuan Tayo ng mga Buhay na Propeta

“Noong isang taon, nang umabot na sa limang taon ng panunungkulan si Pangulong Monson bilang Pangulo ng Simbahan, naisip niya ang 50 taon ng kanyang paglilingkod bilang apostol at ito ang kanyang sinabi: . . . ‘Tinitiyak ko sa inyo na nasa mabubuting kamay ang Simbahan. Tinitiyak [sa atin] ng sistemang itinakda para sa Kapulungan ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa na lagi itong nasa mabubuting kamay at, anuman ang mangyari, hindi kailangang mangamba o matakot. Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na ating sinusunod,

sinasamba, at pinaglilingkuran, ang laging namumuno sa Simbahan.’”¹

“Pangulong Monson, pinasasalamtan namin kayo sa mga katotohanang iyon! At salamat sa inyong habambuhay na mabuting halimbawa at tapat na paglilingkod. . . . Sinasang-ayunan namin kayo, hindi lamang sa pagtaas ng aming mga kamay kundi nang buong puso at pagkakaisa.”

Elder Russell M. Nelson, “Pagsang-ayon sa mga Propeta,” *Liahona*, Nob. 2014, 76.

TALA

1. “Message from President Thomas S. Monson,” *Church News*, Feb. 3, 2013, 9.

PANGAKO NG PROPETA



Landas ni Cristo

“Habang sinisikap nating gawing sentro si Cristo sa ating buhay sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang mga salita, pagsunod sa Kanyang mga turo, at pagtahak sa Kanyang landas, nangangako Siyang bibigyan Niya tayo ng buhay na walang hanggan na sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay ating nakamit. Wala nang mas matayog pang adhikain kaysa rito, na piliin nating tanggapin ang Kanyang pamamaraan at maging Kanyang mga disipulo at gawin ang Kanyang gawain habambuhay. Wala nang iba, wala nang iba pang desisyong magagawa tayo, na makapagbibigay sa atin ng maibibigay Niya.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Papanatagin Mo ang Landas ng Iyong mga Paa,” *Liahona*, Nob. 2014, 88.



LAHAT AY PINAGPAPALA NG PAG-AAYUNO

“Pinatotohanan ko ang mga himala, kapwa espirituwal at temporal, na dumarating sa mga taong sumusunod sa batas ng ayuno. . . . Itangi ang sagradong pribilehiyong iyan kahit minsan lang sa isang buwan, at

maging bukas-palad sa pagbibigay ng handog-ayuno at iba pang kontribusyon na pangkawanggawa, pang-edukasyon, at para sa mga missionary kung kaya ninyo. Ipinangako ko na magiging bukas-palad sa inyo ang Diyos, at yaong mga napapaghinawa ninyo ay tatawagin kayong pinagpala magpakailanman.”

Elder Jeffrey R. Holland, “Hindi Ba’t Tayong Lahat ay mga Pulubi?” *Liahona*, Nob. 2014, 42.



MGA SAGOT PARA SA INYO

Bawat kumperensya, ang mga propeta at apostol ay nagbibigay ng inspiradong mga sagot sa mga tanong ng mga miyembro ng Simbahan. Gamitin ang inyong isyu ng Nobyembre 2014 o bisitahin ang conference.lds.org para makita ang sagot sa mga tanong na ito:

- Paano naging isa ang Ama sa Langit at si Jesucristo? Tingnan sa Robert D. Hales, “Buhay na Walang Hanggan—ang Makilala ang Ating Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo,” 80.
- Ano ang patotoo at paano ako magkakaroon nito? Tingnan sa Craig C. Christensen, “Alam Ko ang mga Bagay na Ito sa Aking Sarili,” 50.
- Ano ang gagawin ko habang naghahanap ako ng sagot sa aking mga tanong? Tingnan sa M. Russell Ballard, “Manatili sa Bangka at Kumapit nang Mahigpit!” 89.



PAGHAHANAP NG PAGKAKATULAD

MGA TEMPLO

Kung minsan ay hindi lang isang tagapagsalita ang nagbibigay ng mensahe tungkol sa iisang paksa ng ebanghelyo. Narito ang sinabi ng tatlong tagapagsalita tungkol sa mga templo:

- “Maaari tayong tumanggap ng inspirasyon at paghahayag sa templo—at ng kapangyarihang kayanin ang mga paghihirap sa buhay.”—Sister Linda K. Burton, “Inihanda sa Isang Kakaibang Paraan,” 111.
- “Sa nagpapabanal na diwa ng templo, malalaman natin ang katotohanan, kapangyarihan, at pag-asang dulot ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa ating personal na buhay.”—Sister Neill F. Marriott, “Pagbabahagi ng Inyong Liwanag,” 117.
- “Kung gusto nating matanggap ang lahat ng pagpapalang bukas-palad na ipagkakaloob sa atin ng Diyos, ang tinatahak nating landas sa lupa ay dapat patungo sa templo. Ang mga templo ay tanda ng pagmamahal ng Diyos.”—Sister Jean A. Stevens, “Mga Anak na Babae ng Diyos na Nakipagtipan,” 114.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang conference.lds.org.

ISANG ORAS NG PAKIKIPAGPUYAT SA KANYA

Ni Maritza Gonzales Espejo

Isang araw naghahanda akong magbigay ng mensahe sa sacrament meeting. Pinag-aaralan ko ang artikulong “Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo” ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol sa *Liahona* ng Marso 2008. Sa kanyang artikulo, ikinuwento ni Elder Holland ang isang panaginip ni Elder Orson F. Whitney (1855–1931) kung saan nakita nito ang Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani. Inilarawan ni Elder Whitney ang hirap at pagdurusang pasan ng Tagapagligtas. Pagkatapos ay isinulat niya:

“Pagkatapos ay tumayo Siya at nagpunta sa lugar kung saan nakaluhod ang mga Apostol—na nangatutug! Marahan Niya silang niyugyog, ginising sila, at sa malumanay na pagsasalita, na wala ni kaunting bakas ng galit, ay tinanong sila kung hindi ba sila makikipagpuyat sa Kanya kahit isang oras lang. . . .

“Pagbalik Niya sa Kanyang lugar, nanalangin Siyang muli at nagbalik at nadatnan silang natutug muli. Muli ginising Niya sila, pinayuhan, at nagbalik at nanalangin gaya noong una. Tatlong beses nangyari ito.”¹

Habang binabasa ko ito, pumasok sa isip ko ang diwa ng paghahayag. Sa sandaling iyon, natanto ko na ang paraan para ako ay “[makikipagpuyat] sa Kanya kahit isang oras lang” ay sa pagpapakita ng pagpipitagan sa sacrament meeting bawat Linggo.

Simula noon, nalaman ko na ito ang oras na makapagdarasal tayo sa ating Ama sa Langit sa mas makabuluhang paraan. Mahalaga ang panalangin sa lahat ng oras, ngunit ang Espiritung naroon sa oras ng sakramento ay isang pagkakataon para mas mapalapit tayo sa Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Kapag itinuon natin ang ating isipan sa Panginoon, kahit paano ay sinasamahan natin Siya sa sandali ng matinding paghihirap na tiniis Niya nang akuin Niya ang ating

mga kasalanan. Ito ang panahon upang pahalagahan ang hirap na dinanas Niya para sa atin.

Napakahalaga ng sacrament meeting sa akin. Para sa akin ito ang oras ng walang-hanggang kaligtasan. Naging sagradong oras na ito kung kailan inaalala at ipinapangako ko sa panalangin at sa puso ko na igagalang ko ang aking mga tipan at tutularan ang sakdal na halimbawa ng aking Tagapagligtas. Alam kong Siya ay buhay at mahal Niya ako. Alam ko na maliligtas tayong



ISANG SANDALI NG PAGNINILAY AT PAGPIPITAGAN

“[Ang sakramento] ay dapat maging isang sandali ng lakas, pagpipitagan, at pagninilay. Dapat itong maghikayat ng espirituwal na mga damdamin at pakiramdam. Dahil dito hindi ito dapat madaliin. Hindi ito isang bagay na ‘mamadaliing tapusin’ para maisakatuparan ang tunay na layunin ng sacrament meeting. Ito *ang* tunay na layunin ng pagpupulong. At lahat ng sinabi o kinanta o ipinagdasal sa mga serbisyong iyon ay dapat umayon sa karingalan ng sagradong ordenansang ito.”

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “This Do in Remembrance of Me,” *Ensign*, Nob. 1995, 68.



lahat sa pamamagitan lamang ng Kanyang sakripisyo at dugong itinigis para sa atin. Alam kong totoo ito dahil nang sikapin kong “makipagpuyat sa Kanya,” luminaw ang aking pang-unawa, napagpala ang aking buhay, at lumalim ang aking pananaw tungkol sa buhay na walang hanggan sa piling Niya. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Ica, Peru.

TALA

1. Orson F. Whitney, binanggit sa Jeffrey R. Holland, “Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo,” *Liahona*, Mar. 2008, 33.

PAANO MABABAGO NG PAKIKIBAHAGI NG SAKRAMENTO ANG AKING BUHAY?

Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2012, itinuro ni Elder Don R. Clarke ng Pitumpu, “Kung maghahanda tayo nang wasto para sa sakramento, mababago natin ang ating buhay.” Pagkatapos ay nagmungkahi siya ng “limang alituntunin na magpapala sa ating buhay kapag karapat-dapat tayo sa pakikibahagi sa sakramento”:

1. Makadama ng pasasalamat sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.
2. Alalahanin na pinaninibago natin ang ating mga tipan sa binyag.
3. Hangaring madama na pinatawad ang ating mga kasalanan.
4. Maghangad ng inspirasyon para sa kalutasan ng ating mga problema.
5. Ang pakikibahagi sa sakramento nang karapat-dapat ay tutulong upang mapuspos tayo ng Espiritu Santo.

Nangako si Elder Clarke: “Palaging magiging napakaganda ng sacrament meeting kung ang sakramento ang sentro ng ating pagsamba.”¹

TALA

1. Tingnan sa Don R. Clarke, “Mga Pagpapala ng Sakramento,” *Liahona*, Nob. 2012, 104–06.

ANG DAAN TUNGO SA PAGIGING WALANG-HANGGANG PAMILYA

Nina Garth at Sandy Hamblin

Nang mabinyagan na sila, naging determinado ang mga

'Akau'ola na makapunta sa templo.

Isang Linggo ng umaga, matapos ang halos magdamagang inuman ng alak at kava nilang magkakaibigan, pauwi na si Siope 'Akau'ola ng Tonga nang makita niya ang isang pamilya na nakasuot ng kanilang damit-pangsimba. Nagtatawanan at nag-uusap sila habang sama-samang naglalakad. Nagtaka si Siope kung bakit napakasaya nila, kaya sinundan niya sila para makita kung saan sila papunta.

Nakita ni Siope na pumasok ang pamilya sa isang gusali ng Simbahan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sumilip siya sa bintana habang nagdaratingan pa ang iba. Bakas ang kaligayahan sa kanilang mukha habang magkakatabing nakaupo ang mga pamilya at nagkakantahan ng mga awit ng pagsamba.

Naisip ni Siope ang kanyang asawang si Liu. Ang pag-iibigan nila noong ikasal sila ay naglalaho na. Gustong ibalik ni Siope ang pag-iibigang iyon. Nagmadali siyang umuwi at sinabi niya sa kanyang asawa na nakakita na siya ng paraan para mabuo ang kanilang pamilya: kailangan nilang sumapi sa Simbahan.

Noong araw ding iyon nagtungo si Siope sa bahay ng bishop sa kanyang nayon. Nakilala ng bishop si Siope, na nakita niyang lasing sa kalsada. Habang nag-uusap sila, nakita ni Siope ang pagdududa sa mukha ng bishop, ngunit buo na ang kanyang

pasiya; buong tapang niyang sinabi sa bishop na gusto niyang magpabinyag. Natigilan ang bishop, pinapasok niya si Siope, at sinimulan niyang ituro dito ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Atubili si Liu noong una ngunit namasdan niya ang unti-unting pagbabago ng kanyang asawa. Sinimulang pag-ukulan ni Siope ng mas maraming panahon ang kanyang mga anak at nagpakita ng higit na pagmamahal sa kanyang asawa at pamilya sa kanyang mga kilos. Kaya nagpaturo na rin si Liu sa mga missionary, at di-naglaon ay kapwa sila nabinyagan.

Nang papalapit na ang unang anibersaryo ng kanilang binyag, pinagbulayan ng pamilya 'Akau'ola ang magagandang pagpapala ng templo. Sabi ni Siope, "Kung mas dakila ang mga pagpapala ng templo kaysa mga natanggap natin sa pagpapabinyag, napakaganda siguro ng mga pagpapala ng templo." Sa kabila ng hangarin nilang mabuklod, ang templo sa Tonga ay sumasailalim sa renobasyon, kaya kailangan nilang maghintay nang mahigit isang taon o magbiyahe papuntang New Zealand o Fiji para makapasok sa templo.

Pinag-isipang mabuti at ipinagdasal ng pamilya kung ano ang gagawin. Kalaunan ay nagpasiya silang mangu-tang. Habang hinihintay itong maa-prubahan, nasunog ang bangko na


nagpoproseso ng kanilang inuutang. Maaantala ang lahat ng pautang hanggang sa susunod na taon.

Nanlumo sina Siope at Liu. Magkatabi silang naupo sa maliit nilang sala at nanalangin na magkaroon ng milagro. Habang nagdarasal at nag-uusap, dumating ang sagot: "Nakinita ko ang van ng pamilya na tila nakangiti sa amin at nalaman namin na ito ang sagot sa aming mga dalangin," sabi ni Siope. Naibenta nila ang van kinabukasan at bumili sila ng tiket sa eroplano para sa kanilang lima.

Gabi na silang dumating sa Nadi, Fiji, kasama ang tatlong batang pagod at mahaba pa ang lalakbayin nila patungong templo sa Suva. Sabi ni Liu, "Nalaman ko na kapag mas nagsisikap tayong mapalapit sa bahay ng Panginoon, mas lalong nagsisikap si Satanas na pasukuin tayo bago pa natin matanggap ang pagpapala."

Habang nakaupo sa airport at pinagpapasiyahan kung ano ang





susunod nilang hakbang, tinulungan sila ng isang babae na makakuha ng matutuluyan at sasakyan patungong Suva kinabukasan sa mas mababang halaga kaysa sa karaniwan. Nadama nila na nagpadala ng isang anghel ang Diyos para tulungan sila.

Dumating sila sa templo kinabukasan. “Pagpasok namin sa templo nakadama ako ng kapayapaan at kapanatagan sa puso ko,” sabi ni Liu. “Sa loob ng templo ko lang nakita ang gayong kalinisan at kaputian sa buong buhay ko. May pumasok sa isipan ko: Kung ang templo ay isang bahay na gawa ng tao at napakaganda nito, napakaganda siguro ng bahay na

ipinangako sa atin ng Ama sa Langit!”

Ang kanilang mga karanasan sa templo ay nagpabago sa buhay ng pamilya. Sabi ni Liu, “Habang nasa Fiji kami, nadama ko ang pagmamahal sa amin ng ating Ama sa Langit. Kapag pinili nating sundin Siya, pinangangalagaan Niya tayong mabuti.”

Patuloy na dumating ang magandang pagpapala sa pamilya ‘Akau’ola pagkauwi nila. Sina Siope at Liu ay kapwa tumanggap ng college scholarship, nagtapos ng teaching degree, at natanggap sa Liahona High School.

Habang nagtuturo, nalaman nila na may mga batang nangangailangan ng matitirhan. Kung minsan paisa-isa,

mas madalas ay dala-dalawa at tatlu-tatlo ang mga batang kumakatok sa pintuan nina Siope at Liu. At pinatuloy sila nina Siope at Liu. May 20 katao na ngayong nakatira sa bahay nila. May lima silang “ampon” na nakaalis na para mag-aral sa kolehiyo o magmisyon.

Alam nina Siope at Liu na ang mga batang ito ay uunlad at mamumukadkad kapag sila ay minahal at ginabayan sa kanilang buhay. Tinanggap ng mga hindi miyembro ng Simbahan ang ebanghelyo at ngayoy nag-iibayo ang hangarin nilang magmisyon. Tinatawag nina Siope at Liu ang lahat ng batang nasa pangangalaga nila na *kanilang* mga anak, at tinatawag ng lahat ng bata sina Liu at Siope na Inay at Itay. Alam ng mga ‘Akau’ola na lubos silang pinagpapala at masaya nilang maibabahagi ang mga pagpapalang ito sa iba. ■

Ang mga awtor ay mula sa Alaska, USA, at nagmimisyon sa Tonga.



MGA ALITAPTAP

Ni David Wright

*Nakatuon ba ang ating mga mata sa mga walang-hanggang gantimpala—
o sa iba pang bagay?*

Ilang taon na ang nakararaan nagtrabaho ako sa isang archeological site na tinatawag na Aguateca, na nasa isang maganda at liblib na bahagi ng Guatemala na mararating lamang sa pamamagitan ng pamamangka sa paliku-likong Petexbatún River.

Isang gabi pabalik na kami ng ilang arkeologo sa Aguateca matapos gugulin ang maghapon sa isang kalapit na lugar. Habang namamangka kami sa ilog, na tanging ang mahinang ingay ng motor at huni ng mga insekto ang maririnig, humilig ako sa gilid ng bangka, na nasisiyahan sa payapang paglalakbay at sa gabing hindi pangkaraniwan ang aliwalas at walang nakasilay na buwan. Habang sinusundan ng bangka ang paliku-likong kaha-baan ng ilog, sinikap kong manatili sa tamang direksyon sa pamamagitan ng pagtingin sa North Star. Kung minsay naglalaho ang North Star sa likod ng maiitim na anino ng mga punong nakahanay sa tabing-ilog, ngunit lagi naman itong lumilitaw kaagad.

Sa isang pagliko sa ilog, muling nagtago ang North Star sa likod ng mga puno. Nang pumihit patimog ang bangka, kaagad ko itong nakitang muli, at para akong isang mahusay na marino, na ipinagmamalaki ang kakayahan kong malaman kung nasaan ang kinalalagyan ko. Gayunman, pagkaraan ng isang minutong pagmamasid dito, natanto ko na nagkamali ako: hindi ko pala muling nakita ang North Star o anumang bituin. Alitaptap pala ang minamasdan ko.

Noon ko lang namalayan na mga alitaptap pala ang karamihan sa “mga

bituin” sa ulunan ko na tahimik na umaaligid sa maalinsangang hangin sa gabi. Kamangha-mangha na ang ningning ng napakaraming alitaptap sa aking ulunan ay halos kapareho ng ningning ng malalayong bituin at galaxy, at madali akong nalito sa dalawa dahil sa mga pagliko at pagpihit ng bangka sa ilog.

“Paano ko napagkamalang maningning na bituin ang isang maliit na alitaptap?” naisip ko. Ang sagot ay malinaw: batay lamang ito sa sariling pananaw. Naagaw ng medyo malam-lam at aandap-andap na ilaw ng mga alitaptap ang ningning ng mga bituin dahil ilang talampakan lamang ang layo ng mga alitaptap sa ulunan ko samantalang ang mga bituin ay napakalayo. Sa tingin ko, halos pareho ang ningning ng dalawa.

Tulad ng mga alitaptap, mukhang malaki ang mga tukso at pagsubok dahil nasa harapan natin ang mga ito. Samantala, ang ipinangakong mga pagpapala, tulad ng mga

bituin, ay maaaring magmukhang napakalayo.

Maaaring maraming ibunga ang kawalan natin ng espirituwalidad. Kapag tila mas malayo ang gantimpala, mas natutukso tayong isipin na maaari nating ipagpaliban ang ating pagsisipi at makakabalik pa rin tayo sa Ama sa Langit upang kamtin ang ating walang-hanggang pamana (tingnan sa Alma 34:33–34). Maaari tayong magduda sa walang-hanggang gantimpala o magpasiya na mas masayang bigyang-kasiyahan ang likas na tao ngayon kaysa maghintay sa mga pagpapalang maaaring kalaunan pa darating. Maaari tayong matakot sa walang-humpay at habambuhay na pakikibaka laban sa kasalanan o kawalan ng pananalig na tutulungan tayo ng ating Tagapagligtas na matiis ang mga pananakit ni Satanas.

Nawawala ang pananaw nating lahat sa kawalang-hanggan paminsan-minsan; ang hamon ay ibalik ito kaagad hangga’t maaari. Bagaman ang mundo ay maaaring mag-alok ng kaakit-akit at huwad na mga gantimpala, maaari tayong umasa kay Jesucristo sa paglalayag natin sa mga pagliko at pagpihit ng buhay at magtiwala na talagang Siya “ang tagapagbigay ganti sa mga sa kaniya’y nagsisihanap” (Sa mga Hebreo 11:6).

Ilang taon na mula nang mamangka ako sa ilog, ngunit kahit ngayon ay napapatigil pa rin ako kapag nahaharap ako sa tukso at ipinaaalala ko sa aking sarili na, “Alitaptap lang iyan.” ■

Ang awtor ay naninirahan sa Florida, USA.



ISANG PATATAS PARA KAY TITSER

Ni Bonny Dahlsrud

Natutuhan ko na hindi ako kailangang magbigay palagi ng bonggang serbisyo.

Mainam din namang magpakita ng kaunting pagmamahal.

Bilang guro sa elementarya nang mahigit 25 taon, nakatanggap na ako ng maraming nakatutuwang bagay mula sa aking mga estudyante. Nakatutuwang mga sulat, drowing, at magagandang bagay na gawang-kamay ang karaniwan nilang mga regalo. Gayunpaman, noong isang taon ang kauna-unahang pagkakataon na nakatanggap ako ng isang patatas.

“Isang patatas para kay titser,” nagmamalaking sabi ng batang si Emma nang lumapit siya sa mesa ko, “kasi po wala akong mansanas.” Katamtaman ang laki ng patatas, makinis, at maganda ang patatas na iyon. Pina-salamatan ko siya at inilagay ko ito sa mesa ko. Nakita ko na nagniningning sa tuwa ang malaki at asul na mga mata ni Emma tuwing titingnan niya ito sa buong maghapon.

Pagkatapos ng klase, nang may ginagawa na ako sa mesa ko, hindi ko maiwasang tingnan nang may ngiti ang patatas. Napakasimple ng tingin ng mga bata sa mga bagay-bagay, at sa karaniwang patatas na iyon, may mahalagang bagay akong natutuhan kay Emma. Iniwang ko iyon sa mesa ko nang mahigit isang linggo dahil nagsilbi itong paalala sa akin.

Bilang visiting teacher at miyembro sa aming ward, gusto kong

maglingkod sa iba, pero lagi akong naghihintay ng isang “mansanas” bago ako tumulong. Kung abala ako at hindi makapagluto ng ekstrang pagkain o kung gusto kong magbigay ng espesyal na bulaklak pero hindi ako makapunta sa tindahan ng mga bulaklak, hindi ko na lang pinapansin ang marahan at banayad na tinig ng Espiritu na bumubulong sa akin na may taong nangangailangan ng aking paglilingkod.

“Gagawa ako sa pagtatapos ng linggong ito, kapag may oras ako,” pagkumbinsi ko sa sarili ko. “Walang nangangailangan sa akin ngayon.”

Pero paano kung may tao ngang nangangailangan ng tulong ko? Paano kung hindi ko binale-wala ang mga pahiwig na dalawin ang isang matandang kapitbahay o batang biyuda

na namatayan ng asawa kailan lang? Makakatulong o makapaglilingkod kaya ako, kahit iyon lang ang maibigay ko noon—isang “patatas?”

Natutuhan ko ang isang magandang aral mula kay Emma na sinikap kong ipamuhay. Kung wala akong mansanas, nagbibigay na lang ako ng isang patatas, at ginagawa ko ito ngayon. Hindi na ako naghihintay na makapagluto pa ng masarap na pagkain o espesyal na lemon cream pie; bumibili na lang ako ng isang kahon ng cookies. Hindi ako nakakapunta nang madalas sa tindahan ng mga bulaklak, pero maaari akong bumisita sandali nang walang dalang bulaklak. Maganda ang kard na gawang-bahay, pero gayon din naman ang maikling tawag sa telepono. Hindi kailangang magbigay palagi ng bonggang serbisyo. Mainam din namang magpakita ng kaunting pagmamahal.

Iniuwi ko na ang patatas, pero palagay ko hindi ko iyon kakainin kahit kailan. Nagsisilbi itong paalala sa tuwina na maglingkod kapag ako ay nabigyan ng inspirasyon. Ibinibigay ko ang magagawa ko ngayon sa halip na maghintay pa kalaunan. Isang patatas para kay titser ang talagang pinaka-nakasisiyang regalo. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.



MGA BALITA SA SIMBAHAN

Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.

Ang mga Kailangang Gawin sa Seminary ay Naghihikayat sa mga Estudyante sa Seminary na Pagbutihin pa ang Pag-aaral

Ang mga bagong hinihingi para makapagtapos sa seminary na tutulong sa mga estudyante na “pagbutihin pa ang pag-aaral” ay ipinatutupad ngayon sa buong Simbahan. Kabilang sa mga hinihingi, na ipatutupad sa simula ng taong ito ng pag-aaral ng Doktrina at mga Tipan at kasaysayan ng Simbahan, ang dalawang mahalagang bagay:

1. Ipapabasa na sa mga estudyante sa seminary ang aklat ng banal na kasulatan na pag-aaralan nila sa buong taon, bukod pa sa pagtanggap ng credit batay sa attendance o pagdalo sa

Mga estudyante sa seminary sa Guyana, South America, na magkakasamang nag-aaral ng mga banal na kasulatan.



klase at sa ecclesiastic endorsement mula sa kanilang bishop o branch president. Ang pagbabasa ng banal na kasulatan ay binigyang-diin na noon, pero ngayon ay kailangan na ito para sa pagtatapos sa seminary.

2. Ang mga estudyante ay kailangang makapasa sa dalawang course-learning assessment sa buong taon, na may gradong hindi bababa sa 75 porsiyento. Ang isang assessment ay gagawin sa kalagitnaan ng taon at ang pangalawa ay sa katapusan ng taon ng pag-aaral. Ang mga assessment ay magtutuon sa pagkaunawa sa doktrina at pag-sasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa araw-araw.

Ang mga bagong hinihingi sa seminary—kasama na ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyoner* at ang kurikulum ng mga kabataan sa araw ng Linggo, *Come, Follow Me*—ay magbibigay ng pagkakataon sa mga kabataan na magkaroon ng sarili nilang patotoo, palalimin ang kanilang pagkaunawa sa ebanghelyo, at dagdagan ang kanilang kakayahang ibahagi ang kanilang kaalaman habang naghahanda sila para sa paglilingkod at pagiging disipulo.

Sa katapusan ng bawat taon, ang mga estudyante ay tatanggap ng isang sertipiko na nagsasaad na nakumpleto nila ang mga hinihingi (pati na ang pagbabasa at mga assessment) o ng isang sertipiko ng pagkilala na nagsasaad na natugunan nila ang attendance requirement. ■

Hamon sa Indexing Nagtala ng Rekord

Ang mga kalahok sa International Indexing Challenge ay nagtala ng bagong rekord para sa pinakamaraming kalahok sa online indexing sa isang araw. Ang kabuuang bilang ng mga boluntaryo na 66,511 ay gumamit ng Internet noong Hulyo 22, 2014, para tingnan ang mga makasaysayang talaan at i-transcribe ang impormasyon para maisama sa searchable database sa FamilySearch.org. Ang dating isang araw na rekord na 49,025 boluntaryo ay naitala noong Hulyo 2012 sa kasagsagan ng gawain sa 1940 U.S. Census indexing.

Ang hamon ay nagdulot din ng pangalawang pinakamataas na pinagsamang (indexed o arbitrated) kabuuan ng isinumiteng mga talaan, na umabot ng mahigit 5.7 milyon. (Bawat talaan ay na-index ng dalawang boluntaryo at pagkatapos ay nirepaso ng pangatlong boluntaryo, na kilala bilang arbitrator, upang matiyak ang kalidad at katumpakan nito.)

“Ang ating mga miyembro, bata at matanda, ay nakibahagi nang may masayang puso,” sabi ni Bishop Couet sa Toulouse, France. “Napakagandang karanasan.”

Sinabi ni Christopher Jones ng Wales, “Inayos namin ang aming family home evening para kaming lahat ay makapag-index—dalawang magulang at pitong anak edad 5 hanggang 18. Dahil diyan, kaming pamilya ay nakapag-index ng mahigit 900 na mga talaan!”

Sinabi ni Natalie Terry ng Bangkok, Thailand, na gustung-gusto niyang sumasali sa pandaigdigang araw ng indexing kasama ang kanyang 13-taong-gulang na anak na babae. At sinabi ni Chris Shead ng Chorley, England, na nakakita siya ng mga 30 bagong pangalan ng pamilya, kabilang ang “isang batang babae na namatay kaagad matapos mabinyagan at hindi nakasama sa mga talaan ng census.” ■



Sinabi ni Elder David A. Bednar na ang social media ay nagbibigay ng pambihirang pagkakataong maibahagi ang ebanghelyo.

Apostol Nagpayo Tungkol sa Social Media

“Simula sa lugar na ito sa araw na ito, hinihikayat ko kayong palaganapin sa mundo ang mga mensaheng puno ng kabutihan at katotohanan, mga mensaheng totoo, nagpapasigla, at maipagkakapuri, at literal na palaganapin ito sa mundo na tulad sa isang baha,” sabi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol sa isang mensahe sa Education Week sa Brigham Young University noong Agosto 19, 2014.

“Dalangin ko na hindi lamang tayo makikibahagi sa biglaang pagbaha na mabilis na tumataas at mabilis din namang bumababa,” sabi niya sa isang mensahe na nakatuon sa kapangyarihan ng social media na magparating ng katotohanan. Tinawag ni Elder Bednar ang ating panahon na isang “kakaibang panahon sa kasaysayan ng mundo,” kung saan tayo ay nabibiyayaan ng “mahimalang pag-unlad ng mga inobasyon at imbensyon na nagbigay-daan at nagpabilis sa gawain ng kaligtasan.

“Tinatangay 40 porsiyento ng ating mga missionary sa iba’t ibang dako ng mundo ang gagamit ka-launan ng mga digital device bilang kasangkapan sa gawain ng pagbabalik-loob, pagpapanatiling

aktibo, at pagpapaaktibo,” sabi niya. “Tiwala ako na kinikilala rin nating lahat kung paano napabilis ng teknolohiya ang gawain sa templo at family history, ang ating pansarili at pampamilyang pag-aaral ng ipinangumalik na ebanghelyo, at ginawang posible para matutuhan, makita, o makilala natin ang mundo sa pambihirang mga paraan.”

Binanggit niya ang mga gawain sa social media kamakailan kabilang na ang isang video tungkol sa Paskua na gawa ng Simbahan, ang *Because of Him*, na napanood ng mahigit limang milyong beses sa 191 bansa at teritoryo at ang #didiyouthinktopray hashtag, na humantong sa mahigit 40,000 pag-uusap tungkol sa pangangailangan sa panalangin.

Ang mga ito at iba pang mga gawain ay “maliliit na patak lamang,” sabi niya, na nananawagan sa mga Banal sa mga Huling Araw na “tumulong na gawing baha ang patak na ito.” Sinabi rin niya na kapag gumagamit ng social media:

- “Hindi tayo dapat magmalabis, magpaganda, o magkunwaring ibang tao, o isang bagay na hindi naman tayo. Ang ating mensahe ay dapat mapagkakatiwalaan at makabuluhan.”

- “Ang ating mga mensahe ay dapat magpasigla at magpalakas, sa halip na makipagtalos, makipagdebate, humusga, o manghamak.”
- “Maging matapang, ngunit hindi mayabang, sa pagtataguyod at pagtatanggol sa ating mga paniniwala, at iwasang makipagtalos. Bilang mga disipulo, ang dapat na layunin natin ay gamitin ang mga social media channel bilang kasangkapan sa pagpapakita ng liwanag at katotohanan ng ipinangumalik na ebanghelyo ni Jesucristo.”
- “Napakaraming oras ang maaaring masayang, napakaraming ugnayan ang maaaring masisira o mawasak, at ang mahahalagang huwaran ng kabutihan ay maaaring masira kapag hindi tama ang paggamit ng teknolohiya. Hindi natin dapat hayaan maging ang mabubuting application ng social media na mangibabaw sa mas mabuti at pinakamainam na paggamit ng ating oras, lakas, at kabuhayan.”
- “Hindi natin kailangang maging mga dalubhasa o panatiko sa social media. At hindi natin kailangang mag-ukol ng napakaraming oras sa paggawa at pagpapalaganap ng detalyadong mga mensahe.” ■

Nawa ay piliin ninyong maging liwanag sa mundo para makatulong sa pagliligtas ng mga anak ng Diyos, makamtan ang kagalakan, at sa huli'y matamo ang pagpapala ng buhay na walang hanggan.





**Ni Elder
Russell M. Nelson**

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

ANO ANG PIPILIIN NINYO?

Kayo ang inatasan ng inyong Ama sa Langit na itayo ang kaharian ng Diyos sa lupa sa mismong panahong ito at ihanda ang mga tao na tanggapin ang Tagapagligtas.

Bilang “mga kabataang pangako,”¹ kayo ay literal na mga anak ng Diyos, na isinilang sa panahong ito ng kasaysayan ng mundo para sa isang napakasagradong layunin. Bagama’t tila nanghihina ang pagpapahalaga ng lipunan sa moralidad at relihiyon sa lahat ng panig ng mundo, ang mga kabataan ng Simbahang ito ay dapat maging mga kinatawan ng Panginoon at mga parola ng liwanag na inilalapit ang iba sa Kanya. Ang inyong pagkakakilanlan at layunin ay walang katulad.

Ano ang inyong pagkakakilanlan? Kayo ay mga anak ng tipan na ginawa ng Diyos kay Amang Abraham nang si Abraham ay pangakuan na “sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng mga angkan sa lupa” (Mga Gawa 3:25; tingnan din sa 1 Nephi 15:18; 3 Nephi 20:25). Kayo rin ay mga anak na “pag-asa ng Israel,”² sa panahong ito ng kasaysayan ng mundo kung kailan malaganap na naipapahayag ang ebanghelyo sa buong daigdig.

Ano ang inyong layunin? Kayong kalalakihan ay inorden na magtaglay ng priesthood bago pa kayo isinilang (tingnan sa Alma 13:2–3). At kayong kababaihan ay pinili bago pa nilikha ang mundo na magsilang at mag-aruga ng mga anak ng Diyos; sa paggawa nito, niluluwalhati ninyo ang Diyos (tingnan sa D at T 132:63). Naisip ba ninyong kababaihan kung ano ang tunay na kahulugan ng maging kasamang tagapaglikha ng Diyos?

Bawat isa sa inyong mga kabataang lalaki at babae ay inatasan ng inyong Ama sa Langit na itayo ang kaharian ng Diyos sa lupa sa mismong panahong ito at ihanda ang mga tao na tanggapin ang Tagapagligtas kapag Siya ay namuno at naghari bilang Mesiyas sa Milenyo. Ang inyong banal na pagkapanganay, pagkakakilanlan, layunin, at banal na atas ang nagbubukod sa inyo sa iba.

Ngunit ang inyong karapatan sa pagkapanganay ni ang mga ordinasyon at atas sa inyo bago kayo isinilang ay hindi magliligtas at magpapadakila sa inyo. Magagawa ninyo iyan sa pamamagitan ng inyong sariling mga desisyon at kapag pinili ninyong gamitin ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Panginoon sa inyong buhay. Ang dakila at walang-hanggang alituntunin ng kalayaan ay mahalaga sa

plano ng ating Ama. Kaya, kayong mga kabataang pangako, ano ang pipiliin ninyo?

Pipiliin ba ninyong maragdagan ang inyong kaalaman?

Kayo ang mag-aaral. Walang ibang mag-aaral para sa inyo. Saanman kayo naroon, magkaroon ng matinding hangaring matuto. Para sa atin na mga Banal sa mga Huling Araw, ang pag-aaral ay hindi lang isang pribilehiyo; ito'y isang banal na responsibilidad. "Ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan" (D at T 93:36). Tunay ngang ang pag-aaral natin ay para sa mga kawalang-hanggan.

"Anumang alituntunin ng katalinuhan ang ating matamo sa buhay na ito, ito ay kasama nating babangon sa pagkabuhay na mag-uli.

"At kung ang isang tao ay nagkamit ng maraming kaalaman at katalinuhan sa buhay na ito sa pamamagitan ng kanyang pagsisikap at pagiging masunurin kaysa sa iba, siya ay magkakaroon ng labis na kalamangan sa daigdig na darating" (D at T 130:18–19).

Ang gayong pangmatagalang pananaw ay tutulungan kayong gumawa ng mabubuting pagpili tungkol sa pag-aaral.

Huwag matakot na kamtin ang inyong mga mithiin—maging ang inyong mga pangarap! Ngunit dapat ninyong malaman na walang shortcut sa pagtatamo ng kahusayan at kagalingan. Edukasyon ang nagiging kaibhan sa pagitan ng *pangangarap* na makatulong kayo sa ibang tao at *pagkakaroon ng kakayahang* tulungan sila.

Anong klaseng pamumuhay ang pipiliin ninyo?

Kayo ay inaasahang mamuhay nang naiiba kaysa ibang tao. Nalalaman ninyo ang sinabi ni Pablo sa bata pang si Timoteo, "Maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan" (I Kay Timoteo 4:12).³ Piliing mag-isip at kumilos nang naiiba sa mga makamundo. Piliing magmukhang kaiba at tingnan ang kabutihang maidudulot ng inyong impluwensya. Tulad ng sinabing minsan ni Sister Ardeth G. Kapp, dating Young Women general president, "Hindi kayo makapagligligtas ng buhay, kung kamukha kayo ng lahat ng lumalangoy sa tabing-dagat."⁴

Bilang mga kabataang pangako, maganda ang simula ninyo sa buhay, ngunit mayroon din kayong karagdagang responsibilidad. "Sapagkat sa kanya na siyang binigyan ng marami ay marami ang hihingin" (D at T 82:3; tingnan din sa Lucas 12:48). Bahagi ng hinihinging iyan ang maging miyembro kayo ng Simbahan. Nang mabinyagan kayo, tala-gang muli kayong napaanib sa hukbo ng Panginoon.⁵ Bago kayo isinilang, pumanig kayo kay Jesucristo sa Digmaan sa Langit. At ngayo'y patuloy ang labanan ng mga puwersa ng kabutihan at kasamaan dito sa lupa. Ito ay totoo! (Tingnan

sa Apocalipsis 12:7–9; D at T 29:40–41). Nasa panig ng Diyos si Jesucristo, inorden bago pa isinilang upang maging Tagapagligtas ng sanlibutan (tingnan sa 1 Nephi 10:4). Sa kabilang panig ay si Satanas—mapanghimagsik, mangwawasak ng kalayaan (tingnan sa Moises 4:3).⁶

Sa plano ng Diyos tinutulutan ang kaaway na tuksuhin kayo upang magamit ninyo ang inyong kalayaan na piliin ang mabuti kaysa masama, piliing magsisi, piliing lumapit kay Jesucristo at maniwala sa Kanyang mga turo at tularan ang Kanyang halimbawa. Kaylaking responsibilidad at pagtitiwala!

Ang kalayaan ninyong kumilos para sa inyong sarili ay napakahalaga sa inyong walang-hanggan pag-unlad at kaligayahan kaya lalo itong pinagsisikapang pahinain ng kaaway (tingnan sa 2 Nephi 2:27; 10:23).

Magtatakda ba kayo ng mga priyoridad na tutulong sa inyong mga pagpili?

Ang inyong mga pagpili ay hindi pawang sa mabuti at masama lamang. Marami ang mga pagpili sa pagitan ng dalawang bagay na parehong mabuti. Hindi lahat ng katotohanan ay magkakapareho ng kahalagahan, kaya kailangan ninyong magtatakda ng mga priyoridad. Sa pagtatamo ninyo ng kaalaman, dapat ninyong malaman na ang pinakamahalagang katotohanang matututuhan ninyo ay nagmumula sa Panginoon. Sa Kanyang Panalangin ng Pamamagitan sa Kanyang Ama, pinagtibay ito ng Tagapagligtas mismo. Sinabi Niya, "At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo" (Juan 17:3). Higit pa sa lahat ng bagay na nais ninyong malaman, hangaring makilala ang Diyos, ang inyong Ama sa Langit, at ang Kanyang Anak na si Jesucristo Kilalanin Sila at mahalín Sila, tulad ng ginagawa ko.

Ang isa pang banal na kasulatan tungkol sa priyoridad na nakatulong sa buong buhay ko ay ito, "Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaharian [ng Dios], at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo" (Mateo 6:33).

Higit sa anupamang bagay sa mundong ito, nais ninyong gumawa ng mga pagpapasiyang hahantong sa pinakamahalaga at maluwalhating tadhana na buhay na walang hanggan. Iyan ang dakilang kaluwalhatian ng Diyos para sa inyo (tingnan sa D at T 14:7; Moises 1:39). Piliin ang buhay na walang hanggan bilang inyong pinakamataas na priyoridad! Pag-aralan ang mga banal na kasulatan, tulad ng mga bahagi 76 at 88 ng Doktrina at mga Tipan, para mas mau-nawaan ninyo ang iba't ibang pagpapalang naghihintay sa mga pumipili at hindi pumipili ng buhay na walang hanggan, at pansinin kung paano tumugma ang iba pang mga pagpili sa dapat nitong kalagayan.



Hindi pa natatagpuan ng maraming tao ang banal na katotohanan at hindi alam kung saan ito hahanapin. Ngunit kayong mga kabataang pangako ang sasagip sa kanila.

Sino ang pipiliin ninyong makahalubilo?

Makikihalubilo kayo sa maraming mabubuting taong naniniwala rin sa Diyos. Sila man ay Jewish, Katoliko, Protestante, o Muslim, alam ng mga nananalig na talagang may lubos at tiyak na katotohanan. May konsiyensya ang mga nananalig sa Diyos. Ang mga nananalig ay kusang sumusunod sa batas ng tao at ng Diyos, maging sa mga batas na maaaring mahirap sundin.

Sa inyong katapatang sundin ang batas ng tao at ng Diyos, tumitigil kayo kapag pula ang traffic light, kahit walang dumaraang sasakyan. Bilang anak ng Diyos, alam ninyo na kahit hindi kayo mahuli ng pulis, na ang pagnakaw at pagpatay ay mali at na sa huli'y pananagutin kayo ng Diyos. Alam ninyo na ang kahihinatnan ng hindi pagsunod sa mga patakaran ay hindi lamang temporal kundi walang hanggan.

Sa paglalakbay ninyo sa buhay, makakakilala rin kayo ng mga taong hindi naniniwala sa Diyos. Marami sa kanila ang hindi pa natatagpuan ang banal na katotohanan at hindi alam kung saan ito hahanapin. Ngunit kayong mga kabataang pangako ang sasagip sa kanila. Marami sa

inyo ang tumutugon sa pagtawag ng propeta ng Diyos para sa mas maraming missionary. Labis kaming nagpapasalamat sa bawat isa!

Sa pakikihalubilo ninyo sa mga walang pananalig, dapat ninyong malaman na maaaring may ilan na hindi iniisip ang inyong kapakanan (tingnan sa D at T 1:16; 89:4). Kapag nahiwatigan ninyo iyan, agad at tuluyang tumakas mula sa kanila (tingnan sa I Kay Timoteo 6:5–6, 11).

Ang malungkot, may makikilala kayong mga tao na dahil sa desperado nilang paghahanap ng isang bagay na akala nila ay magpapaligaya sa kanila ay hinahatak pala sila pababa sa pagkakasala. Mag-ingat at baka kayo masadlak doon. Anumang kasiyahan sa pagkakasala ay panandalian lamang, at ang malagim na mga alaala ng pagkakasala ay nagpapabalisa at dumudurog sa budhi. Ang pagbaluktot sa ugnayan na itinakda ng Diyos para pagbuklurin ang mag-asawa ay isa lamang hungkag na imitasyon. Bawat gawaing labag sa batas ay nag-aalis ng makabuluhan at matatamis na alaala.

Pipiliin ba ninyo ang kalayaan o pagkaalipin?

Ang mga puwersa ng kasamaan ay nasa lahat ng dako. Literal kayong nabubuhay sa teritoryo ng kaaway.⁷ Laganap ang kamandag ng pornograpiya. Binibitag nito ang lahat ng bibigay sa kasamaan nito.

Nakinita ito ng Panginoon, na nagsabing, “At ngayon magpapakita ako sa inyo ng isang hiwaga, isang bagay na naroroon sa mga lihim na silid, na magpapangyari maging ng inyong pagkalipol sa paglipas ng panahon, at hindi ninyo ito nalalaman” (D at T 38:13; tingnan din sa talata 28).

Isipin ninyo kung ilang tao sa mga lihim na silid ang naghahangad na wasakin ang inyong buhay at kaligayahan! Hindi na bago ang tukso ng kahalayan. Nagbabala si Apostol Pedro tungkol dito nang isulat niya:

“Umaakit sila sa masasamang pita ng laman, . . . doon [sa malilinis]. . .

“Na pinangangakuan ng kalayaan, samantalang sila’y mga alipin ng kabulukan: sapagka’t ang nadaig ninoman ay naging alipin din naman niyaon” (2 Ni Pedro 2:18–19).

Iwasan ang pagkaaliping iyon, mahal kong mga kapatid. Kung nanonood kayo ngayon ng pornograpiya, itigil na ito ngayon din! Humingi ng tulong sa bishop ninyo. Walang sinuman ang may sapat na talino para madaig ang kaaway nang mag-isa kapag nalason na sila ng pornograpiya. Naninira ito na parang ketong, nakalululong na parang droga, at nakakatunaw na parang matapang na kemikal.

Pipiliin ba ninyong sundin ang Panginoon o ang mga pilosopiya ng tao?

Pag-aralang mabuti ang “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.”⁸ Ang pamilya ay sinasalakay na sa iba’t ibang dako ng mundo, gayunpaman ang mga katotohanan sa pagpapahayag tungkol sa pamilya ay magpapatatag sa inyo.

Dapat ninyong maunawaan ang malawak na kahihi-natnan ng pagtatalu-talo ng lipunan ngayon tungkol sa mismong kahulugan ng kasal. Ang tanong sa kasalukuyang debate ay kung puwedeng magpakasal ang dalawang taong pareho ang kasarian. Kung may tanong kayo tungkol sa posisyon ng Simbahan tungkol dito o sa anumang mahalagang usapin, mapanalangin itong pag-isipan at pagkatapos ay sundin ang mga mensahe ng buhay na mga propeta. Ang kanilang mga inspiradong salita, kasama ang inspirasyon mula sa Espiritu Santo, ay maghahatid ng mas lubos at tunay na pag-unawa sa inyong isipan.⁹

Ang debate tungkol sa kasal ay isa lamang sa maraming kontrobersiyang hahamon sa inyo sa hinaharap. Laban sa malalakas na tinig ng kaaway, kayong mga kabataang pangako, ay pipiliing manindigan para sa Panginoon at sa Kanyang katotohanan.

Ipinropesiya ni Apostol Pablo ang tungkol sa kalagayan ng ating panahon (tingnan sa II Kay Timoteo 3:1–5). Ang kanyang tumpak na paglalarawan tungkol sa espirituwal na pagkawasak ng ating panahon ay sinundan ng kanyang nakapapanatag na pahayag, na sinasabi sa atin kung paano manatiling ligtas: “Mula sa pagkasanggol ay iyong nalalaman ang mga banal na kasulatan na makapagpadunong sa iyo sa ikaliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus” (II Kay Timoteo 3:15).

Magdaragdag ako sa kanyang payo: Patuloy na pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Patuloy na gawin ang mga bagay na magpapatatag sa inyong pananampalataya kay Jesucristo. Pagkatapos ay pansinin ang matatalinong pagpili na likas na sa inyo na gawin.

Ang inyong pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo ay magbibigay sa inyo ng tapang na mag-asawa at magsilang ng mga anak sa inyong pamilya habang bata pa kayo at puwede pang magkaanak. Pagdating ninyo sa edad ko, itatangi ninyo nang lubos ang inyong mga anak, apo, at kaapu-apuhan, nang higit kaysa anumang katanyagan o kayamanang maaaring makamtan.

Paano ninyo paghahandaan ang pag-interbyu sa inyo nang harapan ng Tagapagligtas?

Kayong mga kabataang pangako ay hindi pa perpekto. Walang isa man sa atin ang perpekto. Kaya, kayo, pati na kami, ay lubos na nagpapasalamat para sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, na naglalaan ng ganap na kapatawaran kapag tunay kayong nagsisi. Alam din ninyo na ang buhay ninyo rito sa mundo ay maikli lamang. Pagdating ng panahon, bawat isa sa inyo ay papanaw sa buhay na ito at sasakabilang-buhay.

Naghihintay sa bawat isa sa atin ang Araw ng Paghuhukom. Alam ko na “ang Banal ng Israel ang tanod ng pasukan at wala siyang inuupahang tagapaglingkod doon” (2 Nephi 9:41). Oo, bawat isa sa atin ay personal na iinterbyuhin ni Jesucristo.

Bawat araw sa lupa ay binibigyan kayo ng panahon at pagkakataong maghanda para sa interbyung iyon. Dapat ninyong malaman ito: Kapag pinili ninyong mabuhay sa panig ng Panginoon, hinding-hindi kayo nag-iisa. Makakahingi kayo ng tulong sa Diyos habang tumatahak kayo sa mapanganib na landas ng buhay na ito. Kapag masigasig at taimtim kayong nanalangin sa Kanya araw-araw, isusugo Niya ang Kanyang mga anghel para tulungan kayo (tingnan sa D at T 84:88). Binigyan Niya kayo ng Espiritu Santo para patnubayan kayo kapag namuhay kayo nang marapat. Ibinigay Niya sa inyo ang mga banal na kasulatan para lubos kayong magpakabusog sa mga salita ni Jesucristo (tingnan sa 2 Nephi 9:51; 32:3). Binigyan Niya kayo ng mga salitang susundin mula sa mga buhay na propeta.



Piliing mag-isip at kumilos nang kaiba sa mga yaong makamundo. Piliing magmukhang kaiba at tingnan ang kabutihang mai-dudulot ng inyong impluwensya.

Kanino kayo magtitiwala?

Alam ninyo na ang Diyos ang inyong Ama. Mahal Niya kayo. Gusto Niyang lumigaya kayo. Magtiwala sa Kanya (tingnan sa 2 Nephi 4:34; 28:31). Manatiling nakatuon sa Kanyang banal na templo. Maging marapat na matanggap ang inyong endowment at mga ordenansa sa pagbubuklod. Manatiling tapat sa mga tipang iyon, at bumalik nang madalas sa templo. Tandaan, ang pinakamataas ninyong mithiin ay matamo ang pinakadakila sa lahat ng pagpapala ng Diyos, na siyang buhay na walang hanggan (tingnan sa D at T 14:7). Ang mga ordenansa sa templo ay mahalaga para sa pagpapalang iyan (tingnan sa D at T 131:1–3).

Inaanyayahan ko kayong pag-aralan nang may panalangin ang pahayag sa banal na kasulatan tungkol sa inyong pagkakakilanlan, layunin, at pagpapala (tingnan sa D at T 86:8–11). Oo, tunay ngang kayo ay mga kabataang pangako, nilikha sa wangis ng Diyos. Kayo ang mga karapat-dapat na tagapagmana, na susubukan at patutunayan. Nawa ay piliin ninyong maging liwanag sa mundo para makatulong sa pagliligtas ng mga anak ng Diyos, makamtan ang kagalakan,

at sa huli'y matamo ang pagpapala ng buhay na walang hanggan. ■

Mula sa mensaheng "Youth of the Noble Birthright: What Will You Choose?" ng Church Educational System na ibinigay sa Brigham Young University–Hawaii noong Setyembre 6, 2013. Para sa buong mensahe, magpunta sa cesdevotionals.lds.org.

MGA TALA

1. "Adhikain Ninyo'y Ituloy," *Mga Himno*, blg. 157.
2. "Pag-asa ng Israel," *Mga Himno*, blg. 161.
3. Ang ibig sabihin ng salitang Griyegong *anastrophe*, na pinagmulan ng pagsalin ng salitang *conversation* [*pag-uusap*] ay paangat na pamumuhay.
4. Ardeth Greene Kapp, *I Walk by Faith* (1987), 97.
5. Tingnan sa "Tayo ay Kasapi," *Mga Himno*, blg. 152.
6. Inilalarawan ng ilang tao ang kalayaan bilang *kalayaan*, ngunit ang paglalarawan iyan ay hindi mula sa banal na kasulatan. Ang binanggit lamang sa banal na kasulatan ay *moral na kalayaan* (tingnan sa D at T 101:78).
7. Tingnan sa Boyd K. Packer, "Payo sa Kabataan," *Liahona*, Nob. 2011, 16, 18.
8. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Nob. 2010, 129.
9. Isinasaad sa pagpapahayag ng Simbahan tungkol sa pamilya: "Ang mag-anak ay inorden ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo at palakihin ng isang ama at isang ina" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Nob. 2010, 129).

MAGING ANONG URI NG mga Guro BA NARARAPAT TAYO?

Kung talagang nais nating maging katulad ng Tagapagligtas, matuto tayong magturo ayon sa Kanyang paraan.

Ng Sunday School General Presidency



Tad R. Callister, pangulo (gitna); John S. Tanner, unang tagapayo (kaliwa); at Devin G. Durrant, pangalawang tagapayo (kanan)

Halos tapos na sa Kanyang ministeryo ang nabuhay na mag-uling Panginoon sa lupain ng Amerika. Hindi pa natatagalan bago iyon, bumaba Siya mula sa langit, at naghatid ng liwanag upang pawiin ang kadilimang bumalot sa lupain ng mga Nephita at Lamanita kasunod ng Kanyang pagkamatay. Nagturo Siya at nagpatotoo at nanalangin. Nagbasbas Siya, sumagot sa mga tanong, at itinatag ang Kanyang Simbahan. Ngayon, nang maghanda Siyang lisanin ang Kanyang mga disipulo, ibinigay Niya sa kanila ang isang responsibilidad na nagpalakas ng tiwala nila sa kanilang sarili:

“Alam ninyo ang bagay na kinalailangan ninyong gawin sa aking simbahan; sapagkat ang mga gawang nakita ninyong ginawa ko ay siya rin ninyong gagawin . . .

“ . . . Kung gayon, maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo? Katoohanang sinasabi ko sa inyo, maging katulad ko” (3 Nephi 27:21, 27).

Inanyayahan tayo ni Jesus na maging katulad Niya, at isa sa Kanyang mga dakilang katangian ay ang kahusayan Niyang magturo. Siya ang Dalubhasang Guro. Para maging katulad Niya kailangan din nating maging mga gurong mas mapagmahal at

nagpapabago ng buhay, hindi lamang sa simbahan kundi maging sa ating tahanan. Para maging katulad Niya dapat tayong magkaroon ng maalab na hangarin sa ating puso na magturo ayon sa Kanyang paraan.

Mga Tanong at Paanyaya

Madalas magturo si Jesus sa pamamagitan ng mga tanong at paanyaya. Isipin ang isang halimbawa mula sa panahong ginugol Niya sa Kanyang mga disipulo sa lupain ng Amerika. Minsan habang nagdarasal sila, nagpakita sa kanila ang Tagapagligtas at nagbigay ng pambungad at naghihikayat na tanong: “Ano ang nais ninyong ibigay ko sa inyo?” (3 Nephi 27:2). Paano kayo tutugon kung itanong ito sa inyo ng Tagapagligtas?

At sumagot ang mga disipulo: “Panginoon, nais naming sabihin ninyo sa amin ang pangalan kung paano namin tatawagin ang simbahan ito; sapagkat may mga pagtatalo sa mga tao hinggil sa bagay na ito” (3 Nephi 27:3).

May sariling sagot si Cristo sa kanilang tanong: “Hindi ba nila nabasa ang mga banal na kasulatan, na nagsasabing inyong taglayin ang pangalan ni Cristo, na aking pangalan?”



(3 Nephi 27:5). Ang tanong na ito ay nagpaalala sa Kanyang mga tinuturuan na dapat silang magsikap nang kaunti na masagot ang sarili nilang mga tanong at na ang mga sagot sa maraming tanong ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan.

At nagtapos Siya sa pagpapaalala sa mga disipulo tungkol sa kahalagahan ng Kanyang pangalan. Ang Kanyang mga salita ay naghikayat sa kanila na kumilos at nangako sa kanila ng isang pagpapala: “At sinuman ang magtaglay ng aking pangalan, at magtitiis hanggang wakas, siya rin ay maliligtas sa huling araw” (3 Nephi 27:6).

Isang Huwaran sa Pagtuturo

Sa ilang maiikling talatang ito, nagbigay sa atin si Jesucristo ng dakilang huwaran sa pagtuturo. Nagsimula siya sa isang nakakapukaw na tanong na nilayong mahiwatigan ang mga pangangailangan ng

Kanyang mga tinuturuan. Pagkatapos ay hinintay Niya at pinakinggan ang kanilang sagot.

Matapos sumagot ang Kanyang mga tinuturuan, tinulungan Niya silang matagpuan ang kanilang hinahanap sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila sa mga banal na kasulatan.

Sa huli, nagbigay Siya ng dalawang paanyaya at nangako ng isang kahanga-hangang pagpapala sa mga handang kumilos ayon sa Kanyang mga paanyaya. Ang pamamaraan ni Cristo sa pagtuturo sa okasyong ito ay maibubuod sa limang alituntuning ito:

1. Magbigay ng mga tanong na epektibo.

Nagtanong ang Panginoon, “Ano ang nais ninyong ibigay ko sa inyo?” Ang tanong na ito ay nag-aanyaya ng iba’t ibang sagot. Kapag gayon ang tanong natin, tinutulungan natin ang ating mga tinuturuan na sabihin kung ano ang gusto nilang malaman, at

tinutulungan natin silang magtuon sa mga bagay na pinakamahalaga; isinasama natin sila sa aktibong pag-aaral.

2. Pakinggan ang inyong mga tinuturuan.

Nakinig si Jesucristo nang sabihin nila, “Panginoon, nais namin na sabihin ninyo sa amin ang pangalan kung paano namin tatawagin ang simbahang ito.” Sa pakikinig na ma-buti, mas handa tayong magtuon sa mga pangangailangan ng ating mga tinuturuan.

3. Gamitin ang mga banal na kasulatan.

Ipinaalala ni Cristo sa Kanyang mga disipulo, “Hindi ba nila nabasa ang mga banal na kasulatan, na nagsasabing inyong taglayin ang pangalan ni Cristo, na aking pangalan?” Kapwa ang guro at mag-aaral ay dapat mag-ukol ng oras sa mga banal na kasulatan sa paghahanda para sa mga aralin. Ang pag-aaral ng mga

banal na kasulatan ay mahalagang bahagi ng espirituwal na paghahanda kapwa para sa mga guro at sa mga mag-aaral.

4. Anyayahan ang inyong mga tinuturuan na kumilos.

Inanyayahan ng Panginoon ang Kanyang mga disipulo na (1) taglayin nila ang Kanyang pangalan at (2) magtiis hanggang wakas. Sabi sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, “Kung sakali man ay bihira kang makikipag-usap sa mga tao o magtuturo sa kanila nang hindi sila iniimbitang gumawa ng isang bagay na magpapatatag ng kanilang pananampalataya kay Cristo.”¹ Magandang payo ito hindi lang sa mga missionary kundi sa lahat ng guro ng ebanghelyo.

5. Ipaalala sa inyong mga tinuturuan ang mga ipinangakong pagpapala ng pagsunod.

Sa huli, nangako si Jesucristo sa Kanyang mga tinuturuan na ang mga kumikilos ayon sa Kanyang paanyaya “ay maliligtas sa huling araw.” Madalas ipangako sa atin ni Jesucristo ang Kanyang pinakapiling mga pagpapala para sa ating pagsunod (tingnan sa D at T 14:7). Magagawa rin natin ito, bilang mga guro ng Kanyang ebanghelyo.

Ang halimbawa sa itaas ay naglalarawan ng ilang mahahalagang pamamaraan sa pagtuturo na ginamit ng Tagapagligtas. Bukod dito, kung minsa’y nagtuturo Siya sa pamamagitan ng talinghaga o analohiya. Paminsan-minsa’y hinahamon Niya at pinagsasabihan pa ang mga nani-nira sa Kanya. Ngunit nagtuturo Siya palagi nang may pagmamahal, maging sa mga taong Kanyang sinaway (tingnan sa Apocalipsis 3:19).

Mahalín ang Inyong mga Tinuturuan

Tayo rin ay kailangang magtuturo palagi nang may pagmamahal at

pag-ibig kung nais nating magturo ayon sa paraan ng Tagapagligtas. Parehong pinalalambot ng pagmamahal ang puso ng guro at ng mag-aaral, kaya’t “kapwa [sila mapapatibay] at magkasamang magsasaya” (D at T 50:22).

Isang matinding halimbawa ng pagmamahal ng Tagapagligtas sa Kanyang mga tinuturuan ang matatagpuan sa 3 Nephi kung saan ipinagdasal Niya ang mga tao, nanangis Siya sa kanila, at binasbasan sila. Habang ipinagdarasal Niya sila sa Kanyang Ama, nadama ng mga Nephita ang Kanyang pagmamahal: “At walang sinumang makauunawa sa kagalakang pumuspos sa aming mga kaluluwa sa panahong narinig namin Siyang nanalangin sa Ama para sa amin” (3 Nephi 17:17).

Masaya Siyang nanangis para sa kanila at binasbasan Niya sila dahil sa kanilang pananampalataya, kaya napakalaki ng Kanyang pagmamahal:

“Pinagpala kayo dahil sa inyong pananampalataya. At ngayon masdan, ang aking kagalakan ay lubos.

“At nang sabihin niya ang mga salitang ito, siya ay tumangis” (3 Nephi 17:20–21).

Ang malaking pagmamahal ay nagbibigay-daan sa malaking pagkaututo. Nakatala sa banal na kasulatan na “ang kanyang mukha ay ngumiti sa kanila” at “nabuksan ang kanilang mga puso at naunawaan nila sa kanilang mga puso” (3 Nephi 19:25, 33).

Hikayatin ang Inyong mga Tinuturuan na Magpatotoo

Binigyan din ng Tagapagligtas ang Kanyang mga tinuturuan ng pagkaka-taong magpatotoo. Halimbawa, “Nang dumating nga si Jesus sa mga sakop ng Cesarea ni Filipino, ay itinanong niya sa kaniyang mga alagad, na sinasabi, Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao?

“At kanilang sinabi, Anang ilan, Si Juan Bautista; ang ilan, Si Elias; at ang mga iba, Si Jeremias, o isa sa mga propeta.

“Kaniyang sinabi sa kanila, Data-puwa’t, ano ang sabi ninyo kung sino ako?

“At sumagot si Simon Pedro at sinabi, Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay” (Mateo 16:13–16).

Matapos magpatotoo si Pedro, ipinahayag ni Cristo ang kagila-gilalas na mga pagpapala sa kanya:



“Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka’t hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit.

“At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.

“Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit” (Mateo 16:17–19).

Sa pagsisikap na maging mga dalubhasang guro, tayo rin ay magtatatag nang madalas na maghihikayat sa mga tinuturuan na magpatotoo, kapwa sa salita at sa kanilang puso. Aanyayahan natin ang ating mga tinuturuan na maghangad ng personal na mga karanasan sa kanilang pang-araw-araw na buhay na nagpapatibay ng patotoo. At kung ang kapaligiran sa silid-aralan o sa tahanan ay nagpapadama ng Espiritu, magiging panatag ang loob ng ating mga tinuturuan na magbahagi ng mga espirituwal na karanasan at patotoo sa isa’t isa.

Ipamuhay ang Inyong Itinuturo

Hinikayat ni Cristo ang iba na gawin ang mga bagay na ginawa Niya (tingnan sa 3 Nephi 27:21)—na tularan Siya (tingnan sa Mateo 4:19). Ipinamuhay Niya ang itinuro Niya, at sa paggawa nito ay nagturo Siya sa pamamagitan ng halimbawa.

Nagturo Siya tungkol sa paglilingkod sa pamamagitan ng paglilingkod. Tiyak na malaking aral ang natutuhan noon ng Kanyang mga disipulo nang hugasan Niya ang kanilang mga paa! “Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa’t isa.

“Sapagka’t kayo’y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman

ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo” (Juan 13:14–15).

Nagturo Siya tungkol sa pagmamahal sa pamamagitan ng pagmamahal. “Isang bagong utos ang sa inyo’y ibinibigay ko, na kayo’y mangagibigan sa isa’t isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa’t isa” (Juan 13:34).

Nagturo Siya tungkol sa panalangin sa pamamagitan ng pagdarasal. Matapos mag-alay ng mga panalangin napakagiliw at napakadakila kaya hindi ito maitala, sinabi Niya, “At katulad ng aking naipanalangin sa inyo maging sa gayon kayo ay manalangin sa aking simbahan. . . . Masdan, ako ang ilaw; ipinakita ko ang isang halimbawa sa inyo” (3 Nephi 18:16).

Si Jesucristo ay nagpakita ng halimbawa para sa lahat ng guro ng ebanghelyo na naghahangad magturo ayon sa Kanyang paraan. Kahit hindi perpektong katulad Niya, mapagsisikap nating masigasig na ipamuhay ang itinuturo natin. Sa mga salita ng isang awit na pambata, dapat masabi ng mga guro na, “Ako’y tularan; sundan n’yo ako!”²

Magturo Ayon sa Paraan ng Tagapagligtas

Lahat ng guro ng ebanghelyo ay inaanyayahang gamitin ang sumusunod na anim na pangunahing alituntunin, na nagpapakita ng paraan ng pagtuturo ng Tagapagligtas:

1. Mahalin ang inyong mga tinuturuan.

- Hanapin ang nawawala.
- Magtuon sa mga pangangailangan ng inyong mga tinuturuan.

2. Espirituwal na ihanda ang inyong sarili.

- Ipamuhay ang inyong itinuturo.
- Alamin ang magagamit na mga materyal.

3. Magturo sa pamamagitan ng Espiritu.

- Tulungan ang inyong mga tinuturuan na mahiwatigan ang Espiritu.
- Maging isang guro na madaling turuan.
- Lumikha ng isang kapaligiran na matututo ang inyong tinuturuan.

4. Magkasamang tuklasin ang ebanghelyo.

- Magtakda ng matataas na mithiin.
- Hikayatin ang inyong mga tinuturuan na magpatotoo.
- Magbigay ng mga tanong na epektibo.
- Pakinggan ang inyong mga tinuturuan.

5. Ituro ang doktrina.

- Gamitin ang mga banal na kasulatan.
- Gumamit ng mga kuwento at halimbawa.
- Mangako ng mga pagpapala at magpatotoo.

6. Anyayahan ang inyong mga tinuturuan na kumilos.

- Tulungan ang inyong mga tinuturuan na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo na inyong itinuro.
- Mag-follow-up sa mga paanyaya.

Kapag ipinamuhay natin ang mga alituntuning ito, tayo ay magiging mas mabubuting guro, mas mabubuting mag-aaral, mas mabubuting magulang, at mas mabubuting disipulo ni Jesucristo. Sapagkat iniutos Niya na “turuan [natin] ang isa’t isa” nang “masigasig,” sa paraang “lahat ay mapasigla ng lahat” (D at T 88:77, 78, 122). Nawa’y mabanaag sa atin ng ating mga tinuturuan ang ilang katangian ng Dalubhasang Guro at maranasang matutuhan hindi lamang ang maraming bagay, kundi ang magbago. ■

MGA TALA

1. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 224.
2. “Do As I’m Doing,” *Children’s Songbook*, 276.



Ni Elder
Koichi Aoyagi
Ng Pitumpu



PAYO NG PROPETA AT mga Pagpapala ng Templo

Noong binatilyo pa ako, si Elder Spencer W. Kimball (1895–1985), na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay bumisita sa Japan at nag-salita sa isang kumperensyang dinaluhan ko. Naaalala ko pa ang payo niya: “Ang mga kabataan ay dapat magpunta sa misyon, at kailangan silang makasal sa templo.”

Nahikayat ako ng Espiritu Santo at nagpasiya akong magmisyon at makasal sa templo, kahit wala pang templo noon sa Japan.

Nang panahong iyon, 19 na taong gulang ako at nasa ikalawang taon sa kolehiyo. Ang mga magulang ko, na hindi mga Banal sa mga Huling Araw, ay kontrang-kontra sa desisyon kong magmisyon. Araw-araw ipinagdasal ko na ibigay nila sa akin ang kanilang pahintulot at basbas. Pagkaraan ng anim na buwan sinagot ng Panginoon ang aking panalangin.

“Kapos tayo sa pera, at hindi na namin matutustusan ang pag-aaral mo at araw-araw na gastusin,” sabi sa akin ng mga magulang ko. “Mula ngayon kailangan mo nang mamuhay nang mag-isa. Hindi rin kami tututol kung magmimisyon ka!”

Pinayagan na ako ng mga magulang ko, kaya huminto ako sa pag-aaral, nagserbisyo sa isang construction mission ng Simbahan, at nagsimulang maghanap ng trabaho para makaipon ng pera para sa isang proselyting mission. Sa tulong ng Panginoon, nakakita ako ng tatlong trabaho! Araw-araw maliban sa araw ng Linggo nang sumunod na taon, nag-deliver ako ng mga diyaryo mula alas-3:00 n.u. hanggang alas-7:00 n.u., naglinis ng mga gusali mula

Pinatotohahanan ko na kapag nanalangingin tayo na patnubayan tayo, sinunod ang mga buhay na propeta, at inuna ang templo sa ating buhay, aakayin at pagpapalain tayo ng Ama sa Langit.

alas-9:00 n.u. hanggang alas-4:00 n.h., at nagtrabaho bilang tagaluto mula alas-5:00 n.g. hanggang alas-7:30 n.g. Pagkatapos ay nagpapalit ako ng damit at naglilingkod sa gabi bilang district missionary.

Sa edad na 22, tinawag akong maglingkod sa Northern Far East Mission. Sa paglilingkod ko sa misyon, naranasan ko ang pinakamalaking kagalakang nadama ko sa buong buhay ko, nagkaroon ako ng maraming pagkakataong malaman ang pagmamahal ng Diyos, at nakatanggap ako ng maraming pagpapala. Nabiyayaan din ang pamilya ko habang nasa misyon ako nang malutas ng mga magulang ko ang problema nila sa pera.

Pagsunod sa Propeta

Nang matapos ko ang aking misyon, hinikayat ako ng Espiritu na sundin ang pangalawang bahagi ng payo ni Pangulong Kimball at huwag ipagpaliban ang pagpapakasal sa templo. Isang taon bago iyon, nagsimulang magplano ang mga miyembro ng Simbahan sa Japan na magpunta sa Salt Lake Temple. Dahil aalis na sila pagkaraan ng tatlong buwan, nagdasal ako at nag-ayuno na

makilala ko ang isang karapat-dapat na dalaga na mada-dala ko sa templo.

Bago iyon dumalo ako sa isang aktibidad ng Simbahan sa aking bayang sinilangan na Matsumoto City. Habang naroon ako nakita ko si Shiroko Momose, na kaeskuwela ko noong high school nang panahong sumapi ako sa Simbahan. Agad na ipinadama sa akin ng Espiritu na siya ang babaeng inihanda para sa akin.

Agad kong niyayang magpakasal sa akin si Shiroko matapos kaming magsimulang magdeyt. Pinasaya niya ako nang pumayag siya, pero ginulat niya ako sa sumunod niyang sinabi.

“Napakasaya ko na malaman na ang iyong Panginoon ay aking Panginoon,” sabi niya. “Nang ibalita nila ang pagpunta sa Salt Lake Temple, gusto kong sumama. Maraming beses kong ipinagdasal na tulungan ako ng Panginoon na makita ang taong mapapakasalan ko roon. Mga isang taon na ang nakaraan nalaman ko sa pamamagitan ng Espiritu habang nagdarasal ako na dapat kitang hintayin at na yayayain mo akong magpakasal pag-uwi mo mula sa misyon.”

Napakagandang espirituwal na karanasan iyon para sa aamin, at pinatibay nito ang aming desisyon na makasal sa Salt Lake Temple. Kakaunti ang pera namin para makabiyahe, pero hindi kami pinanghinaan ng loob. Alam na namin noon na kapag umasa kami sa Panginoon at sinunod namin ang Kanyang mga utos, tutulungan Niya kaming isakatuparan ang mga bagay na hindi namin kaka-yaning mag-isa.

Nanalangin kami sa ating Ama sa Langit at ginawa namin ang lahat para makaipon ng kailangang pondo. Sa mga pagsisikap na iyon, at sa perang itinulong ng isa mga kaibigan ni Shiroko, nakasama kami sa mga Japanese Saint na nagpunta sa Salt Lake Temple.



PAGSUNOD—ISANG GABAY

“Isang mapagmahal na Ama sa Langit ang nagplano sa landas na ating tatahakin at nagbigay ng gabay—*ang pagsunod!* Ang kaalaman sa katotohanan at ang mga sagot sa ating malalaking katanungan ay

dumarating sa atin kapag sinusunod natin ang mga kautusan ng Diyos.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Ang Pagsunod ay Nagdudulot ng mga Pagpapala,” *Liahona*, Mayo 2013, 89.

Hindi mailalarawan ang kagalakang nadama namin na mabuklod doon bilang mag-asawa hanggang sa kawalang-hanggan. Hinding-hindi namin malilimutan ang karanasang iyon. Naragdagan pa ang aming kagalakan nang masaliksik namin ang limang henerasyon ng aming mga ninuno at maihanda ang kanilang mga pangalan para sa templo. Habang nasa Salt Lake City nagsagawa kami ng mga ordenansa para sa mga ninunong iyon. Ang paggawa ng mga ordenansang iyon ay nakatulong para mapalapit ang aming damdamin sa kanila. Alam namin na lubos silang nagalak dahil sa mga pagsisikap namin.

Bagong kasal kami at mahirap lamang, ngunit ginawa naming priyoridad ang pagpunta sa templo, at kalaunan ay nagpunta kami sa Laie Hawaii Temple nang madalas hangga’t kaya namin itong tustusan.

Pinagpala ng Templo

“Higit nating kailangan ang templo kaysa anupaman,” sabi ni Propetang Joseph Smith.¹

Sa plano ng kaligtasan ng Diyos, ang templo ay mahalaga sa ating walang-hanggan kaligayahan dahil nagsasagawa tayo ng sagradong mga seremonya at ordenansa ng kaligtasan doon. Sinasabi sa atin sa Bible Dictionary na ang templo ang pinakabanal na pook na pinagsasambahan sa mundo at “isang lugar na maparoroonan ng Panginoon.”²

Kung igagalang natin ang ating mga tipan sa templo at pupunta tayo sa templo “nang may pagpapakumbaba, kalinisan, at karangalan, at integridad,”³ madarama natin ang Banal na Espiritu at tatanggap tayo ng karagdagan liwanag at kaalaman. Kapag nilisan natin ang templo, ahayo tayo na sakbit ang kapangyarihan mula sa Panginoon at mapapasaatin ang Kanyang pangalan, babalutin tayo ng Kanyang kaluwalhatian, at babantayan tayo ng Kanyang mga anghel (tingnan sa D at T 109:13, 22).

Pagbalik namin sa Japan matapos kaming ikasal, natupad ang mga pangako ng Panginoon sa buhay ko nang maghanap ako ng full-time na trabaho.

Tinutupad ng Panginoon ang Kanyang mga Pangako

Part-time lang ang trabaho ko nang isilang ang pangana-ay namin. Napakasaya namin, pero alam kong hindi ko masusuportahan ang aming lumalaking pamilya nang walang full-time na trabaho. Sinimulan naming manalangin nang taimtim na tulungan kami ng langit.

Bago ako nagmisyon, ninais kong magtrabaho sa foreign trade. Ngunit para makapasok ang isang aplikante sa



trading company, kailangang tapos siya ng kolehiyo at may ilang sertipiko. Hindi pa ako tapos ng kolehiyo at wala akong mga sertipiko, ngunit nang magdasal kami, nadama namin na pagpapalain kami ng Panginoon at maghahanda Siya ng trabaho para sa akin.

Nagpasiya akong kumuha ng eksamen para sa trabaho sa ilang trading company kahit hindi ako nakatapos ng pag-aaral. Hindi ako tinanggap ng unang dalawang kompanyang inaplayan ko, ngunit may napakaganda akong naranasan sa ikatlong kumpanya.

Ang Simbahan ay may ilang miyembrong Hapon noong panahong iyon, at maraming tao ang ayaw sa Simbahan. Nang interbyuhin ako ng tatlong kinatawan mula sa ikatlong trading company, tiningnan nila ang aking résumé at nalaman na ako ay isang Banal sa mga Huling Araw. Sinimulan nila akong tanungin tungkol sa Simbahan, at hiningan ako ng detalyadong mga sagot. Dahil kauuwi ko pa lang mula sa misyon, hindi ako nahirapang magsalita tungkol sa ipin anum balik na Simbahan ni Jesucristo.

Sa loob siguro ng mga 40 minuto, nagsalita ako tungkol sa ebanghelyo at nagpatotoo tungkol sa buhay ni Jesucristo, sa Apostasiya, sa Unang Pangitain ni Joseph Smith, sa Aklat ni Mormon, sa Pagpapanumbalik ng totoong

Simbahan ni Jesucristo, at sa mga turo ng Simbahan.

Walang isa man sa mga nag-interbyu ang nagpahinto sa akin habang nagsasalita ako. Makalipas ang ilang araw inalok ako ng trading company ng trabaho na may napakalaking suweldo. Kalaunan, nang tanungin ko ang manager ko kung bakit nila ako tinanggap, sumagot siya, “Habang iniinterbyu ka namin, nasiguro ko na ikaw ay masipag, marangal, at tapat, at ikaw ang klase ng tao na magtatrabaho sa gayunding paraan sa kumpanya natin.”

Nagpapatotoo ako na tinutupad ng Panginoon ang kanyang mga pangako. Habang iniinterbyu ako nadama kong napasaakin ang kapangyarihan at Espiritu ng Panginoon, tulad ng pangako Niya sa mga taong pumupunta sa templo at tumutupad sa kanilang mga tipan sa templo. Nadama ko rin ang Kanyang Espiritu habang nagtatrabaho ako sa kumpanya, kung saan pinagpala akong makagawa ng maraming mahahalagang kontribusyon.

Isang Templo ang Itinayo sa Japan

Sa isang regional conference sa Tokyo noong 1975, ibinalita ni Pangulong Kimball ang pagtatayo ng Tokyo Japan Temple. Ang mga Banal sa Japan, na napuspos ng kaligayahan, ay biglang nagpalakpakan para ipakita ang kanilang kagalakan at pasasalamat.

Ang Tokyo Japan Temple ay natapos noong 1980. Sa mga seremonya sa open house at paglalaan, ang mga Banal ay pinagpala ng kamangha-manghang mga espirituwal na karanasan at labis na kagalakan. Ang mga karanasang iyon ay nagpatuloy matapos mailaan ang templo nang magsimulang tanggapin ng mga Banal ang kanilang mga ordenansa sa templo at magsagawa ng mga ordenansa sa templo para sa yumao nilang mga ninuno.

Ngayon, halos 45 taon matapos kaming makasal ni Shiroko, ang desisyon kong sundin ang payo ng propeta ay patuloy na nagpapala sa buhay namin at ng aming mga anak. Nakabuo kami ng masayang tahanan ayon sa paraan ng Panginoon—na nakasalig sa ebanghelyo ni Jesucristo, kabilang na ang mga tipan sa templo.

Pinatotohanan ko na kapag nanalangin tayo na patnubayan tayo, sinunod ang mga buhay na propeta, at inuna natin ang templo sa ating buhay, aakayin at pagpapalain tayo ng Ama sa Langit. ■

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 488.
2. Bible Dictionary, “Temple.”
3. Spencer W. Kimball, mula sa panalangin sa paglalaan ng Tokyo Japan Temple, sa *2013 Church Almanac* (2013), 297.

Si Flora at Ako

Magkatuwang sa Gawain ng Panginoon



Kaliwa: Sina Flora Amussen at Ezra Taft Benson noong bata pa sila. Kanan: Sina Flora at Ezra na namamasyal kasama ang kanilang anim na anak.





Nang malaman namin ang pagsuporta at mapagmahal na pagtulong ni Pangulong Ezra Taft Benson sa kanyang asawang si Flora, nagkaroon kami ng mas malalim na pang-unawa sa kanyang ministryo.

Ni Aaron L. West

Church Publishing Services


Kung minsan, kung makikinig tayong mabuti, ang isang maikling pahayag ay maaaring maging mabisang katulad ng isang sermon. Gayon ang nangyari noong Nobyembre 11, 1985. Ang pahayag ay “Si Flora at Ako.”

Binasa ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) ang mga salitang iyon bilang bahagi ng isang pahayag na inihanda para sa mga mamamahayag noong araw na itatagala siya bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pumanaw na si Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) anim na araw bago iyon, at naiwan si Pangulong Benson bilang senior Apostle.

Magkasama si Pangulong Benson at ang kanyang asawang si Flora nang matanggap nila ang balita na pumanaw na si Pangulong Kimball, at “agad silang lumuhod” para manalangin.¹ Ngayon, sa unang talata ng pahayag na ilalathala sa buong mundo, muling binanggit ni Pangulong Benson si Flora. Sabi niya: “Hindi ko inasahan ang araw na ito. Ang asawa kong si Flora at ako ay walang-humpay na nanalangin na pahabain pa ang buhay ni Pangulong Kimball dito sa lupa at mangyari ang isa pang himala sa kanya. Ngayong nangusap na ang Panginoon, gagawin namin ang lahat, sa ilalim ng kanyang patnubay, na isulong ang gawain sa lupa.”²

Pagkaraan ng 59 na taon ng pagsasama, ang pahayag na “si Flora at ako” ay natural na kay Pangulong Benson. At nang sabihin niyang, “gagawin namin ang lahat, sa ilalim ng kanyang patnubay, na isulong ang gawain,” hindi niya ginamit ang salitang *namin* para tukuyin ang kanyang sarili at ang iba pang mga General Authority, bagama’t tiyak na nakikiisa siya sa kanila. Sa pahayag na ito, binanggit ng propeta, tagakita, at tagapaghayag ng Simbahan ang tungkol sa pakikiisa nilang mag-asawa sa gawain ng Panginoon.

Para mabasa kung paano hinubog ng buhay sa bukid ang pagkatao ni Ezra Taft Benson, tingnan sa Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson, mga pahina 2–5.



Pakanan mula itaas: Si Ezra Taft Benson kasama ang iba pang mga mag-sasaka; si Ezra, pang-alawa mula sa kaliwa, kasama ang kanyang ina at mga kapatid; mga magulang ni Ezra, sina George T. Benson at Sarah Dunkley Benson.



At bakit naman hindi? Sila ni Flora ay nagkaisa sa gawain ng Panginoon nang halos anim na dekada. Kahit nagbago na ang maraming aspeto ng kanilang buhay sa paglipas ng mga taon, ang pagtutulungan nila ang laging pinagmumulan ng lakas nilang dalawa.

Sa taong ito kabilang sa kurso ng pag-aaral para sa kababaihan ng Relief Society at mga Melchizedek Priesthood holder ang pagkakataong matuto mula kay Pangulong Ezra Taft Benson. Habang pinag-aaralan ninyo ang kanyang mga turo, maaaring gustuhin ninyong malaman ang tungkol sa kanyang pagkatao. Ang artikulong ito ay pagsulyap sa kanyang buhay at ministeryo, sa pananaw ng kanyang asawang si Flora Amussen Benson. Lahat ng kabanata at pahina sa artikulo ay tumutukoy sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson*.

“Gusto Kong Makapag-asawa ng Isang Magsasaka”

Noong taglagas ng 1920, naglakbay ang 21-taong-gulang na si Ezra Taft Benson mula sa sakahan ng kanyang pamilya sa Whitney, Idaho, USA, papuntang Logan, Utah, kung saan siya nag-enrol sa Utah Agricultural College (na ngayo’y Utah State University). Isang araw kasama ang ilang kaibigan sa

kampus ng paaralan, naakit siya sa isang dalaga. Kalaunan ay ginunita niya:

“Nasa labas kami noon malapit sa mga pagawaan ng gatas, nang magdaan ang isang dalaga—na kahali-halina at maganda—sakay ng kanyang maliit na kotse papunta sa dairy para bumili ng gatas. Nang kawayan siya ng mga binatilyo, kumaway rin siya. Sabi ko, ‘Sino ang babaeng iyan?’ Sabi nila, ‘Si Flora Amussen.’

“Sabi ko sa kanila, ‘Alam ’nyo, naramdaman ko na siya ang pakakasalan ko.’

Pinagtawanan ng mga kaibigan ni Ezra ang kanyang sinabi. Sabi nila, “Napakasikat niya para sa isang magbubukid.” Ang sagot niya? “Mas maganda kung gayon.”³

Maling-mali ang akala ng mga kaibigan ni Ezra kay Flora Amussen. Simula pa noong tinedyer siya, nakita na niya na may kaka-iba sa mga lalaking nagsasaka. Isang araw nang sabihin sa kanya ng kanyang inang si Barbara “na hindi niya matatamo ang pinakamataas na antas ng kaluwalhatian nang walang selestiyal na kasal, sumagot si Flora, nang marahil ay walang kamuwang-muwang ngunit may kaunting ideya, ‘Kung gayo’y gusto kong makasal sa isang lalaking salat sa materyal na pag-aari, ngunit sagana sa espi-rituwal, para matamo namin nang sabay ang matatamo namin.’ Matapos tumigil sandali idinagdag niya, ‘Gusto kong makapag-asawa ng isang magsasaka.’”⁴

Nagkakilala sina Flora at Ezra kalaunan noong 1920, at agad nauwi sa ligawan ang kanilang pagkakaibigan. Kay Ezra Taft Benson, natagpuan ni Flora ang isang binata na nakapagsimulang mag-ipon ng espirituwal na kayamanan na labis niyang pinahalagahan. At tulad ng kanyang inasahan, malalim ang pagkakaugat ng kanyang espirituwal na lakas sa sakahan ng kanyang pamilya.

Nagtutulungan na Unahin ang Diyos

Nagsisimula pa lang mapalapit sa isa’t isa sina Flora at Ezra, nalaman na nila na magkakawalay sila nang dalawang taon. Natawag si Ezra na maglingkod sa British Mission.

Tuwang-tuwa sila ni Flora sa kanyang oportunidad na maglingkod, at “pinag-usapan nila ni Flora ang kanilang relasyon. Gusto nilang magpatuloy ang pagkakaibigan nila, ngunit alam din nila na kailangan ni Ezra na maging tapat na missionary. ‘Bago ako umalis, ipinasiya namin ni Flora na minsan lang mag-sulatan sa isang buwan,’ sabi niya. ‘Ipinasiya rin namin na ang aming mga liham ay may panghihikayat, tiwala at balita. Iyon mismo ang ginawa namin.’”⁵

Sa pagtugon sa tawag sa misyon sa ganitong paraan, ipinakita nila ang isang katotohanang ituturo ni Ezra sa mga Banal maraming taon kalaunan: “Kapag inuna natin ang Diyos, lahat ng iba pang bagay ay nalalagay sa tamang lugar o naglalaho sa ating buhay. Ang pagmamahal natin sa Panginoon ang magiging batayan ng mga bagay na ating kinagigiliwan, ng ating panahon, ng mga hangaring ating inaasam, at ng pagkakasunodsunod ng ating mga priyoridad.”⁶

Nang malapit nang matapos si Ezra sa kanyang misyon, inasam nila ni Flora na makita ang isa’t isa. Ngunit “hindi lamang pag-asam na makasama kaagad si Ezra ang nasa isip [ni Flora]. Talagang umasam siya—sa kanyang kinabukasan at potensyal. . . . Natuwa siya na tila determinado si Ezra na manirahan sa bukid ng pamilya sa Whitney, Idaho. Gayunman, nadama niya na kailangan muna nitong tapusin ang kanyang pag-aaral.”⁷ Sa pagsisikap ni Flora na tulungan si Ezra na magawa iyon, inuna rin niya ang Diyos. Wala pang isang taon na nakakauwi si Ezra mula sa misyon, ginulat niya ito nang sabihin niyang magmimisyon din siya. Para malaman ang iba pa tungkol sa desisyon niyang ito, tingnan sa mga pahina 10–12.

Isang Magaspang na Diyamante

Sina Flora at Ezra ay ibinuklod sa Salt Lake Temple noong Setyembre 10, 1926. Sa kabila ng likas na kabutihan ni Ezra at ng tagumpay niya sa pag-aaral, “may mga tao pa ring hindi sang-ayon sa pasiya ni Flora. Hindi nila mawawala kung bakit pipili ng isang magsasaka



Para mabasa ang mga kuwento tungkol sa paglilingkod ni Ezra Taft Benson bilang full-time missionary, tingnan sa mga pahina 10–11 at 121–22 sa manwal. Para mabasa ang tungkol sa kanyang paglilingkod sa Europa pagkaraan ng World War II noong siya ay isang apostol na, tingnan sa mga pahina 20–24, 62–65, 79–81, 308–9, at 313.



Itaas: Ang binatang si Ezra Taft Benson, bago matanggap ang tawag sa misyon. Itaas at kanan: Bilang Apostol tumulong siyang paglikuran ang mga tao sa Europa pagkaraan ng World War II.

ang isang taong may pinag-aralan, mayaman, at sikat. Ngunit patuloy pa rin niyang sinabi na noon pa man ay ‘gusto niyang makapag-asawa ng isang magsasaka.’ Si Ezra ay ‘praktikal na tao, matalino at matatag,’ sabi niya. At, sabi pa niya, ‘Magiliw siya sa kanyang mga magulang, at alam ko na kung iginalang niya sila, igagalang niya ako.’ Nakita niya na si Ezra ay ‘magaspang na diyamante,’ at sinabi niya, ‘Gagawin ko ang lahat ng makakaya ko para tulungan siyang maging tanyag at madama ng mga tao ang kanyang mabuting impluwensya, hindi lang sa maliit na komunidad na ito kundi ang makilala siya sa buong mundo.’”⁸

Sa pananaw na ito sa potensyal ng kanyang asawa, masayang nagtungo si Flora saanman nila kinailangang magtungo para matustusan ang kanilang mga anak at maglingkod sa Simbahan, sa kanilang komunidad, at sa kanilang bansa. Kung minsan ay kinailangan niyang mamuhay nang mas simple kaysa nakasanayan niya, ngunit tinanggap niya ang hamon.

Halimbawa, sa araw ng kanilang kasal, “ang tanging salu-salo . . . ay isang almusal



Naglingkod si Elder Ezra Taft Benson bilang United States secretary of agriculture nang walong taon habang naglilingkod din siya bilang Apostol. Para mabasa kung paano niya isinakatuparan ang mga responsibilidad na ito, tingnan sa mga pahina 24–29 at 53–54.



Itaas: Si Pangulong Benson kasama ang mga Banal. Kaliwa at itaas: Naglilingkod bilang United States secretary of agriculture.

para sa pamilya at mga kaibigan. Pagkatapos ng almusal, umalis kaagad ang bagong kasal sakay ng kanilang Model T Ford pickup truck patungong Ames, Iowa,” kung saan mag-aaral si Ezra ng master’s degree sa agricultural economics. “Habang naglalakbay, walong gabi silang natulog sa isang toldang may butas. Nang makarating sila sa Ames, umupa sila ng apartment na isang kanto ang layo mula sa kampus. Maliit ang apartment, at kasama ng mga Benson ang malaking pamilya ng mga ipis, ngunit sinabi ni Ezra na ‘di-nagtagal at nagmukha itong pinaka-komportableng dampang maiisip ng sinuman.’”⁹

Nang maging tila “diyamante” na si Ezra at hindi na gaanong “magaspang,” mas nakibahagi siya sa paglilingkod sa labas ng tahanan. Napadalisay rin nito si Flora. Kapag nasa malayo ang asawa, nalulumbay rin siya at pinanghihinaan ng loob kung minsan. Ngunit gustung-gusto niya ang pagiging asawa at ina, at pinasasalamat niya ang kabutihan ng kanyang asawa at ang katapatan nito sa pamilya. Para malaman ang iba pa tungkol sa mga unang taon ng pagsasama nina Flora

at Ezra bilang mag-asawa at mga magulang, tingnan sa mga pahina 15–18.

Dalawang Tawag sa Telepono na Nagpabago ng Buhay

Noong Hulyo 27, 1943, tinawagan si Flora ng kanyang asawa. Nasa Salt Lake City, Utah, ito at naghahandang bumalik mula sa isang business trip na kasama ang kanilang anak na si Reed. Nasa bahay siya noon malapit sa Washington, D.C., mga 2,000 milya (3,200 km) ang layo. Pagkaraan ng isang magdamag na walang-tulog at puro panalangin at pagluha, tumawag ito upang ipaalam sa kanya na noong nakaraang araw ay tinawag siyang maglingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Hindi nagulat sa balita si Flora. “Malakas ang pakiramdam niya na may mahalagang mangyayari sa paglalakbay [ng kanyang asawa].”¹⁰ Nagpahayag siya ng tiwala kay Ezra, at napanatag ito sa kanyang sinabi. Kalaunan ay ginunita niya: “Napanatag ang kalooban ko nang makausap ko siya. Noon pa man ay mas malaki na ang tiwala niya sa akin kaysa sa tiwala ko sa sarili ko.”¹¹

Kahit may tiwala si Flora sa kanyang asawa, alam niyang hindi nito magagampanan ang kanyang tungkulin nang mag-isa—kailangan nito ng suporta ng kanyang pamilya at ng lakas mula sa langit. Sa isang pangkalahatang kumperensya, namalas sa isang pabulong na mensahe ang pagmamahal ni Flora sa kanyang asawa at ang kanyang pag-unawa sa pagsalig nito sa Panginoon (tingnan sa mga pahina 55–56).

Isa pang tawag sa telepono ang natanggap ni Flora mula sa kanyang asawa noong Nobyembre 24, 1952 na nagpabago ng buhay nila. Sa pagkakataong ito ay bibisita naman si Ezra sa Washington, D.C., area, at siya naman ay nasa bahay nila sa Salt Lake City. Si Dwight D. Eisenhower, na di-magtatagal ay magsisimula nang manungkulan bilang pangulo ng Estados Unidos, ay kahihiiling pa lang kay Elder Benson na maglingkod bilang kanyang secretary of agriculture, isang



mataas na katungkulan mangangailangan ng malaking sakripisyo at katapatan. Tinanggap ni Elder Benson ang katungkulan, matapos siyang payuhan ng Pangulo ng Simbahan na si David O. McKay (1873–1970) na tanggapin ito.

Nang ikuwento ni Elder Benson kay Flora na inalok siya ni President-Elect Eisenhower ng isang katungkulan at na tinanggap niya ito, sumagot ito, “Alam kong aalukin ka niya. At alam kong tatanggapin mo.” Inamin niya na mahirap iyon para sa pamilya ngunit idinagdag niya, “Mukhang kalooban ito ng Diyos.”¹²

Naglingkod si Elder Benson bilang secretary of agriculture sa loob ng walong taon. Noong panahong iyon, tiniis ng pamilya ang mga panahon ng pagkawalay, at kinailangang harapin ni Elder Benson ang mga pambabatikos at pagpuri na madalas na kaakibat ng paglilingkod sa publiko. Nagkaroon ang mga Benson ng malalaking oportunidad. Halimbawa, minsan ay dinala ni Elder Benson si Flora at ang mga anak nilang babae na sina Beverly at Bonnie sa apat-na-linggong paglalakbay kung saan nagtrabaho siya upang magtatag ng pakikipagkalakalan sa 12 iba’t ibang bansa (tingnan sa pahina 210). Isang paanyaya mula sa isang mamamahayag ang nauwi sa kakaibang karanasan sa gawaing misyonero para sa pamilya (tingnan sa pahina 28).

Pantay na mga Kasangkapan sa mga Kamay ng Panginoon

Tulad ng lahat ng Pangulo ng Simbahan, si Ezra Taft Benson ay inorden noon pa man para sa kanyang tungkulin. Ngunit hindi niya kayang gampanan ang pagkaorden

na iyon o maglingkod nang gayon kalakas nang mag-isa. Talagang wala nang ibang taong nakaimpluwensya sa kanya na tulad ni Flora. Sa Simbahan at sa kanilang pamilya, nagtulungan sila bilang mabibisang kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon.



Tulad noong magkasamang lumuhod sina Pangulo at Sister Benson nang malaman nila na siya ang mangungulo sa Simbahan, pinagtulungan nilang “isulong ang gawain sa lupa.”¹³ Tulad ng inasam niya noong tinedyer siya, natamo nila ang gusto nila—nang sabay.¹⁴

Mula sa pulpito, pinayuhan ni Pangulong Benson ang mga Banal sa mga Huling Araw na punuin ang mundo at ang kanilang buhay ng Aklat ni Mormon (tingnan sa mga kabanata 9–10). Sa bahay, binabasahan siya ni Flora ng Aklat ni Mormon araw-araw, at saka nila tinatalakay ang nabasa nila.¹⁵ Mula

sa pulpito, hinimok ni Pangulong Benson ang mga Banal na regular na maglingkod at sumamba sa templo (tingnan sa kabanata 13). Magkasamang pumupunta sina Flora at Ezra Benson sa templo tuwing Biyernes ng umaga kapag may pagkakataon.¹⁶ Mula sa pulpito, nagbabala si Pangulong Benson tungkol sa kapalaluan at “papuri ng sanlibutan.”¹⁷ Ngunit kahit nagtagumpay si Flora sa pagtulong na “makilala siya sa buong mundo,”¹⁸ pareho silang kuntento sa “papuri ng langit.”¹⁹

Napakaraming sermon ang naibigay ni Pangulong Ezra Taft Benson bilang Apostol at Pangulo ng Simbahan. Mahirap isipin ang alinman sa mga sermon na iyon nang walang impluwensya ng apat-na-salitang iyon na ibinigay niya noong Nobyembre 11, 1985: “Si Flora at Ako.” ■

MGA TALA

1. Sheri L. Dew, *Ezra Taft Benson: A Biography* (1987), 479.
2. Ezra Taft Benson, sa Don L. Searle, “President Ezra Taft Benson Ordained Thirteenth President of the Church,” *Ensign*, Dis. 1985, 5.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* (2014), 9.
4. Dew, *Ezra Taft Benson*, 74–75.
5. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 10.
6. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 47.
7. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 12.
8. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 14.
9. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 14.
10. Dew, *Ezra Taft Benson*, 176.
11. Ezra Taft Benson, sa *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 19.
12. Flora Amussen Benson, sa *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 27.
13. Ezra Taft Benson, sa Searle, “President Ezra Taft Benson Ordained Thirteenth President of the Church,” 5.
14. Tingnan sa Flora Amussen Benson, sa Dew, *Ezra Taft Benson*, 74–75.
15. Tingnan sa Derin Head Rodriguez, “Flora Amussen Benson: Handmaiden of the Lord, Helpmeet of a Prophet, Mother in Zion,” *Ensign*, Mar. 1987, 20.
16. Tingnan sa Dew, *Ezra Taft Benson*, 511.
17. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 269.
18. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 14.
19. *Mga Turo: Ezra Taft Benson*, 269.

PAGLILINGKOD NA NASUKLIAN

Noong college freshman ako, sumasama ako sa roommate ko para bisitahin ang kanyang 98-taong-gulang na tiyo-sa-talampakan, na magiliw naming tinatawag na Uncle Joe. Mag-isa siyang namumuhay at malungkot, kaya sinikap naming bisitahin siya nang madalas hangga't maaari. Tuwing bibisita kami sa kanya, nagkukuwento siya sa amin tungkol sa paninirahan niya sa Mexico at sa ilang bayan sa hangganan ng Arizona, kabilang na ang Nogales.

Nang pansamantalang umuwi ang roommate ko, nadama ko na dapat patuloy kong bisitahin si Uncle Joe. Naging malapit ko siyang kaibigan, at binisita ko siya hanggang sa pumanaw siya isa't kalahating taon pagkaraan. Nalungkot ako sa pagpanaw ng aking kaibigan pero nagpasalamat ako para sa masayang panahon na nagkasama kami.

Sampung taon matapos pumanaw si Uncle Joe, binasa ko ang journal ng aking lola-sa-tuhod. Nakasaad sa

journal ang tungkol sa asawa niya na umalis at iniwan siyang walang pera, at may iniwang \$30 na halaga ng babayaranang upa, at siyam na anak na pakakainin.

Pagkatapos ay isinulat niya: "Sa Bisbee [Arizona] napakabait ng mga tao sa amin. Kahit nakatira kami sa labas ng bayan sa timog ng Bisbee, iniha-hatid nila kami pauwi [mula sa simbahan]. Si Brother Joseph Kleinman, na nakatira sa Mexico, ay maraming beses kaming inihatid pauwi, at hindi

Mag-isang namumuhay at malungkot si Uncle Joe. Kaya sinikap namin ng roommate ko na mabisita siya nang madalas hangga't maaari.



KAYA KO KAYANG MAGTAPAT?

lang iyan, isinasama pa kaming lahat [ng kanyang pamilya] para maghapunan sa kanila. Nagluluto sila ng pritong kuneho na may kasamang iba pang mga pagkain, na lubos naming ikinatuwa. Lumipat sila sa Nogales . . . at ibinigay nila sa amin ang kanilang mga kuneho, na magaganda at mapu-puti, para may sapat kaming makain noon.”

Nang mabasa ko ito, nalaman ko na si Joseph Kleinman na tumulong sa aking lola-sa-tuhod ay si Uncle Joe pala! Nadama ko ang bulong ng Espiritu na dapat patuloy kong bisitahin si Uncle Joe bilang munting pasasalamat sa kabaitang ipinakita niya sa aking lola-sa-tuhod at sa pamilya nito.

Natuwa ako na naging bahagi ako ng isang kuwento ng pagmamahal at paglilingkod na nasuklian. Alam ko na inaalala ng Panginoon ang Kanyang mga anak. Kung susundin natin ang mga panghihikayat ng Espiritu Santo, mapagpapala natin ang buhay ng ibang tao at bunga nito ay mapagpapala rin tayo. ■

Krisi Church Summers, Utah, USA

Habang nakaupo ako sa tapat ng isang miyembro ng stake presidency, nagsimulang kumabog ang puso ko. Kinabahan na ako simula noong tawagan ako ng stake clerk para makipag-appointment. *Malalaman kaya niya na hindi ako karapat-dapat maglingkod?*

Nakapagpasiya na ako na mas madaling iharap ang ilang kasalanan sa hukuman ng Diyos kaysa magtapat dito sa lupa, na iniisip na makasarili ang ibunyag ang mga bagay na magdudulot ng sakit o kahihyan sa asawa ko. Mas makabubuting paglabanan ko ito nang mag-isa at pasanin ang bigat nito. Ang problema lang ay hindi ko kayang paglabanan ito nang mag-isa.

Nakaupo ako roon nang tawagin ako ng counselor sa stake presidency na maglingkod. Tanong niya, “Brother, tatanggapin mo ba ang tungkuling ito?” Gusto ko sanang sumagot ng malakas na, “Opo!” Sa halip, nang halos hindi nag-iisip, narinig kong sinabi ko mismo na, “Hindi po puwede, may ilang kasalanan pa akong dapat pagsisihan.”

Nakadama ako nang labis na pag-aalala at ginhawa nang ipagtapat ko ang uri ng aking kasalanan. Itinanong niya kung nakausap ko na ang bishop ko. “Hindi pa po.” Ang asawa ko? “*Hindi pa po.*” Kinamayan niya ako, ngumiti, at sinabing ipinagmamalaki niya ako dahil sa aking pagtatapat, at tinagubilinan akong kausapin ang bishop at ang asawa ko.

Sumunod ako, at nagtapat muna sa asawa ko—sa gayon ay naalis ang pinakamalaking takot ko. Minahal pa rin niya ako! Oo, nagalit siya, at kailangan naming ayusin ang ilang bagay, pero minahal niya ako at hinikayat akong kausapin ang bishop.

Nang puntahan ko ang bishop, pinapasok niya ako kaagad sa kanyang

opisina. Kahit hirap, sinikap kong ipaliwanag ang dahilan kung bakit ako naroon. Matapos itago nang napakatagal ang aking mga kasalanan, hindi ko alam kung saan magsisimula. Mapagmahal niya akong hinikayat na lubos na ipagtapat ang lahat. Ipinaliwanag ko ang uri ng aking mga kasalanan at hiniling na bigyan ako ng panahon na ilita ang lahat ng kamalian ko. Pumayag siya kaagad.

Hindi pa ako lubos na nakakapagtapat, pero gumaan na ang pakiramdam ko. Nakadama rin ako ng panibagong pag-asa ng paglaya, sa wakas, mula sa pasanang ito.

Ginugol ko ang sumunod na mga linggo sa pagdarasal, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at paggawa ng listahang ipapakita sa bishop ko at sa aking Ama sa Langit. Ipinakita ko muna ang listahan sa aking Ama sa Langit, nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, upang ipaalam sa Kanya na humihingi ako ng tawad at taos-puso kong hangad na magbago. Nakipag-appointment akong muli sa bishop at ipinakita ko ang buong listahan. Hindi niya ako sinimangutan, sinigawan, o pinagali-tan; sa halip, niyakap niya ako nang mahigpit. Ipinaalam niya sa akin ang kanyang pagmamahal at ang pagmamahal ng Panginoon, at ipinaalam sa akin na nasa landas na ako ngayon ng tunay na pagsisihi. Alam kong ito ay totoo.

Ang pagtatapat ng aking mga kasalanan, na labis kong kinatakutan noon, ay naging isa sa pinakamagandang karanasan ko sa buhay. Ito ang unang hakbang para sa akin upang tunay na maunawaan ang kaloob at kapangyarihang magpagaling ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. ■
Hindi ibinigay ang pangalan

TINAHAK NAMIN ANG DAAN

Sa huling area ko sa aking misyon, naglingkod kami ng kompanyon ko sa dalawang nayon na nasa estado ng São Paulo, Brazil. Sa pagitan ng dalawang nayon ay may mas maikling daan sa gubat na hindi namin dinaraan dahil dama naming mapanganib doon at wala naman kaming makikilala roon.

Isang hapon habang papalapit kami sa mas maikling daan, hinikayat ako ng Espiritu Santo, na nagsasabi sa akin na dapat kaming pumasok sa gubat. Tiningnan ko si Elder Andrade at sinabi sa kanya ang impresyon na katatanggap ko pa lang. Sinabi niya sa akin na gayon din ang nadama niya.

Hindi pa natatagalan ang pagtahak namin sa di-pamilyar na daang iyon, nakakita kami ng isang babae na papalapit sa amin. Makitid ang daan, at nang madaanan namin siya, napansin namin na umiiyak siya.

Nang tumingala siya, inanyayahan niya kami na sundan siya sa kanyang tahanan, kung saan nakilala namin ang kanyang asawa. Agad naming sinimulang turuan ng ebanghelyo ang mag-asawa. Makalipas ang ilang linggo inanyayahan namin silang magpabinyag. Tuwang-tuwa kami nang agad nilang tinanggap ang paanyaya dahil isang taon na mula nang may nabinyagan sa ward. Nagpapasalamat kami na sinunod namin ang panghihikayat ng Espiritu na pasukin ang daan nang araw na iyon.

Gayunpaman, ilang sandali bago sila binyagan, sinabi ng babae na kailangan niya kaming kausapin. Sinabi niya na paulit-ulit ang panaginip niya sa loob ng ilang taon. Sa kanyang panaginip naghihintay siya sa sentro ng São Paulo. Isang matandang lalaki ang lumapit sa kanya at sinabing dalawang binata ang darating para baguhin

ang kanyang buhay. Pagkatapos ay makikita niya ang dalawang binata na papalapit, ngunit palaging doon natatapos ang kanyang panaginip.

Isang araw ilang linggo bago niya kami nakilala, nagwawalis siya sa kanyang bahay nang sabihin sa kanya ng isang tinig na papalapit na ang dalawang binata at na kailangan niyang lumabas sa sandaling iyon papunta sa mas maikling daan, kung saan namin siya unang nakita. Kahit hindi naunawaan ang pahiwatig na naramdaman ngunit sa kagustuhang malaman ang sagot sa kanyang panaginip, inilapag niya ang kanyang walis at tinahak ang daan.

Habang siya ay naglalakad, pumasok sa kanyang isipan ang mga imahe sa kanyang panaginip na

parang sa isang pelikula na nagtapos pagkakita niya sa mga mukha ng dalawang binata. Nakita rin niya na bawat isa ay may suot na itim na name badge. Ilang sandali pa, sabi niya, nakita niya ako at si Elder Andrade sa daan. Nadaig siya ng kanyang emosyon, at napaiyak siya.

Ngayon, sa pag-alaala sa espirituwal na karanasang iyon, nadarama ko ang Espiritu at muli kong nakinita sa aking isipan ang luhaang babaeng iyon na tinanggap ang ebanghelyo. Salamat na lang at kami ng kompanyon ko ay nakahiwatig at nagkaroon ng lakas ng loob na tahakin ang daan na iniutos sa amin ng Panginoon nang araw na iyon. ■

Rut de Oliveira Marcolino,
Rio Grande do Norte, Brazil

Hindi pa natatagalan ang pagtahak namin sa di-pamilyar na daan na iyon, nakakita kami ng isang babae na papalapit sa amin. Napansin namin na umiiyak siya.



GUSTO MO BA NG MGA BULAKLAK?

Isang araw pagkatapos ng mahirap na trabaho sa pediatrics unit ng ospital, pagod na ako at mainit ang ulo. Nang maglakad ako papunta sa security desk, napansin ko ang ilang magagandang bulaklak. Nang sabihin ko sa taong nasa desk na napakaganda at napakabango ng mga bulaklak, sinabi niya na maaari kong kunin iyon.

Napakasaya ko! Naisip ko na siguradong gusto ng Ama sa Langit na mapasaakin ang mga bulaklak para sumaya ang araw ko.

Nang palabas na ako sa ospital, napuna ko na nasa unahan ko ang isang babaeng naka-wheelchair. Nabagalan ako sa kanya pero sa wakas ay nalampasan ko siya paglabas namin ng gusali. Nang malampasan ko siya, tumingala siya at sinabi niyang, “Ang ganda naman ng mga bulaklak.” Pinasalamatan ko siya at nagmadali akong pumunta sa aking asawa, na naghihintay sa aming kotse. Sabik na akong ipakita sa kanya ang aking mga bulaklak.

Bigla kong nadama na sinasabi sa akin ng Espiritu Santo na mas kailangan ng babae ang mga bulaklak. Atubili akong ibigay ang mga ito sa kanya, pero sinunod ko pa rin ang panghihikayat ng Espiritu. Nang tanungin ko siya kung gusto niya ang mga ito, inisip ko na sana ay tumanggi siya.

“Aba, oo,” ang sagot niya. “Gusto ko ang mga ito. Ang gaganda nito.”

Ibinigay ko ang mga iyon sa kanya, pero pagtalikod ko, nagsimula siyang umiyak. Nang itanong ko kung ayos lang siya, sinabi niya sa akin na ilang taon nang yumao ang kanyang asawa at mahigit isang taon na siyang hindi dinadalaw ng sinuman sa kanyang mga anak. Nagsumamo na raw siya sa Diyos na ipakita sa kanya ang tanda ng Kanyang pagmamahal.

“Ikaw ay isang anghel na sugo ng

Diyos para ibigay sa akin ang paborito kong mga bulaklak,” sabi niya. “Alam ko na ngayon na mahal Niya ako.”

Nalungkot ako. Napakaramot ko. Kailangan ng babaeng ito ng magiliw na salita, at ni ayaw ko siyang kausapin. Hindi ako anghel. Nang maghiwalay kami, napaiyak na rin ako.

Nang makarating ako sa sasakyan, itinanong ng asawa ko kung ano ang nangyari at bakit ko ipinamigay ang aking mga bulaklak. Tila naguguluhan siya ngunit nakahinga nang maluwag nang ikuwento ko ang nangyari.

“May ipinadala akong mga rosas sa iyo ngayon. Nadama kong kailangan mo iyon,” sabi niya. “Nag-alala ako na baka ipinamigay mo lang ang mga iyon. Kung hindi iyon ang mga bulaklak na ipinadala ko sa iyo, nasaan ang mga iyon?”

Nalimutan pala ng tindahan ng mga bulaklak na ipadala ang mga rosas, kaya nagpunta kami roon. Pumasok ang asawa ko at agad lumabas dala ang isang magandang palumpon ng mga bulaklak.

Hindi ko na naman napigilang umiyak. Hiniling sa akin ng Ama sa langit na ipamigay ko ang mga bulaklak na iyon, batid na may mas magandang bagay na naghihintay sa akin at na nangangailangan din ang Kanyang malungkot na anak ng tanda ng Kanyang pagmamahal. ■

Cindy Almaraz Anthony, Utah, USA





MAG-USAP NANG MADALAS

Mga Family Council para sa mga Mag-asawa

Ni Nichole Eck

Ang mga kapulungan sa Simbahan ay may isang banal na pamantayang sinusunod sa bawat antas, mula sa Kapulungan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol hanggang sa stake, ward, branch, quorum, at iba pang mga kapulungan sa pamumuno.

Ang mga mag-asawa ay nahaharap sa maraming problema at pagpapasiya. Makatutulong ang anim na alituntuning ito ng family council.

“Ang pinakamahalagang pulong sa Simbahan,” sabi ni Pangulong Spencer W. Kimball,” (1895–1985), ay ang pulong ng pamilya.¹

Itinuro ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol na “ang family council ang pinakamagandang pulong para magkaroon ng epektibong pag-uusap.”² Ipinaliwanag niya na ito ang oras para “[pag-usapan] ang mga pangangailangan ng pamilya at ng bawat miyembro nito, . . . lutasin ang mga problema, magdesisyon bilang pamilya, [at] magplano ng mga pang-araw-araw at pangmatalagalang aktibidad at mithiin.”³

Kung hindi pa kayo nakapagdaos ng family council, makapagsisimula na kayo ngayon. Kung may mga anak kayo na kasama ninyo sa bahay, maaari ninyo silang isali. Gayunman, mahalaga rin na may bukod na family council ang mag-asawa kung saan maaari nilang pag-usapan ang mga pampamilya at personal na problema nang sarilinan.

Narito ang ilang alituntunin at praktikal na mga mungkahi na magagamit ninyong mag-asawa sa family council.

Simulan sa Pagdarasal

“Kapag huminto ang pakikipag-usap sa Ama sa Langit, hihinto rin ang pag-uusap ng mag-asawa.”⁴

Ang Panginoon ay maaaring maging mahalagang kabahagi sa pagsasama ninyong mag-asawa. Sa inyong panalangin, maaari ninyong pasalamat ang Ama sa Langit para sa maraming pagpapala sa inyo, kabilang na ang inyong asawa, at hilinging puspusin ng Kanyang Espiritu ang inyong pag-uusap. Magagabayan ng Kanyang Espiritu ang inyong pag-uusap at matutulungan kayong magkaroon ng magandang pakiramdam at magandang pag-uusap.

Magkasamang Magpasiya

“Ang napagkasunduan ng mga miyembro ng council ay dapat matamo, sa pamamagitan ng panalangin at pag-uusap, upang makamitan ang



pagkakaisang kailangan upang matanggap ang tulong ng Panginoon.”⁵

Kayong mag-asawa ay kailangang gumawa ng mahahalagang desisyon, gaya ng kung tatanggapin ba o hindi ang isang trabaho, saan mag-aaral, kailan mag-aanak, o paano paghatian ang gawaing-bahay. Maaaring magmungkahi ng ilang posibleng solusyon sa problema ang mag-asawa at pag-usapan nila ang mga ito. Mapagpakumbabang pakinggan ang ideya ng inyong asawa. Matutulungan kayo nitong maunawaan ang ibang pananaw at ipapaalala nito sa inyong

asawa na pinahalagahan ninyo ang kanyang opinyon.

Sa mga family council, kailangan nating magawa ang ating mahahalagang desisyon “ayon sa napagkasunduan na ginabayan ng langit, hindi dahil nakompromiso kayo.”⁶ Maaaring hindi ninyo makamtan kaagad ang pagkakaisang ito sa bawat problema. Maaaring mangailangan ng ilang pag-uusap at taimtim na panalangin—kapwa nang mag-isa at kasama ang inyong asawa—para magkaisa kayo ng pasiya. Ngunit “kung magsasangunian kayo sa [council] tulad ng

inaasahan sa inyo, bibigyan kayo ng Diyos ng mga solusyon sa mga problemang kinakaharap ninyo.”⁷

Maaari ding makatulong na pagpa-siyahan na ang bagay na pag-uusapan bago mag-family council. Bibigyan kayo nito ng panahong pag-isipan ang bagay na pag-uusapan upang mas handa kayong mag-asawa na sabihin ang iniisip ninyo.

Suriin ang Inyong Sarili

“At bakit mo tinitingnan ang puwing na nasa mata ng inyong kapatid, ngunit hindi mo pinapansin ang tahilan na nasa iyong sariling mata?” (Mateo 7:3).

Isang tao lang ang makakaya mong baguhin: ang sarili mo. Maaari kayong matuksong gamitin ang family council para isa-isahin ang mga pagkakamali ng inyong asawa. Sa halip, gamitin ang mga council na ito nang may hangaring mapagbuti ang inyong sarili. Itanong sa inyong asawa kung may napansin siyang anumang problema o nakaliligalig sa inyong mga pananalita o pag-uugali. Mithiing mapagbuti ang sarili at hingin ang tulong ng inyong asawa sa pagsisikap ninyong magbago. Suportahan ang inyong asawa sa anumang personal na mithiing gusto niyang gawin.



Pag-usapan ang Mabibigat na Problema

“Bawat pamilya ay may mga problema at hamon. Ngunit ang matatagumpay na pamilya ay sama-samang nagsisikap na makahanap ng solusyon sa halip na magpintasan at magtalu-talo.”⁸

Ang matatag na pagsasama ng mag-asawa ay nabubuo sa pamamagitan ng pagdaig sa mga hamon, hindi sa pagwawalang-bahala o pag-iwas sa mga ito. May mga pagkakataong magkakaroon ng mabibigat na problema na kailangang pag-usapan. Maaari kayong mahirapang lutasin ang mga problemang may kinalaman sa kasalanan at pagsisisi o problema sa salapi, halimbawa, ngunit ang bukas at tapat na pag-uusap sa family council ay makatutulong para mapagaan ang naghihirap na damdamin. Ang family council ay maaaring magsilbing isang angkop at nakakapanatag na pagpupulong para masabi ang mga alalahanin o humingi ng tulong.

Ituon ang inyong lakas sa mga posibleng solusyon sa problema at

iwasang magsumbatan o magpintasan. Maging mapagpakumbaba. Ipahayag ang pagmamahal ninyo sa inyong asawa at paalalahanan ang isa’t isa na nagtutulungan kayong bumuo ng isang masaya at walang-hanggang pagsasama bilang mag-asawa at pamilya.

Manatiling Positibo

Kung nagtatawag lang kayo ng mga family council tuwing “may problema . . . at hindi kailanman para pahalagahan . . . ang mga tagumpay o purihin ang [mga miyembro ng inyong pamilya] at ipakita ang pagmamahal ninyo sa kanila, kung gayon katatakutan nila ang family council.”⁹

Hindi lahat ng family council meeting ay kailangang nakatuon sa mga problema o desisyon. Maaaring gawin ninyo itong oportunidad para magsabi ng magandang bagay tungkol sa inyong asawa o magbahagi ng mga biyaya ninyo sa buhay. Maaari ninyong ipagdiwang ang bawat tagumpay, talakayin

ang mga paraan upang espirituwal na mapatatag ang pagsasama ninyo bilang mag-asawa at pamilya, sama-samang magtakda ng mga mithiin, o pasalamatang ang mga kalakasan o pagsisilbi ng inyong asawa. Gamitin ang mga family council para “makagawian ang pakikipag-ugnayan at paggalang sa isa’t isa na . . . masasandigan [ninyong mag-asawa] kapag dumating ang mabibigat at mahihirap na problema.”¹⁰

Magsikap

“Gawin natin ang lahat ng ating makakaya at sikaping magpakabuti pa bawat araw. Kapag nagkamali tayo, maaari nating sikaping itama ang mga ito. Maaari tayong maging mas mapagpatawad sa mga pagkakamali natin at ng iba.”¹¹

Sa huli, alalahanin na kailangan ng panahon at pagsasanay para makagawang mag-usap nang maayos sa halip na mag-usap nang may pagtatalo.

Ang unang family council ninyo ay maaaring nakakaasiwa o nakakatakot, ngunit habang





mapagpakumbaba kayong nagsisikap na makipag-ugnayan sa isa't isa at isinasama ninyo ang Panginoon sa inyong mga desisyon, mas mauunawaan ninyo ang mga pagpapalang dulot ng mga family council.

Layon ng Panginoon na magkaroon tayo ng kapayapaan sa ating mga tahanan at sa ating pag-uusap. Tinutulungan Niya tayo kung saan tayo nagkukulang at pinagpapala ang ating mga pagsisikap. Sa tulong Niya, makapaglilalang tayo ng “kapaligirang may paggalang, pag-unawa, at pagkakasundo”¹² na gagawing “munting langit dito sa lupa” ang ating mga tahanan, tulad ng ipinangako ni Pangulong Thomas S. Monson.¹³ ■ Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 251.

2. M. Russell Ballard, *Counseling with Our Councils: Learning to Minister Together in the Church and in the Family* (2012), 165.
3. M. Russell Ballard, “Mga Pagpupulong ng Pamilya: Isang Pakikipag-usap kina Elder at Sister Ballard,” *Liahona*, Hunyo 2003, 14.
4. M. Russell Ballard, “Mga Pagpupulong ng Pamilya,” *Liahona*, 17.
5. Ronald E. Poelman, “Priesthood Councils: Key to Meeting Temporal and Spiritual Needs,” *Ensign*, Mayo 1980, 91.
6. Ronald E. Poelman, “Priesthood Councils,” 91.
7. Stephen L Richards, sa Conference Report, Okt. 1953, 86.
8. Ezra Taft Benson, “Counsel to the Saints,” *Ensign*, Mayo 1984, 6.
9. *When Thou Art Converted, Strengthen Thy Brethren* (Melchizedek Priesthood study guide, 1974), 168.
10. “Family Councils: A Heavenly Pattern,” *Follow Me: Relief Society Personal Study Guide* (1989), 171.
11. Russell M. Nelson “Perfection Pending,” *Ensign*, Nob. 1995, 88.
12. “Working Together in Family Councils,” *Ensign*, Peb. 1985, 31.
13. Thomas S. Monson, “Hallmarks of a Happy Home,” *Ensign*, Nob. 1988, 69.

ANO ANG PAG-UUSAPAN NATIN?

Kung hindi ninyo alam kung ano ang pag-uusapan sa family council, isipin ang mga tanong na tulad nito:

- Paano natin hahatiin ang gawain sa bahay para makatulong sa mga responsibilidad ang bawat miyembro ng pamilya at maging masaya sa ginagawa niya?
- Anong uri ng media ang tutulutan nating gamitin sa bahay?
- Anong mga bagong kasanayan ang maaari nating pag-aralan bilang pamilya?
- Ano ang magagawa natin bilang pamilya para mawala ang pagtatalo?
- Anong mga aktibidad ang hihikayat sa atin na panatilihin banal ang araw ng Sabbath?
- Paano tayo makapaghandanda para sa kalamidad na dulot ng kalikasan?
- Paano tayo mas makakatu-long sa ating komunidad?
- Anong mga bagong tradisyon ang maaari nating simulan bilang pamilya?
- Paano natin mas mapapamahalaang mabuti ang ating pananalapi?
- Ano ang magagawa natin para espirituwal na mapalakas ang pagsasama nating mag-asawa?

Ang Lakas ng Loob

Ni Christian Hägglund

Nang umuwi ako sa Sweden mula sa misyon, matagal-tagal din akong nahirapang harapin ang susunod na hakbang sa buhay ko—ang pagpapakasal sa templo. Muling pinagtibay sa akin ng Espiritu na kailangan kong simulang magbuo ng pamilya para marating ko ang dapat kong kahinatnan. Pinag-isipan ko nang husto kung paano naging pinakamahalagang desisyon ito sa buhay ko, kaya kahit alam kong nakita ko na ang babaeng gusto kong makasama nang walang hanggan, at sinang-ayunan ng Panginoon ang pasiya ko, nag-alinlangan pa rin ako. Pumili na kami ng kasintahan kong si Evelina ng iskedyul para sa aming temple sealing, nagpareserba na kami para sa aming honeymoon, at bumili na ng engagement ring bago pa man namin pormal na ipinahayag ang aming pagpapakasal—lahat ng ito dahil sa takot kong mag-asawa. Gusto kong utusan ako ng Ama sa Langit na pakasalan ko si Evelina dahil natatakot ako na managot sa desisyon ko sakaling mauwi sa hiwalayan ang aming pagsasama. Dahil sa takot at maling panalangin hindi ko alam ang gagawin at nana-tiling nakabinbin ang mahalagang desisyon ko.



Natuto akong gamitin ang kalayaan kong kumilos sa halip na pakilusin ako ng iba nang gawin ko ang pinakamahalagang desisyon sa buhay ko.

Kalayaan at Kusang Pagkilos—ang Paraan ng Panginoon

Ang mga panghihikayat ng Espiritu Santo ang nagpaunawa sa akin kalau-
nan nang basahin ko ang Doktrina
at mga Tipan 58:26–29: “Sapagkat
masdan, hindi nararapat na ako ay
mag-utos sa lahat ng bagay; sapagkat
siya na pinipilit sa lahat ng bagay,
ang katulad niya ay [tamad]. . . .

“ . . . Ang mga tao ay nararapat na
maging sabik sa paggawa ng mabuting
bagay, at gumawa ng maraming bagay
sa kanilang sariling kalooban, at isaka-
tuparan ang maraming kabutihan;

“Sapagkat ang kapangyarihan
ay nasa kanila, kung saan sila ay

kinatawan ng kanilang sarili. . . .

“Subalit siya na hindi gumagawa ng
anumang bagay hangga’t hindi siya
inuutusan, at tumatanggap ng kautu-
san na may pusong nag-aalinlangan,
at tinutupad ito nang may katamaran,
siya rin ay mapapahamak.”

Nang pag-isipan ko ang mga
talatang ito, naunawaan ko ang gi-
nagampanan ng kalayaan at kusang
pagkilos sa plano ng ating Ama sa
Langit, na nagpabago ng isip ko at
nagbigay sa akin ng lakas ng loob
na magpatuloy. Itinuro ni Elder
Richard G. Scott ng Korum ng Labin-
dalawang Apostol na kung nakatang-
gap tayo ng inspiradong patnubay

na Mag-asawa

na hindi natin pinaghirapan, hindi natin mararanasan ang “mahalagang personal na pag-unlad” na nangyayari kapag “pinagsisikapan [nating] matutuhan kung paano magabayan ng Espiritu.”¹

Lakas na Magpatuloy

Nagpasiya akong manalig at magdesisyon, at tinulungan ako ng Panginoon na magtiwala sa kakayahan kong magdesisyon. Natanto ko na dapat akong “maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay. . . . at gumawa ng maraming bagay sa [aking] sariling kalooban”—kabilang na ang planong magpakasal. Hinihikayat tayo ng Panginoon na gamitin ang ating lakas para mapamahalaan natin ang ating sarili. Ang paggamit ng lakas na ito ay mahalagang bahagi ng ating buhay.

Naniniwala ako na mas nais ng Panginoon na makitang ginagamit natin ang ating kalayaan kaysa makita na palaging perpekto ang ating mga desisyon. Gayunman, binigyan Niya tayo ng mga kailangan natin para makagawa ng mabubuting pasiya, lalo na sa pagpili ng mapapangasawa. Tulad ng itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), “Hindi nararapat na lubos na ibatay ang mga pagpasiya sa emosyon, dahil ang isipan at puso, na pinalakas ng pag-aayuno



at panalangin, at mataimtim na pag-iisip, ay magbibigay sa tao ng pinakamainam na pagkakataon upang lumigaya sa pag-aasawa. Kalakip nito ang pagsasakripisyo, pagbabahagi, at pangangailangan para sa lubusang pagpaparaya.”²

May tagubilin pa nga sa atin sa banal na kasulatan kung paano tumanggap ng mga espirituwal na pagpapatibay: “Kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan; pagkatapos kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama, at kung ito ay tama aking papapangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab; samakatwid, madarama mo na ito ay tama.

“Subalit kung ito ay hindi tama wala kang madaramang gayon, kundi ikaw ay magkakaroon ng pagkatuliro ng pag-iisip” (D at T 9:8–9). Gayunman, hindi lahat sa atin ay daranas ng pag-aalab sa ating dibdib bilang tugon sa mga espirituwal na pagpapatibay ng Panginoon. Kailangang matutuhan ng bawat isa sa atin na matukoy ang ating sariling paraan ng pagtanggap sa mga pagpapatibay na ito.³ Sa pagsunod sa huwarang ito, magkakaroon tayo ng tiwala sa ating kakayahang magpasiya.

Alam ng Ama sa Langit ang mga pangangailangan ng aking puso, kaluluwa, at isipan. Ibinigay Niya sa akin ang mga katotohanang ito, na siyang gumawa ng malaking kaibhan. Nagpakasal kami ni Evelina. Ngayon ay ilang taon na kaming nagsasama nang maligaya, at may tatlo na kaming magagandang anak. Lubos akong nagpapasalamat sa Panginoon para sa aking patotoo tungkol sa kalayaan at sa ginagampanan nito sa paggawa ng mahahalagang desisyon sa buhay. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Stockholm, Sweden.

MGA TALA

1. Richard G. Scott, “Upang Magtamo ng Espirituwal na Patnubay,” *Liahona*, Nob. 2009, 7.
2. Spencer W. Kimball, “Pagiging Isa sa Pag-aasawa,” *Liahona*, Okt. 2002, 36.
3. Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 8:2–3.

TEMA NG MUTWAL PARA SA 2015

“Samakatwid, O ikaw na humaharap sa paglilingkod sa Diyos, tiyaking pinaglilingkuran mo siya nang buong puso, kakayahan, pag-iisip at lakas, upang ikaw ay makatayong walang-sala sa harapan ng Diyos sa huling araw” (D at T 4:2).



O I K A W N A

HUMAHARAP

SA PAGLILINGKOD SA DIYOS

PAGLILINGKOD NANG INYONG BUONG KALULUWA

Ng Young Women General Presidency

Tulad ng natutuhan natin sa tema ng Mutwal para sa 2015, isang sagradong pribilehiyo ang maglingkod sa Diyos. Inaasahan namin na sa taong ito bawat isa sa atin ay matututong maglingkod nang may mas matinding katapatan sa paraang itinuro ng Tagapagligtas—nang ating buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas. Paano natin magagawa iyon? Narito ang ilang ideya.

Una, naglilingkod tayo nang buong **puso**. Nauunawaan natin na ang ibig sabihin nito ay pinaglilingkuran ninyo ang Diyos dahil mahal ninyo Siya at ang Kanyang mga anak. “Ang pagmamahal natin sa Panginoon ang magiging batayan ng mga bagay na ating kinagigiliwan, ng ating panahon, ng mga hangaring ating inaasam, at ng pagkakasunod-sunod ng ating mga priyoridad.”¹ Ipinapakita ninyo na mahal ninyo ang Panginoon kapag sinusunod ninyo ang Kanyang mga utos (tingnan sa D at T 42:29). Naglilingkod kayo sa inyong tahanan at pinatatag ninyo ang inyong pamilya. Ginagampanan ninyong mabuti ang inyong tungkulin at tinutulungan ang mga taong nangangailangan ng isang kaibigan. Naghahanap kayo ng mga pangalan ng mga kapamilya na dadalhin sa templo.



Bonnie L. Oscarson, pangulo (gitna); Carol F. McConkie, unang tagapayo (kaliwa); Neill F. Marriot, pangalawang tagapayo (kanan)

Ikalawa, naglilingkod tayo nang buong **kakayahan**. Kailangang gumawa at masigasig na magsikap. Ang gawaing misyonero ay nangangailangan ng katatagan at pagtitiis. Naglilingkod kayo nang may kakayahan kapag inasikaso ninyo ang mga pangangailangan ng iba, “gaya ng pagpapakain sa nagugutom, pagpapanamit sa hubad, pagdalaw sa may karamdaman, at pangangasiwa sa kanilang ikagigin-hawa, kapwa espirituwal at temporal” (Mosias 4:26).

Ang susunod, naglilingkod tayo nang buong **pag-iisip**. Ang inyong mga iniisip ay kailangang maging malinis at dalisay, at nakasentro sa Tagapagligtas. Kayo ay nakipagtipan na lagi Siyang aalalahanin. Hinahangad ninyo ang patnubay ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at panalangin. Kapag inayon ninyo ang inyong mga iniisip, sinasabi, at ginagawa sa isipan at kalooban ng Diyos, nauunawaan ninyo ang mga pangangailangan ng iba at kayo ay karapat-dapat at handang maglingkod.

Sa huli, naglilingkod tayo sa Diyos nang buong **lakas**. Ang isang paraan para magtamo ng lakas ay sumampalataya sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Nagsisisi kayo at pinababanal ninyo ang inyong sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos. Nadarama ninyo ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Tagapagligtas at nakakakita kayo ng mga himala kapag naglilingkod kayo sa lakas ng Panginoon (tingnan sa Alma 26:12).

Kapag naglilingkod kayo sa Diyos nang buong kaluluwa, nangangako Siya na kayo ay malilinis mula sa kasalanan at magiging handang tumayo sa Kanyang harapan at tatanggapin ninyo ang Kanyang walang-hanggang kaluwalhatian. ■

TALA

1. Ezra Taft Benson, “The Great Commandment—Love the Lord,” *Ensign*, Mayo 1988, 4.

ANG KAGILA-GILALAS NA GAWAING ITO


Ng Young Men General Presidency

Kapag narinig ninyo ang salitang *kumulan*, ano ang naiisip ninyo? Isang barkong maglalayag? Pakikiisa sa isang dakilang adhikain? Simula ng isang paglalakbay?

Kapag kayo ay “humaharap sa paglilingkod sa Diyos,” nakikiisa kayo sa pinakadakilang paglalakbay sa lahat. Tinutulungan ninyo ang Diyos na mapabilis ang Kanyang gawain, at ito’y isang dakila, masaya, at kagila-gilalas na karanasan.

Huwag lang ninyo basta paniwalaan ang aming sinasabi. Noong nakaraang taon sa isang munting bayan sa Utah, binisita ng mga binatilyo sa isang teachers quorum ang website ng mga aktibidad para sa mga kabataan (lds.org/youth/activities) para humanap ng mga ideya sa paggawa ng aktibidad. Isa roon ang napagtuunan ng kanilang pansin: “Seven Days of Service [Pitong Araw na Paglilingkod].”

Nagpasiya ang mga binatilyong ito na higitan pa ito: maglilingkod sila bawat araw sa buong isang linggo sa sinuman sa ward na hihiiling nito. Nang 19 na pamilya ang humiling ng serbisyo, medyo nagulat ang mga binatilyo at siguro ay medyo nabigla rin sa dami nito. Paano nila mapaglilingkuran ang gayon karami sa loob ng napakaikling panahon? Pero nakapangako na sila, kaya



David L. Beck, pangulo (gitna); Larry M. Gibson, unang tagapayo (kaliwa); Randall L. Ridd, pangalawang tagapayo (kanan)

nagpasiya silang paglingkuran ang lahat ng pamilyang iyon.

Sa loob lang ng isang linggo, nagbigay sila ng mahigit 250 oras na pinagsamang serbisyo, sa paggawa ng mga proyektong tulad ng paglilipat ng malaking buntong ng mga bato, paghuhukay ng sandbox, paglilinis ng mga alulod, at pagsasalansan ng mga kahoy. At nabago rin nito ang mga binatilyo.

Namangha sila sa lakas na nadama nila at sa mga pagpapalang natanggap nila. Ikinuwento nila ang nadama nilang pagkakaisa bilang korum at ang pagtanggap nila ng tulong ng langit para magawa ang takdang-aralin at iba pang mga responsibilidad. Ngayon, kapag kailangan ng ward nila ng serbisyo, masiglang tumutugon ang teachers quorum. Hindi lang sila naglilingkod nang isang linggo—sinisikap nilang maglingkod araw-araw.

Ang paglilingkod at pagtatayo ng kaharian ng Diyos ay tunay na isang kagila-gilalas na gawain. Nagdulot ito ng kagalakan sa mga binatilyong ito, at magdudulot ito ng kagalakan sa inyo kapag tinulungan ninyo ang iba at nakita ninyong binago ng dalisay at tapat na paglilingkod ang buhay nila. Tulad ng sinabi ng Young Women general presidency sa pahina 48, isang pribilehiyo ang maglingkod sa Diyos.

Simulan na ngayon ang inyong paglilingkod sa Diyos “nang buong puso, kakayahan, pag-iisip at lakas” (D at T 4:2) Gusto naming malaman ang mga karanasan ninyo sa paglilingkod! Gumawa ng mga video at kunan ng retrato ang inyong paglilingkod, i-upload ang mga ito sa mga social media site, ibahagi ang mga ito sa inyong pamilya at mga kaibigan, at i-email ito sa liahona@ldschurch.org. Maaari din ninyong ikuwento sa iba ang tungkol sa mga ito sa site ng mga aktibidad para sa mga kabataan. Anyayahan ang iba na makiisa sa inyo sa kagila-gilalas na gawaing ito, at tingnan natin kung gaano natin mababago ang mundo. ■



PAISA-ISANG HAKBANG

*Ibinahagi ng mga kabataan sa Italy
kung paano nila pinaglilingkuran
ang Diyos nang buong puso,
kakayahan, pag-iisip, at lakas.*

Ni Hillary Olsen

Ngayong alam na ninyo, na ang tema ng Mutwal sa taong ito ay tungkol sa paglilingkod, ano ang gagawin ninyo? Hinihiling sa inyo ng Panginoon na paglingkuran ninyo Siya “nang *buong* puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas” (tingnan sa D at T 4:2). Matindi iyan, at maaaring isipin ninyo na mahirap. Pero hindi kailangang magkagayon.

“Para itong pag-akyat sa bundok,” sabi ni Marco D., ng Taranto, Italy. “Mahirap kapag iniisip mo na aakyat mo nang biglaan ang buong bundok, pero kung paisha-isang hakbang lang, mas madali. Ihakbang mo muna ang isang paa mo, at kapag naihakbang mo na, isipin mo, ‘Nagawa ko!’ at pagkatapos ay ihakbang mo naman ang isa pang paa mo.”

Sa gitna ng pizza, pasta, at cobblestones ng Italy, nakahanap ang mga kabataan ng southern Italy ng ilang makakatulong na hakbang na mapagtutuunan sa pagsisikap nilang maglingkod nang *buong* puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas.

MAGHANGAD NG ESPIRITUWAL NA PATNUBAY

Ang pagtanggap ng espirituwal na patnubay ay mahalagang hakbang sa paglilingkod sa Panginoon, at alam ni Davide C., 15, na hindi ito mangyayari kung hindi niya pagsisikap. “Kailangan kong maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos,” wika niya. “Dapat handa akong tumanggap at sumunod sa mga pahiwatig ng Espiritu. Para magawa iyan, kailangan kong patuloy na palibutan ang aking sarili ng mga bagay ng Panginoon.”

Si Davide at kanyang pamilya ay nabinyagan sa Simbahan. Bago pa man siya nabinyagan, alam na ni Davide kung gaano kahalaga ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ang kapatid niyang lalaki ang unang nabinyagan, at hindi nagtagal sumunod na ang kanyang mga magulang. Alam ni Davide na kailangan niyang magkaroon ng sariling patotoo. Nang pag-aralan niya ang Aklat ni Mormon, nadama niya ang Espiritu. Nakatulong ang masayang damdaming ito sa kanyang desisyong sumapi sa Simbahan.

Apat na taon kalaunan, umaasa pa rin si Davide sa patnubay ng Espiritu. “Kailangan nating magpatuloy. Hindi tayo dapat magpabaya sa pag-aaral ng banal na kasulatan at pagdarasal,” sabi niya.

MANATILING DALISAY

Binigyang-diin ni Marco D., 17, ang kahalagahan ng pagsunod sa mga kautusan, lalo na sa batas ng kalinisang-puri. “Tinutukso tayo ng kaaway sa lahat ng bagay, at pinipilit na magkamali tayo,” sabi ni Marco. “Maaari ding maging masamang impluwensya ang mga kaibigan.” Ilang taon na ang nakararaan kinailangang palitan ni Marco ang mga kaibigang

sinasamahan niya dahil nakita niya ang masamang impluwensya nila sa mga desisyon niya. “Kailangan kong maghanap ng mga kaibigang tatanggapin ako kung ano ako at hindi kung ano ang gusto ng mundo na kahinatanan ko.”

Kung minsan sa pag-akyat natin sa bundok, nadarapa tayo. Kapag nangyari ito, “magpunta sa bishop at tapat na makipag-usap sa kanya,” paghihikayat ni Marco. “Ang bishop ay ating kapatid. Mapagkakatiwalaan natin siya.”

Ang kanyang mga pagsisikap na maging masunurin at manatiling dalisay ang nagbigay ng mga pagkakataon kay Marco na maglingkod sa Diyos ngayon, at inihahanda rin siya nito na maging karapat-dapat na maglingkod sa full-time mission balang araw.

MAG-UKOL NG ORAS

Alam ni Manuel M., 17, na hindi laging madaling maglingkod sa Diyos. “Madalas ay sinusubok tayo,” sabi ni Manuel. “Kung minsan mas gusto nating gumawa ng ibang bagay. Kung minsan mas gusto kong matulog, manood ng football game, o sumama sa mga kaibigan ko. Pero laging itinuturo sa akin ng nanay ko na kailangan naming piliing maglingkod sa Panginoon. Maganda rin namang gumawa ng iba pang mga bagay, pero



kailangan nating unahin ang paglilingkod sa Panginoon.”

Alam ni Miriam D., 14, na ang tanging paraan para matiyak na makapag-aral siya ng mga banal na kasulatan at makapagdarasal ay ang maglaan ng partikular na oras para magawa ito. “Pakiramdam ko marami akong nagagawa kapag naglalaan ako ng oras,” sabi ni Miriam. “Bukod diyan, kapag naglaan tayo ng mas maraming oras sa Panginoon, hindi tayo madaling matutukso—pinalalakas tayo nito.”

KUSANG MAGLINGKOD

Para kay Sabrina D., 15, ang paglilingkod nang buong puso, kakayahang, pag-iisip at lakas ay paglilingkod na may *buona volontà*. Ibig sabihin niyan ay paggawa ng mga bagay-bagay nang kusa at masaya.

Sang-ayon dito si Alessio I., 12: “Walang kabuluhan kung gagawin mo lang ito dahil sa ipinagagawa ito sa iyo ng bishop o ng mga magulang mo. Hindi mo dapat isiping inuubliga ka. Nais ng Panginoon na maglingkod tayo sa tamang dahilan.”

Paano tayo magkakaroon ng ibayong *buona volontà* habang naglilingkod tayo? “Nakakatulong sa akin ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan, dahil itinuturo nito sa atin na paglilingkod ang tamang gawin,” sabi ni Sabrina.

Ang higit na kaalaman at pag-unawa sa Pagbabayad-sala ay makakatulong din sa atin na maglingkod nang kusa at masaya. Sabi ni Elvira D., 17, “Tulad ng pagsugo ng Ama sa Langit sa Kanyang Anak, na isinakripisyo



ang lahat para sa atin, kailangan nating magkusang ilaan ang lahat sa paglilingkod sa Panginoon.”

PAGTUUNAN NG PANSIN ANG IBA

Alam ng magkapatid na Giulia, 16, at Veronica D., 14, na mahalagang pagtuunan ng pansin ang iba. “Tinutulu- ngan tayo ng paglilingkod na mabago ang tingin natin sa mga tao. Kapag naglingkod ka sa isang tao, pareho kayong pinagpapala,” sabi ni Giulia.

Sabi ni Veronica, “May isang

pagkakataon na talagang gusto ko nang ibahagi ang ebanghelyo, pero pakiramdam ko hindi pa ako handa. Natakot ako. Pero nang magtuon ako sa mga taong pinaglilingkuran ko, mas nagkaroon ako ng tiwala sa aking sarili dahil alam kong tutulu- ngan ako ng Panginoon.”

Napaglingkuran din nina Giulia at Veronica ang kanilang kaibigang si Virginia na nagpabago sa buhay nito. Sinimulan nila siyang yayain sa mga aktibidad ng Simbahan. Inanyaya- han din nila ang pamilya ni Virginia sa mga aktibidad ng pamilya nila. Di-naglaon nagsimula nang makipag- usap ang pamilya ni Virginia sa mga missionary. Pagkaraan ng isang taon, nabinyagan si Virginia at ang kanyang nakababatang kapatid na babae.

Ngayong miyembro na siya ng Sim- bahan, humahanap si Virginia ng mga paraan para mapaglingkuran ang mga taong nakapaligid sa kanya. Talagang gusto niyang ibahagi ang ebanghelyo sa iba. Kung minsan pinagtatawanan siya ng mga kaibigan niya sa esku- welahan dahil sa bago niyang mga paniniwala, kaya ipinagdarasal niyang malaman kung sino ang dapat niyang kausapin. Isang araw hinikayat siya ng Espiritu na kausapin ang isang babaeng kilala niya. “Binigyan ko siya ng Aklat

ni Mormon at niyaya ko siyang mag- simba. Dumating siya! At ngayon ay bi- nabasa na niya ang Aklat ni Mormon.”

Naghahanap si Samuele D., 14, ng mga pagkakataong mapalakas ang mga miyembro ng kanyang quorum: “Sinisikap kong tulungan ang ibang mga batang lalaki sa quorum ko sa pamamagitan ng paghihikayat sa kanila sa klase. Kung minsan nahihiya sila o kinakabahang makilahok.” Sabi ni Samuele, ang pagtulong sa iba na magtiwala sa sarili ay isang paraan para mapaglingkuran niya ang Diyos at makapaghanda para sa mga res- ponsibilidad sa hinaharap.


MAGSIMULA NGAYON

Kaya, ano ang gagawin *ninyo*? Sabi ni Alessio I., “Hindi ko na kailangang hintaying tumanda pa ako bago gu- mawa ng kaibhan. Kailangan ko nang gawin ito ngayon.”

Ang mga hakbang na ito ay tutulong din sa inyo kapag naunawaan ninyo na kayo ay mahalagang bahagi ng gawain ng Panginoon. Gawin ito sa paisa-isang hakbang. Makakagawa kayo ng mala- king kaibhan kapag natutuhan ninyong ibigay ang lahat ng kaya ninyo sa pagli- lingkod sa Panginoon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.





PAGLINGKURAN NINYO
ANG DIYOS NANG BUONG

PUSO



PAGLINGKURAN NINYO
ANG DIYOS NANG BUONG

PAG-IISIP



PAGLINGKURAN NINYO ANG DIYOS NANG BUONG

KAKAYAHAN



PAGLINGKURAN NINYO
ANG DIYOS NANG BUONG

LAKAS

MAGLINGKOD NANG INYONG BUONG PAG-IISIP

“Ang kakayahang mag-isip ay kaloob mula sa Diyos. ... Ang paraan ng ating pag-iisip ay malaki ang epekto sa ugali at kilos, gayundin sa magiging katayuan natin matapos ang buhay na ito” (Guide to the Scriptures, “Thoughts,” scriptures.lds.org). Tinutulungan tayo ng ating isipan na matuto at magpakabuti—kung hahangarin natin ang mabubuting bagay. Narito ang ilang ideya kung paano maglingkod sa Diyos nang inyong buong pag-iisip:

- Pag-aralan ang mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta.
- Isipin ang maganda sa iba at sa inyong sarili.
- Maghangad ng kaalaman, lalo na ng mga bagay na nagbibigay-inspirasyon.
- Pumili ng maganda at nakasisiglang libangan.
- Magsaliksik ng isang bagay na mahalaga sa inyo—halimbawa, isang kaganapan sa kasaysayan ng Simbahan o sa buhay ng isang ninuno.
- Ituon ang inyong isipan sa Tagapagligtas sa oras ng sakramento.
- Magsulat ng journal at regular itong basahin.

MAGLINGKOD NANG INYONG BUONG PUSO

Ang puso ang nagbibigay-buhay. Kadalasan ang ibig sabihin ng “puso” ay gitna o sentro ng isang bagay at ang lugar kung saan naroon ang mga hangarin at emosyon. Ang maglingkod sa Diyos nang buong puso ay ang pagbibigay sa Kanya ng lahat ng ating hangarin, kalooban, at pagmamahal. Hinihiling Niya na mahal natin Siya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos at pagmamahal sa iba. Narito ang ilang ideya para magawa ito:

- Unahin ang panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagsisimba kaysa sarili ninyong mga hangarin.
- Magpakita ng habag at kabaitan sa isang tao sa inyong pamilya o sa paaralan.
- Maglaan ng oras na gawin ang gustong gawin ng iba.
- Sikaping unawain ang damdamin ng iba.
- Purihin nang tapat ang isang tao.
- Kausapin o tabihan sa upuan ang isang taong nag-iisa.

MAGLINGKOD NANG INYONG BUONG LAKAS

Ang lakas na gamit natin sa paglilingkod sa Diyos ay bahagi ng pagbibigay sa Kanya ng buong lakas natin. Ang lakas ay isa ring espirituwal na kapangyarihan, tapat na pangako, katatagan, at sigasig sa paggawa ng mabuti. Maipapakita natin ang ating lakas kapag ipinamuhay natin ang mga alituntuning ipinamuhay mismo ng Tagapagligtas. Sa gayon ay makatatanggap tayo ng espirituwal na lakas. Narito ang ilang ideya kung paano maglingkod nang inyong buong lakas:

- Pag-ukulan ng oras ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan.
- Makipagtulungan at makiisa sa mga miyembro ng inyong ward o branch.
- Panindigan ang mga pamantayan ng moralidad.
- Kumilos ayon sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo para pagpalain ang iba.
- Mangakong mamuhay nang matwid at manatiling tapat sa pangako ninyo kapag dumating ang mga tukso.
- Pangalagaan ang inyong katawan sa pamamagitan ng tamang nutrisyon at ehersisyo.
- Tuparin ang inyong mga tipan para mas lumakas pa ang inyong espirituwalidad.

MAGLINGKOD NANG INYONG BUONG KAKAYAHAN

Ang paglilingkod nang buo nating kakayahan ay maaaring mangahulugan lamang ng simpleng paggawa ng kaya nating gawin, kapwa sa espirituwal at sa temporal, at nakatuon sa iba. Anuman ang kani-kanya nating mga talento (mula sa pagbuhat ng mabigat na sopa hanggang sa pananatiling positibo kahit sa mahihirap na sitwasyon), magagamit natin ang mga ito para palakasin ang iba. Narito ang ilang ideya kung paano maglingkod nang inyong buong kakayahan:

- Itanong sa sarili, “Sino ang may kailangan ng tulong ko ngayon?”—at gawin ang magagawa ninyo rito.
- Gumawa ng isang bagay para sa isang tao, tulad ng pagwawalis ng balkonahe, paglilinis ng kuwarto, o paghuhugas ng mga pinggan.
- Gamitin ang inyong mga talento: kumpunihin ang isang sasakyan o computer, pagandahin ang isang silid, gumawa ng pangregalo, sumulat ng tula.
- Gawin ang hindi ninyo karaniwang ginagawa para makipagkaibigan at maging isang mabuting halimbawa.
- Ituro sa isang tao ang kasanayang natutuhan mo.

LUMULAN

“Samakatwid, O ikaw na humaharap sa paglilingkod sa Diyos, tiyaking pinaglilingkuran mo siya nang buong puso, kakayahan, pag-iisip at lakas, upang ikaw ay makatayong walang-sala sa harapan ng Diyos sa huling araw.”

(D at T 4:2)





BAKIT Mahalaga si Jesucristo SA BUHAY KO?

*Kapag nauunawaan natin ang lahat
ng ginagawa ng Tagapagligtas
para sa atin, Siya ang nagiging
pinakamahalagang tao
sa buhay natin.*



**MGA ARALIN
SA LINGGO**

.....
Paksa sa Buwang Ito:
**Ang Panguluhanang
Diyos**

Ni Michael R. Morris

Mga Magasin ng Simbahan

Kamakailan ay nabasa ko ang isang blog post kung saan tinalakay ng awtor kung paano gumaganap ng mahalagang papel ang Tagapagligtas sa buhay niya araw-araw. Masaya ako na handa siyang ibahagi ang kanyang damdamin, ngunit nalungkot ako sa tugon ng isang mambabasa: “Wala Siyang anumang halaga sa buhay ko—hindi Siya nagkaroon ng halaga at hindi magkakaroon ng halaga kailanman.”

Maling-mali ang mambabasang iyon. Sa malao’t madali, kakailanganin nating lahat ang Tagapagligtas. Lahat tayo ay nakakagawa ng mga pagkakamaling hindi natin kayang itama, dumaranas ng mga kawalan na hindi natin kayang ibalik, at humaharap sa mga pasakit, pang-uusig, trahedya, pasanin, at kabiguan na hindi natin makayanang mag-isa.

Ang mabuting balita ay na hindi natin *kailangang* kayanin itong mag-isa.

“Sa sandali ng kahinaan maaari nating ibulalas, ‘Walang nakakaalam sa pinagdaraan ko. Walang nakakaunawa.’ Ngunit lubos na nakakaalam at nakakaunawa ang Anak ng Diyos, dahil nadama at pinasan na Niya ang ating mga pasanin,” sabi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. “At dahil sa Kanyang walang-katapusan at walang-hanggang sakripisyo (tingnan sa Alma 34:14), ganap ang Kanyang pagdamay at maiuunat Niya sa atin ang Kanyang bisig ng awa.”¹

Si Jesus ay mahalaga sa atin dahil sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, mga turo, pag-asa, kapayapaan, at halimbawa, tinutulongan Niya tayong baguhin ang ating buhay, harapin ang ating mga pagsukbok, at sumulong nang may pananam-palataya sa paglalakbay natin pabalik sa Kanya at sa Kanyang Ama.

Ginawang Posible ni Jesus ang Pagsisisi

Ang isa sa mga dahilan kaya napakahalaga ni Jesus sa mga taong taos-pusong nagsisikap na sundin Siya ay na lahat tayo ay nagkukulang at nangangailangan ng kaloob na pagsisisi na inihandog sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala.

Kapag tayo ay natisod at nadapa, nais ni Satanas na isipin natin na hindi sapat ang kakayahan nating tumayo at bumalik sa tamang landas. Nais din niyang kalimutan natin na ang ebanghelyo ay ang “ebanghelyo ng *pagsisisi*” (D at T 13:1; idinagdag ang pagbibigay-diin). Ngunit alam natin na “ang biyaya ni Cristo ay totoo, na kapwa nagpapatawad at naglilinis sa nagsisising makasalanan.”²

Ang bisa ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay para sa bawat isa sa atin, ngunit kailangan nating piliing magkaroon ito ng bisa sa ating buhay. Kunwari’y binigyan ninyo ng espesyal na



regalo ang isang kaibigan—isang bagay na talagang kailangan ng kaibigan ninyo at pinagsakripisuhan ninyo. Pagkatapos kunwari’y tumugon ang inyong kaibigan ng, “Salamat, pero hindi ko talaga gusto ang regalo mo.” Ano kaya ang mararamdaman mo?

Kapag hindi tayo humingi ng tulong kay Jesus na mapalinis tayo sa pamamagitan ng pagsisisi, para nating tinatanggi ang Kanyang kaloob.

Itinuro ni Jesus ang Katotohanan

Minsan, matapos tumanggi ang ilang tao na sumunod pa sa Kanya,



itinanong ni Jesus sa Labindalawang Apostol, “Ibig baga ninyong magsialis din naman?” Sumagot si Pedro, “Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan” (Juan 6:67–68).

Matatagpuan ninyo ang “mga salita ng buhay na walang hanggan” ng Tagapagligtas sa mga banal na kasulatan, mga turo ng mga buhay na propeta, at mga bulong ng Espiritu Santo. Nagbibigay ang mga ito ng isang pundasyon para sa “kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating,”³ at ginagabayan tayo nang ligtas pabalik sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas.

Ano ang ilan sa mga dakilang katotohanang itinuro ng Tagapagligtas? Naglista ng apat si Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya kamakailan:

- “Binigyan ng ating Ama ang Kanyang mga anak ng dakilang plano ng kaligayahan.
- “Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala . . . , makakapiling natin ang ating mga mahal sa buhay magpakailanman.”
- “Tayo ay magkakaroon ng maluwalhati, perpekto, at imortal na katawan, wala nang karamdaman o kapansanan.”
- “Ang ating mga luha ng kalungkutan at kawalan ay mapapalitan ng kaligayahan at kagalakan.”⁴

Nagbibigay si Jesus ng Pag-asa

Kapag nahaharap tayo sa mabibigat na hamon, kung minsang nahihihirapan tayong magtiwala sa Panginoon. Ngunit ang pagtiwala sa Kanya ay nagbibigay sa atin ng pag-asang kailangan natin para maharap ang mga hamon sa ating buhay.

Iyan ang nangyari sa mga miyembro ng pamilya Gattrell, na kabilang sa

ward ni Sister Jean A. Stevens. Sinabi ni Sister Stevens, unang tagapayo sa Primary general presidency, na kumapit nang mahigpit ang pamilya sa ebanghelyo at sa kanilang mga tipan sa templo matapos masuring may kanser si Brother Gattrell. Dahil dito ay umasam sila sa mga pangako ng Diyos na sila ay magkakasamasamang muli sa kabilang-buhay.

Sa pinagdaanang mahihirap na panahon bago pumanaw ang kanyang asawa, sinabi ni Sister Gattrell, “Alam kong binabantayan kami ng Panginoon. Kung magtitiwala ka sa Panginoon, talagang makakayanan mo ang anumang pagsubok sa buhay.”⁵

Ang kaloob na Pagbabayad-sala ay nagbibigay sa atin ng pag-asa ng buhay na walang hanggan—isang bagay na kailangan natin kapag tayo ay sinusubukan o namatayan ng isang mahal sa buhay.

“Ipinagkaloob sa atin ng ating mapagmahal na Ama sa Langit ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo bilang ating Tagapagligtas,” sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan. “Ang dakilang kaloob at pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay may hatid na pamana sa lahat: ang pangako ng Pagkabuhay na Mag-uli at ang posibilidad ng buhay na walang hanggan sa lahat ng isinisilang.”⁶

Nagbibigay si Jesus ng Kapayapaan

Kung nakaranas kayo ng kalamidad, naging paksa ng masamang tsismis, nagkaroon ng pagsubok na nagpabago ng inyong buhay, nawalan ng kaibigan, o nanindigan sa tama, alam ninyo na kailangan ninyo ang kapayapaan ng Panginoon. “Ang kapayapaan ng Tagapagligtas,” sabi ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, “ay dinadaig ang



umiikot na mga buhawi ng mundo.”⁷

Sa isang pangkalahatang kumpe-rensya kamakailan, ikinuwento ni Elder Andersen ang isang Laurel na kinutya at binansagan ng kung anu-anong mga pangalan nang panindigan niya ang tradisyonal na kasal. Nalaman niya na pangungutya kung minsan ang kapalit ng “pagiging tapat sa Diyos at sa mga turo ng Kanyang mga buhay na propeta.”⁸

Ngunit ang paminindigan ay hindi nangangahulugang ikaw lang ang maninindigang mag-isa. Lagi tayong makakabaling sa Prinsipe ng Kapayapaan kapag nadarama natin na tayo’y nag-iisa o nanghihina, nalulungkot o nag-aalala, takot o walang halaga. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng:

- Pagdarasal sa Ama sa Langit na mapasatin ang Espiritu.
- Pagbabasa ng mga salita ng Panginoon sa mga banal na kasulatan at ayon sa inihayag ng mga buhay na propeta.
- Pagdalo sa templo.
- Pag-aaral tungkol sa buhay ng Tagapagligtas sa simbahan at sa seminary.
- Pagbibigay-bisa sa Kanyang Pagbabayad-sala sa pamamagitan ng pagsisisi sa ating mga kasalanan.
- Pagbabahagi ng ating patotoo tungkol sa Kanya.

Kapag nadama natin ang kapayapaan ng Tagapagligtas, hindi tayo kailangang mangamba o matakot (tingnan sa Juan 14:26–27).

“Panginoon lamang ang nakaaalam sa tindi ng ating mga pagsubok, pasakit, at pagdurusa,” sabi ni Pangu-long Thomas S. Monson. “Siya lamang ang naghahandog sa atin ng walang-hanggang kapayapaan sa oras ng paghihirap. Siya lamang ang umaantig sa ating naghihirap na kaluluwa sa Kanyang nakaaaliw na mga salita.”⁹

Ipinakita ni Jesus ang Halimbawa

Sa Kanyang buong ministeryo, hindi lamang itinuro ni Jesus ang daan tungo sa kaligayahan—inakay Niya tayo sa daan. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, inakay Niya tayong magmahal. Sa pamamagitan ng Kanyang mga turo, inakay Niya tayo sa mga walang-hanggang katotohanan. Sa pamamagitan ng Kanyang sakdal na buhay, inakay Niya tayo sa landas ng pagsunod.

“Ang pinakadakilang halimbawang nabuhay sa mundo ay ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang kanyang ministeryo sa mundo ay puno ng pagtuturo, paglilingkod, at pagmamahal sa iba,” sabi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labin-dalawang Apostol. Ang Tagapagligtas, dagdag pa niya, ay “inaanyayahan . . . tayong tularan ang Kanyang sakdal na halimbawa.”¹⁰

Kapag nauunawaan natin na ang Tagapagligtas ay ginagawang possible ang pagsisisi at pagkabuhay na mag-uli, nagtuturo ng mahahalagang

katotohanan, nagbibigay ng pag-asa at kapayapaan, at nagpapakita ng sakdal na halimbawa, Siya ang nagiging sentro ng ating buhay. At dahil kaibigan natin Siya, may lakas tayo ng loob na pawin ang takot at sumulong nang may pananampalataya. ■

MGA TALA

1. David A. Bednar, “Mabata Nila ang Kanilang mga Pasanin nang May Kagaanan,” *Liahona*, Mayo 2014, 90.
2. D. Todd Christofferson, “Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo,” *Liahona*, Mayo 2014, 113.
3. “Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,” *Liahona*, Abr. 2000, 3.
4. Dieter F. Uchtdorf, “Nagpapasalamat Anuman ang Kalagayan,” *Liahona*, Mayo 2014, 76.
5. Jean A. Stevens, “Huwag Kang Matakot; Ako’y Sumasaiyo,” *Liahona*, Mayo 2014, 83.
6. Henry B. Eyring, “Isang Walang-Katumbas na Pamana ng Pag-asa,” *Liahona*, Mayo 2014, 24.
7. Neil L. Andersen, “Mga Espirituwal na Buhawi,” *Liahona*, Mayo 2014, 18.
8. Tingnan sa Neil L. Andersen, “Mga Espirituwal na Buhawi,” 19–20.
9. Thomas S. Monson, “Hindi Kita Iiwan ni Pababayaan,” *Liahona*, Nob. 2013, 87.
10. Richard G. Scott, “Kayo’y Binigyan Ko ng Halimbawa,” *Liahona*, Mayo 2014, 35.

SUMALI SA USAPAN

Mga Bagay na Pag-iisipan sa Araw ng Linggo

- Paano napagpala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang buhay ninyo?
- Anong mga salita ni Jesus ang binabalingan ninyo para mapanatag?
- May maiisip ba kayong pagkakataon na nadama ninyo ang kapayapaan ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng Espiritu Santo?

Mga Bagay na Maaari Ninyong Gawin

- Isulat sa inyong journal sa susunod na pagkakataon ang halimbawa o mga turo ng Tagapagligtas na tumulong sa inyo na piliin ang tama.
- Pag-aralan ang Pagbabayad-sala bilang paghahanda sa pakikibahagi ng sakramento.
- Ibahagi ang nadarama ninyo tungkol kay Jesucristo sa inyong pamilya, sa simbahan, o sa social media.



**Ni Elder
Robert D. Hales**

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

PAANO MAKAKAMIT ANG MGA WALANG- HANGGANG MITHIIN

Nais kong magmungkahi ng ilan sa pinakamahahalagang mithiin sa buhay na magpapasaya sa inyo sa pagsasagawa ng inyong misyon dito sa lupa—mga walang-hanggang mithiin na tutulong sa inyo na makabalik nang marangal sa inyong Ama sa Langit. Kabilang dito ang:

1. **Magpakasal sa templo** at **pangalagaan** ang mga walang-hanggang **ugnayan ng pamilya** sa pamamagitan ng pagbalanse sa maraming aspeto ng buhay, tulad ng pamilya, trabaho, patuloy na pag-aaral, mga interes, at libangan.
2. **Tapat at masunuring ipamuhay ang inyong relihiyon** at **maging tapat sa iyong mga tipan** sa binyag at sa templo, na laging **pinagyayaman ang mabubuting bagay** sa buhay.

3. **Manangan sa walang-hanggang pananaw**, na isinasaisip na ang mga bagay ng kaharian ay walang hanggan at ang mga bagay ng mundo ay temporal o pansamantala lamang.
4. Alalahaning **magbigay ng tapat na paglilingkod** sa buong buhay ninyo at laging **kalingain ang mga dukha** na maaaring mangailangan ng inyong **pagmamahal** at iba pang **tulong**.

Ito ay panghabambuhay na mga mithiin na nangangailangan ng pansin at panahon para makamit. Ang pagtatakda ng mga mithiing ito ay hindi sapat; kailangan nating **pagplanuhang** isakatuparan ang mga ito.

Ngayong gabi o bukas, **pag-isipan kung ano ang gusto ninyong makamit sa inyong buhay** at ano dapat ang **inyong** mga mithiin. Mag-ukol ng panahong **isulat ang mga ito** at **basahing muli ang mga ito** sa susunod na mga taon. Pagkatapos ay mag-ukol ng ilang oras na tinatanong ang inyong sarili kung ano ang magagawa ninyo para maisakatuparan ang mga mithiing ito ngayon, bukas, sa susunod na linggo, at sa mga darating na buwan.

Paano ninyo pipiliin at ilalarawan ang mahahalaga at walang-hanggang mithiing ito? At, ang isa pang mahalaga, paano ninyo paplanuhing isakatuparan ang mga ito? Tandaan:

panahon ang mahalaga—at kritikal—na sangkap sa inyong kalkulasyon. Sa sitwasyon ninyo ngayon, tila wala pa kayong itinakdang tiyak na panahon para isakatuparan ang mga bagay na pangwalang-hanggang.

Bawat isa ay may panahon; totoo iyan. Pero hindi ibig sabihin na dahil lumilipas ang panahon ay umuunlad na tayo.

“Sapagkat masdan, ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos; oo, masdan, ang araw ng buhay na ito ang araw para sa mga tao na gampanan ang kanilang mga gawain” (Alma 34:32).

Ang sikreto ay **piliing mabuti ang mga aktibidad na iyon** na tutulong sa atin na makamit ang mga mithiing may patnubay ng langit at pagkatapos ay magkaroon ng katatagan ng pagkatao at pananalig na **ipagwalang-bahala ang anumang maglilihis o hahadlang sa atin** tungo sa ating walang-hanggang tadhana.

Pinatotohanan ko na ang inyong panahon sa mundo ay magiging sapat para maisakatuparan ninyo ang inyong paghahanda at maisagawa ang inyong misyon sa buhay—kung inyong **gagamitin nang matatino ang inyong panahon**. At walang mas mabuting panahon upang magawa iyan kundi sa ngayon, sa inyong kabataan (tingnan sa Alma 37:35). ■

Mula sa isang mensahe sa pagtatapos na ibinigay sa Brigham Young University-Idaho noong Disyembre 11, 2004.





Ang SENTRO ng BUHAY KO

Alam ko ang tungkol sa ministeryo ni Cristo mula sa Biblia, ngunit talaga kayang binisita Niya ang lupain ng Amerika?

Ni Roberto Pacheco Pretel

Nang mag-18 anyos ako, pinayagan ako ng tatay ko na magpabinyag sa anumang simbahang gusto ko. Gusto kong sumapi sa isang simbahang Kristiyano dahil napag-aralan ko ang Biblia sa ilang kongregasyon at naniniwala ako kay Jesucristo.

Isang araw inanyayahan ng tiyo ko ang dalawang sister missionary sa bahay namin. Nagsalita sila nang may labis na pananalig tungkol sa paniniwala nila na ang Aklat ni Mormon ay isa pang tipan ni Jesucristo, na nagsasabing binisita Niya ang kontinente ng Amerika.

Sa puntong iyon, sinabi ko ang aking opinyon na siguro ay mali sila, dahil hindi ko pa napag-aralan iyan sa buong buhay ko. Lumuluha at buong kabaitang sinabi sa akin ng isa sa mga sister missionary, “Brother Roberto, hindi dahil sa hindi mo alam na ang Aklat ni Mormon ay totoo ay mali na kami. Alam ko na mahal tayo

ni Jesucristo at pumunta Siya noon sa kontinenteng ito at itinuro Niya ang Kanyang ebanghelyo tulad ng ginawa Niya sa Banal na Lupain.”

Sinikap nilang tulungan ako sa marami kong pag-aalala at pagdududa sa unang talakayang iyon, at pumayag akong bisitahin nila nang sumunod na linggo.

Nang gabing iyon sinimulan kong buklatin ang mga pahina ng Aklat ni Mormon. Habang binabasa ko ang pahina ng pamagat, natuon ang pansin ko sa isang parirala: “Si Jesus ang Cristo, ang Diyos na Walang Hanggan, nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa.” Binasa ko rin ang 3 Nephi 11 tungkol sa pagdalaw ng Tagapagligtas sa lupain ng Amerika, at nakadama ako ng kagalakan sa puso ko. Kaya ginawa ko ang ipinagagawa sa akin ng mga missionary: lumuhod ako at nagtanong sa aking Ama sa Langit kung totoo ang aklat.

Pagkatapos kong manalangin,

nakadama ako ng kapayapaan at katiyakan na totoo nga ito. Sa sandaling iyon akala ko’y naantig ako ng mga luha ng mga sister kaya ako naniwala sa kanilang patotoo. Kaya patuloy kong binasa ang Aklat ni Mormon hanggang lumampas na ang alas-4:00 ng umaga. Tuwing magdarasal ako, lalo ko pang nadarama na totoong dumating si Cristo sa lupain ng Amerika at gusto Niyang malaman ko pa ang tungkol sa Kanyang totoong ebanghelyo.

Sa loob ng ilang linggo, natapos kong basahin ang Aklat ni Mormon at nadama ko na kailangan kong magpabinyag sa totoong Simbahan.

Ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon ay nakatulong sa akin na mas mapalapit kay Jesucristo at gawin Siyang sentro ng buhay ko. Labis akong nagpapasalamat na inilagay ng Tagapagligtas ang mga missionary at ang Kanyang Simbahan sa aking landas. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Arequipa, Peru.

TUWIRANG SAGOT



Dati-rati ay salbahe ako,
pero nagbago na ako, at
gusto kong ibahagi
ang ebanghelyo. Paano ko
mababago ang pagkakakilala
ng iba sa akin?

Una sa lahat, huwag mong hayaang pigilan ka ng iyong takot. Kung naantig ka na ng Espiritu at nagsisikap kang magsisi at magbago, kahanga-hanga iyan. Alalahanin, ang pagbabagong ito ay nangyayari sa pamamagitan ng nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng biyaya ni Jesucristo. Sa tulong Niya, maaari kang maging isang bagong tao at magsimulang baguhin ang pagkakilala ng iba sa iyo. Tutulungan ka rin Niyang ibahagi ang ebanghelyo. Bagama't kailangan ng sapat na panahon para mabago ang pagkakakilala nila sa iyo, magiging sulit ito. Narito ang ilang bagay na magagawa mo sa prosesong iyan ng pagbabago:

- Humingi ng tawad sa mga taong nasaktan mo.
- Sikaping magpakita ng kabaitan sa mga taong hindi mo napakitaan ng kabaitan noon.
- Laging maging tapat at totoo.
- Kung ang mga kabarkada mo ay salbahe sa iba, pahintuin sila sa paggawa nito o kaya'y huminto ka sa pagsama sa kanila. Kung hindi, ituturing ng mga tao na katulad ka nila.
- Isiping pag-aralan ang Moroni 7 at ipagdasal na magkaroon ka ng dalisay na pag-ibig sa kapwa mo. ■

Sabi ng Tagapagligtas ang diwa ng
pagtatalo ay sa diyablo (tingnan
sa 3 Nephi 11:29). Ano ang kaibhan
ng hindi pagsang-ayon
sa pakikipagtalo?

Likas lang sa mga tao ang magkaroon ng magkakaibang pananaw, at may mga pagkakataon na kailangang manindigan ng mga disipulo ni Jesucristo kapag tinutuligsa ang ating paniniwala. Ngunit kailangan nating ipahayag ang

ating paniniwala sa paraang positibo at batay sa katotohanan nang hindi nagagalit, naghihinanakit, o nang-iinsulto. Kaya paano natin iiwasan ang pakikipagtalo?

Siguro narinig na ninyo na maaari tayong “di-sumang-ayon nang

hindi nakikipagtalo.” Ang pag-iwas sa pagtatalo ay nagsisimula sa inyong mga intensyon at hangarin. Sinasabi sa mga banal na kasulatan na “sa kapalaluan, ang dumarating ay pagtatalo lamang” (Mga Kawikaan 13:10). Kung mas iniisip pa ninyo ang “manalo sa argumento” o “kayo ang tama,” halos tiyak na kasunod niyan ay pagtatalo.

Itinuro ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang ilang paraan para maiwasan ang pagtatalo: (1) “magpakita

ng mahabaging pagmamalasakit sa iba”; (2) “kontrolin ang bugso ng damdaming magsalita o magsulat na naghahamon ng pagtatalo para sa personal na kapakinabangan o papuri”; at (3) “sa mapagpakumbang pagsunod, [mahalin] nang tunay ang Diyos.”¹ Sa gayon ay maaari nang mapasaatin ang Espiritu ng Panginoon, hindi ang diwa ng pagtatalo. ■

TALA

1. Russell M. Nelson, “The Canker of Contention,” *Ensign*, Mayo 1989, 70–71.

PAGBIBIGAY NG Pinakamagandang Regalo

Ibinigay ko sa kaibigan ko ang pinakamagandang regalo sa lahat ng natanggap na niyang mga regalo.

Ni Mariela Rodriguez

Noong ako ay 13 taong gulang, hiniling ng propeta sa mga miyembro ng Simbahan na basahin ang Aklat ni Mormon sa loob ng limang buwan, bago matapos ang taong iyon, at nangako ng mga pagpapala sa paggawa niyon. Isang araw habang nagbabasa ako sa bus, isang babaeng nagngangalang Cynthia ang umupo sa tabi ko at nagtanong kung anong aklat ang binabasa ko. Sinabi ko na iyon ay Aklat ni Mormon at na espesyal na aklat iyon. Sinabi ko na gusto kong tapusing basahin iyon bago matapos ang taon para makatanggap ako ng mga pagpapala.

Nagsimula siyang magtanong nang mas marami pa, at sinabi ko sa kanya na puwede siyang pumunta sa bahay namin para makapag-usap pa kami tungkol dito. Tinanggap niya ang paanyaya ko, at gumugol kami ng ilang oras sa sumunod na mga araw

sa pag-uusap tungkol sa Aklat ni Mormon at sa Simbahan.

Pagsapit ng Lunes, inanyayahan ko siya sa family home evening, kung saan ipinakilala ko siya sa mga missionary. Sinimulan nilang turuan siya ng mga lesson, at nagsimula siyang magsimba at dumalo sa lahat ng aktibidad ng mga kabataan at iba pang mga pulong ng Simbahan.

Nagpasiya siyang magpabinyag, at sa pahintulot ng kanyang mga magulang, nabinyagan siya sa kanyang kaarawan noong taong iyon. Iyon daw ang pinakamagandang regalo sa lahat ng mga regalong natanggap na niya. Dumalo sa binyag ang kanyang ina at mga kapatid. Hinilingan niya akong kantahin ang “Espiritu ng Diyos” (*Mga Himno*, blg. 2), at hiniling niya na ang tatay ko ang magbinyag sa kanya. Pag-ahon niya mula sa tubig, nagyakap kami at

nag-iyakan. Hinding-hindi ko malilimutan ang araw na iyon dahil napakasaya ko.

Pagkaraan ng isang taon lumipat ng tirahan ang pamilya namin. Napakahirap niyon dahil kami ni Cynthia ay naging mabuting magkaibigan at magkapatid sa ebanghelyo.

Kahit malayo na ang tirahan namin sa isa’t isa, matalik pa rin kaming magkaibigan. Madalas kaming mag-usap sa telepono, at kamakailan ay tinawagan niya ako para sabihing nakikinig na sa mga missionary lesson ang nanay niya. Natuwa ako dahil noon ayaw makinig ng nanay niya sa mga lesson. Sabi sa akin ni Cynthia, sana raw ay makasimba siyang kasama ang kanyang buong pamilya balang-araw. Pinasalamatan niya ako dahil sinabi ko sa kanya ang tungkol sa Simbahan. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Texas, USA.



Tulungan Ninyo Kami!

Araw-araw, ang mga bata sa lahat ng dako ng mundo ay nagpapakita ng malasakit sa pamamagitan ng paghahanap ng mga paraan na matulungan ang iba!



MGA COOKIE AT MGA PUPPET

Ang aming pamilya ay nagkaroon ng "panahong maglingkod." Kaming magkakapatid na lalaki ay gumawa ng mga puppet para sa mga bata sa bahay-ampunan. Nagdala rin kami ng mga chocolate chip cookies sa ilang bumbero at naglinis sa lawa. Natutuwa ako na nakapaglilingkod kami!

Tobin P., edad 9, Idaho, USA



MASASAYANG AWITIN

Sa aming espesyal na araw ng paglilingkod binisita namin ang isang bahay-kalinga. Nang magsimula kaming kumanta ng mga awit ng Primary at iba pang awitin, pumalakpak at nakisabay sa pagkanta ang mga tao. Sumayaw pa ang ilan sa kanila! Niyakap at binigyan namin sila ng mga kard sa aming pag-alis.


Leiria District, Portugal



MAS MASAYA KAYSA PASKO

Napagod ang nanay at tatay ko sa maghapon. Hinugasan at iniligpit ko ang mga pinggan at nilinis ko ang sahig, mesa, at pasamano. Pagkatapos ay nilinis ko ang sala at playroom. Nang magising sina Inay at Itay, sinabi nilang mas masaya iyon kaysa Pasko!

Cambrie G., edad 11, Georgia, USA



IPADALA SA AMIN ANG INYONG HANDPRINT

Ilang kamay na tumutulong ang kailangan para maikot ang buong mundo? Gumawa ng kabutihan at tulongan kaming malaman ito!

1. Bakatin ang hugis ng inyong kamay sa isang papel, at gupitin ito.
2. Sulatan ito ng isang paglilingkod na ginawa ninyo para sa isang tao—o isang paglilingkod na ginawa ng isang tao para sa inyo. Maaaring malaki o maliit na bagay iyon.
3. Idagdag ang larawan ninyo.
4. Magpatulong sa inyong mga magulang o sa isang adult na maisumite ito sa liahona@ldschurch.org o sa address na nasa pahina 3.

Mangongolekta kami ng mga kamay na tumutulong mula ngayon hanggang Oktubre 2015.

PROYEKTONG KAHON NG MGA MEDYAS

Ang mga taong walang tirahan ay giniginaw nang husto sa taglamig! Nagpasiya kaming mangolekta ng makakapal na medyas para sa mga taong walang tirahan sa aming lugar. Tumulong ang mga kabataang lalaki at babae, at di-nagtagal ay punung-puno na ang kahon ng daan-daang medyas para sa mga taong walang tirahan!

Alberta, Canada



Hamon sa Pagbabasa ng **BAGONG TIPAN**

Nagkuwento si Jesus tungkol sa isang pastol na nagmahal sa kanyang mga tupa at naghanap sa isang tupang nawawala. Sa taon na ito marami pa kayong matutuhan tungkol sa mga turo ni Jesus sa Bagong Tipan. Tuwing babasahin ninyo ang isa sa mga talata ng mga banal na kasulatan sa pahina 68, kulayan ang kasunod na numero. Kung magbabasa kayo linggu-linggo, matatapos kayo sa katapusan ng taon!

Magpatulong sa isang adult sa pagtanggap sa tsart na ito o i-print ito mula sa liahona.lds.org. ■





Lingguhang mga mungkahi sa pagbabasa para sa hamon sa pagbabasa ng Bagong Tipan
(tingnan sa mga pahina 66-67).

LINGGO	BABASAHIN		
1	Inihanda ni Juan Bautista ang Daan para kay Jesucristo Mateo 3:1–6; Lucas 1:5–25, 57–80	26	Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo Mateo 27:52–53; 28:1–20; Lucas 24; Juan 20; Mga Gawa 1:3, 9–11; I Mga Taga Corinto 15:5–6, 22
2	Ang Pagsilang ni Jesucristo Mateo 1:18–25; Lucas 1:26–38; 2:1–20	27	Pakanin Mo ang Aking mga Tupa Marcos 16:15; Juan 21:1–17
3	Ang Kabataan ni Jesucristo Mateo 2; Lucas 2:21–52	28	Ang Araw ng Pentecostes Juan 14:25–27; Mga Gawa 2:1–24, 32–33, 36–47
4	Ang Pagbibinyag kay Jesucristo Mateo 3:13–17; Juan 3:5	29	Si Apostol Pedro Mateo 4:18–19; 14:22–33; 16:13–17; 17:1–9; Lucas 22:31–34, 54–62; Mga Gawa 3:1–9, 19–21; 4:6–20; 5:12–42
5	Si Jesucristo ay Tinukso ni Satanas Mateo 4:1–11; Marcos 1:12–13; Lucas 4:1–13	30	Sina Bernabe, Ananias, at Safira; Esteban, ang Martir Mga Gawa 4:32–5:10; 6; 7:54–60
6	Nilinis ni Jesucristo ang Templo Mateo 21:12–14; Lucas 19:45–48; Juan 2:13–16	31	Sina Pedro at Cornelio Mga Gawa 10:1–11:18
7	Tinawag ni Jesucristo ang Kanyang mga Apostol Mateo 4:18–22; 16:13–19; Marcos 3:13–19; 16:15; Lucas 5:1–11; 6:12–16	32	Ang Pagbabago ni Saulo Mga Gawa 7:57–60; 8:1–3; 9:1–30; 26:9–23
8	Ang Sermon sa Bundok Mateo 5:1–6:4; 7:12; Lucas 6:17–36	33	Unang Misyong ni Pablo Mga Gawa 13:4–11, 14–43; 14:5–10
9	Nagturo si Jesucristo tungkol sa Panalangin Mateo 6:5–13; 7:7–11; 26:36–46; Lucas 9:28–29; 11:2–4, 9–13; Santiago 1:5–6	34	Pangalawang Misyong ni Pablo Mga Gawa 15:36–41; 16:16–34
10	Pinagaling ni Jesucristo ang mga Maysakit Mateo 8:5–10, 13; 25:34–40; Marcos 1:40–45; Lucas 4:38–40; 7:11–17; Juan 4:46–54; 13:34–35	35	Pangatlong Misyong ni Pablo Mga Gawa 18:23; 19:1–7, 11–12, 20
11	Si Jesucristo at ang Araw ng Sabbath Mateo 12:1–13; Marcos 2:23–28; 3:1–6; Lucas 13:11–17; 14:1–6; Juan 5:2–16	36	Si Jesucristo ay Babalik na Muli Mga Gawa 1:9–11; Joseph Smith—Mateo 1:1–4, 21–55
12	Ginamit ni Jesucristo ang Kapangyarihan ng Kanyang Priesthood upang Pagpalain ang Iba Mateo 14:23–33; Marcos 4:35–41; 6:33–44; Lucas 9:37–43; Mga Gawa 10:38	37	Ang Sulat ni Pablo sa mga Taga Roma Mga Taga Roma 1:16; 8:13–18, 31–39; 12:3–21
13	Nagsagawa si Jesucristo ng mga Himala Marcos 2:1–12; 5:21–43	38	Ang Unang Sulat ni Pablo sa mga Taga Corinto I Mga Taga Corinto 6:19–20; 12:4–27; 13; 15:20–22, 40–42
14	Ang Manghahasik at ang Trigo at ang mga Pangsirang Damo Mateo 13:1–9, 18–30, 37–43; Marcos 4:14–20; Lucas 8:11–15	39	Ang Ikalawang Sulat ni Pablo sa mga Taga Corinto II Mga Taga Corinto 4:5–18; 9:6–8; 12:6–10
15	Ang Nawawalang Tupa, ang Nawawalang Barya, at ang Alibughang Anak Mateo 18:12–14; Lucas 15	40	Ang Sulat ni Pablo sa mga Taga Galacia Mga Taga Galacia 2:16–21; 5:22–23; 6:7–10
16	Ang Mabuting Samaritano at ang Bahay na Itinayo sa Bato Mateo 7:24–27; 22:34–40; Lucas 6:47–49; 10:25–37	41	Ang Sulat ni Pablo sa mga Taga Efeso Mga Taga Efeso 1:3–12; 4:11–16; 6:10–18
17	Pinagaling ni Jesucristo ang 10 Ketongin at ang Lalaking Bulag Lucas 17:12–19; Juan 9	42	Ang Sulat ni Pablo sa mga Taga Filipos Mga Taga Filipos 1:2–11; 2:12–13; 4:4–13
18	Ang Mabuting Pastor Mateo 19:13–15; Marcos 10:13–16; Juan 10:1–18	43	Ang Sulat ni Pablo sa mga Taga Colosas Mga Taga Colosas 1:9–20; 3:1–16
19	Ang Walang Habag na Alipin Mateo 6:12, 14–15; 18:21–35	44	Ang mga Sulat ni Pablo sa mga Taga Tesalonica I Mga Taga Tesalonica 2:1–12; 4:1–7; II Mga Taga Tesalonica 2:1–4; 3:10–13
20	Ang Sampung Dalaga, ang mga Talento, at ang Lepta ng Babaing Bao Mateo 25:1–13, 14–46; Marcos 12:41–44; Lucas 21:1–4	45	Ang mga Sulat ni Pablo kay Timoteo I Kay Timoteo 1:12–17; 5:1–3; II Kay Timoteo 3:1–5, 14–17
21	Binuhay ni Jesucristo si Lazaro mula sa mga Patay Juan 11:1–46	46	Ang mga Sulat ni Pablo kina Tito at Filemon Kay Tito 1:1–4; 2; Kay Filemon 1:3–9
22	Ang Matagumpay na Pagpasok ni Jesucristo at ang Huling Hapunan Mateo 21:1–11; Marcos 14:12–26; Lucas 19:29–38; 22:15–20	47	Ang Sulat ni Pablo sa mga Hebreo Sa Mga Hebreo 1:1–6; 5:1–4; 11:1–11; 12:1–2
23	Si Jesucristo sa Getsemani Mateo 26:36–46; Lucas 22:40–46; Juan 3:16; 15:12–13	48	Mga Turo ni Santiago Santiago 1:5–6; 2:17–18; 3:2–13; 5:12
24	Si Jesucristo ay Ipinagkanulo, Hinuli, at Nilitis Mateo 26:14–16, 47–27:31; Lucas 22:47–23:25	49	Mga Turo ni Pedro I Ni Pedro 1:3–11; 3:18–20; 4:6; II Ni Pedro 1:2–8
25	Ang Pagpako sa Krus at Paglibing kay Jesucristo Mateo 27:32–66; Lucas 23:26–56; Juan 10:17–18; 15:13; 19:13–42	50	Mga Turo nina Juan at Judas I Ni Juan 2:1–6; 3:10–18, 23; 4:7–10; 5:1–3; II Ni Juan 1:4; III Ni Juan 1:4; Judas 1:20–22
		51	Ang Apocalipsis ni Juan Apocalipsis 1:1–3; 2:7; 4; 12:7–9; 20:12
		52	Magsilapit kay Jesucristo—Siya ang Ilaw at Buhay ng Sanlibutan Mateo 11:28–30; Juan 4:3–14; 6:35–51; 8:12; 14:6, 15

Paggawa ng Makabuluhang Bagay sa Oras Ko

Clayton W., edad 10, Missouri, USA

Kung minsan talagang malamig
 at umuulan ng niyebe sa lugar
 namin. Kung minsan nasa loob lang
 kami ng bahay pagkauwi mula sa
 paaralan at sumasakay sa aming sled
 pababa sa malaking burol na katabi
 ng bahay namin. Isang araw, nang
 isusuot na namin ang aming
 snowsuit, sumbrero, at
 mga guwantes,
 sinabi ni Inay
 na huwag

na kaming tumuloy dahil napakalamig at mahangin sa labas. Nagmak-tol ako dahil hindi kami nakalabas. Nagreklamo ako, at sinabi ni Inay, “Umakyat ka sa kuwarto mo at maghanap ka ng makabuluhang bagay na magagawa mo sa oras mo.”

Pagpasok ko sa kuwarto ko, ini-sip ko kung ano ang nais ipagawa sa akin ng Tagapagligtas. Nagpasiya akong isaulo ang mga Saligan ng Pananampalataya. Nang bumaba ako pagkaraan ng ilang oras, humingi ako ng tawad kay Inay at sa mga kapatid ko sa pagmamaktol ko at sinabi kong naisaulo ko ang mga Saligan ng Pananampalataya. Gulat na gulat sila! Binigkas ko ang bawat isa para sa kanila at napakasaya ko na naging makabuluhan ang oras ko.

Sa palagay ko masaya ang Tagapagligtas na nagpasiya ako na alamin ang iba pa tungkol sa Kanya sa ekstrang oras ko nang umagang iyon. Nagpapasalamat ako na binigyan Niya ako ng isang pamilya at ng mga banal na kasulatan para tulungan kaming malaman ang iba pa tungkol sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. ■



ANG ATING PAHINA



Ang tatay ko ang bishop ng aming ward, at ininterbyu niya ako bago niya ako bin-yagan. Napakasaya ko. Nagpasiya akong imbitahin ang aking matalik na kaibigan sa paaralan at ang kanyang pamilya sa binyag ko. Dumating sila! Hindi ko kailanman mali-limutan ang espesyal na araw na iyon.

Efrain W., edad 8, Spain



Alam ko kung paano buksan ang family history website at maghanap ng pangalan ng isang ninuno. Tinitingnan ko kung kailangang gawan ng ordenansa sa templo ang ninunong iyon. Ito ang bahagi ko sa paggawa ng gawain ng Panginoon.

Stephen S., edad 6, Philippines



Laura D., edad 8, Brazil





**Ni Pangulong
Boyd K. Packer**

Pangulo ng Korum
ng Labindalawang
Apostol

*Ang mga miyembro ng
Korum ng Labindala-
wang Apostol ay
mga natatanging
saksi ni Jesucristo.*

Paano ako matutulungan ng MGA BANAL NA KASULATAN?



ANG MGA BANAL NA KASULATAN AY . . .

- Itinuturo sa atin ang dapat nating puntahan at gawin
- Nagbibigay sa atin ng pag-asa at kaalaman.
- Tinutulungan tayong magtamo ng patotoo tungkol kay Jesucristo.
- Nagbibigay sa atin ng espirituwal na proteksyon.

Gawing bahagi ng regular ninyong gawain ang pagbabasa ng banal na kasulatan, at kayo ay pagpapalain.

Kung matututo kayo mula sa mga banal na kasulatan nang maaga, malalaman ninyo ang landas na dapat ninyong tahakin. ■

Mula sa "Ang Susi sa Espirituwal na Proteksyon," Liahona, Nob. 2013, 26-28.

Ang Sikretong



Ni Jessica Larsen

Batay sa tunay na buhay

“Lahat may ibibigay” (Children’s Songbook, 236).

Huwag si Ivy! Babae siya,” bulong ni Braden kay Adam.

Pero si Adam ang team captain ng dodgeball sa araw na iyon, at nakapili na siya. “Si Ivy ang napili ko,” sabi niyang muli nang mas malakas. Napangisi si Tyler, ang isa pang team captain. Mukhang nagulat si Coach Garcia sa pangalawang pinili ni Adam.

Mukhang nagulat din si Ivy at nahihiyang lumapit. Napabuntung-hininga si Braden.

Hindi lang karaniwang babae si Ivy. Siya ang pinakamaliit na bata sa klase. Mukhang mabagal siyang

kumilos, at parang mas malaki pa ang bola kaysa sa kanya. “Baka nga ni hindi niya kayang buhatin ang bola,” sabi ni Braden habang papalapit si Ivy.

“Siguro siya ang magiging sikretong panlaban natin,” sabi ni Adam, sinisikap na ipakitang nakasisiguro siya. Pero hindi iyon ang dahilan kaya niya pinili si Ivy. Sinabi minsan ni Ivy kay Adam na ayaw niya kapag naglalaro sila ng sports dahil siya ang laging huling pinipili. Tinukso ng ibang batang lalaki si Ivy, pero sinabi nina Inay at Itay kay Adam na dapat igalang ng mga batang lalaki ang mga batang babae. Kaya pinili niya si Ivy. Nang makita

niyang pinili ni Tyler ang pinakamalalaking batang lalaki sa klase, umasa si Adam na tama ang naging desisyon niya.

Nang nasa kani-kanyang team na ang lahat, sumilbato si Coach Garcia, at nagtakbuhan sa magkabilang dulo ng court ang mga team. Iniabot ni Coach Garcia kay Tyler ang bola, at inilibot ni Tyler ang tingin niya sa team ni Adam bago siya tumuon kay Ivy. Ibinuwelo niya ang kanyang braso at inihagis ang bola.

Bam! Bumagsak ang bola sa lupa at tumalbog nang walang sinumang tinamaan. Napakurap si Adam. Tiyempo ang paglipat ni Ivy ng puwesto. Tila nagulat ang lahat ng

Panlaban



Minamaliit ng lahat ang kayang gawin ni Ivy.

nakapaligid kay Adam, pero ngumiti lang siya. Siguro tama nga ang ginawa niyang pagpili kay Ivy.

Nagpatuloy ang laro. Pinilit ni Tyler na patamaan ng bola si Ivy, pero panay ang igtad at ilag nito. Walang makatama sa kanya ng bola. Abala si Tyler at ang ilan sa kanyang mga kakampi na patamaan ng bola si Ivy kaya hindi na pinuntirya pa ang iba. Napangisi si Adam—ang pagiging maliit ni Ivy ang talagang *mas nagpahusay* sa kanya sa dodgeball dahil maliit at mabilis siya kaya mas mahirap siyang tamaan.

Sa wakas ay nanalo rin sa laro ang team ni Adam. “Sikretong

panlaban nga siya,” sabi ni Braden. “Ang galing ni Ivy.”

“Oo nga,” sabi ni Tyler. “Sa susunod, kasama na siya sa team *ko*. Siguradong mananalo tayo!” Nakangiti si Ivy habang naglalakad pabalik sa klase, na napaliligiran ng kanyang mga kasama sa team.

Hindi mapigilan ni Adam na mapangiti habang sinusundan niya ang grupo. Naging mabait siya kay Ivy, at natulungan niya ang iba pang mga batang lalaki na maging magalang pa sa mga batang babae. Ang pinakamatinding panlaban ay hindi naman talaga sikreto—pagiging mabait lang ito. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Arizona, USA.



WALANG TA-ONG NAKATAK-DANG MABIGO

“Bawat tao ay kaiba at makagagawa ng iba-ibang kontribusyon. Walang taong nakatak-dang mabigo.”

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Tulungan Silang Magtakda ng Mataas na Mithiin,” *Liahona*, Nob. 2012, 60.

Isang Paglalakbay para Matutuhan ang Tungkol kay Jesucristo



Sa taong ito sa Primary isang napakagandang paglalakbay ang gagawin ninyo sa pagsunod sa mga yapak ni Jesus at pag-aaral tungkol sa Kanyang buhay mula sa mga pahina ng Bagong Tipan. Pag-aaralan din ng inyong mga magulang ang mga talatang ito sa banal na kasulatan sa kanilang mga klase.

Narito ang ilang aktibidad na tutulong sa inyo at sa inyong pamilya para sama-sama ninyong matutuhan ang tungkol sa Bagong Tipan.

MGA IDEYA NA PAG-UUSAPAN NG PAMILYA

Bakit mahalaga at kapana-panabik na pag-aralan ang Bagong Tipan? Paano tayo mas mapapata-tag ng pag-aaral pa ng tungkol sa Tagapagligtas? Tiyaking mabigyan ng pagkakataon ang bawat tao na makapagbahagi. Pagkatapos ay maaari ninyong kantahin ang "The Books of the New Testament" (*Children's Songbook*, 116). Maaari din kayong gumawa ng mga kard at isulat ninyo ang mga pangalan ng mga aklat at pagsunud-sunurin ang mga ito.

AWIT AT BANAL NA KASULATAN

- "Ang mga K'wento kay Jesus," (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 36)
- Mateo 11:29

TIPS PARA SA MGA BANAL NA KASULATAN

Ang pagmamarka ng inyong mga banal na kasulatan ay makakatulong sa inyo na mahanap ang inyong mga paboritong talata kalaunan!

Maaari kayong gumamit ng lapis, pen, o colored pencil.

Salungguhitan ang mga talata kung saan nagsalita si Jesus—o kaya ay bilugan ang mga numero ng talata.

Makakaorder ang inyong mga magulang ng kopya ng Bagong Tipan para sa inyo sa wikang Ingles o Espanyol sa halagang \$2.50 sa store.lds.org.

ALAMIN ANG IBA PA

Nagpunta rito sina Maria at Jose para magpatala sa gobyerno.

ALAMIN ANG IBA PA

Nainggit si Haring Herodes kay Jesus, kaya dinala rito nina Jose at Maria si Jesus para makaligtas.

ALAMIN ANG IBA PA

Mateo 2:23

ALAMIN ANG IBA PA

Pagkasilang ni Jesus, nagpunta rito ang mga pastol at mga Pantas na Lalaki para sambahin Siya.

ALAMIN ANG IBA PA

Mateo 2:14

ALAMIN ANG IBA PA

Dinala rito nina Jose at Maria si Jesus noong Siya ay sanggol pa lang, at muli noong Siya ay edad 12. Nagpaiwan Siya at nagturo sa kalalakihan sa templo.

ALAMIN ANG IBA PA

Mateo 2:1

ALAMIN ANG IBA PA

Dito nakatira si Maria nang magpakita ang anghel na si Gabriel para sabihin sa kanya na si Jesus ay isisilang.

ALAMIN ANG IBA PA

Ang templong itinayo ni Herodes ay nasa malaking lungsod na ito na napaliligiran ng mga pader.

ALAMIN ANG IBA PA

Ang bansang ito ay malapit sa Israel.

ALAMIN ANG IBA PA

Noong maliit pa si Jesus, nanirahan Siya rito kasama sina Maria at Jose.

ALAMIN ANG IBA PA

Lucas 2:42-49

LUGAR NA PINUNTAHAN NI JESUS

Magpalitan sa pagpili ng isa sa mga kard na "Alamin ang Iba Pa." Basahin ang katotohanan o hanapin at basahin ang talata sa banal na kasulatan. Pagkatapos ay itugma ang kard sa isang lokasyon sa mapa.



Nazaret




Egipto



Jerusalem

Betlehem





Ni Rosemary M. Wixom
Primary General President

Ang Listahan ng 10 Priyoridad ni Abby

"Ito ang plano ng kaligtasan sa lahat ng tao" (Moises 6:62).

Minsan sa isang klase ng young women na binisita ko, hiniling ng guro sa klase na sumulat sila ng 10 priyoridad sa buhay. Pagkatapos ay sinabihan niya sila na ibahagi nila ang kanilang isinulat. Si Abby, na katu-tuntong lang sa edad 12, ay nakaupo sa tabi ko. Narito ang listahan ni Abby:

1. Mag-aral sa kolehiyo.
2. Maging interior designer.
3. Magmisyon sa India.
4. Makasal sa templo sa isang returned missionary.
5. Magkaroon ng limang anak at magkaroon ng tahanan.
6. Pagnisyunin ang aking mga anak at paaralin sa kolehiyo.
7. Maging lola na "nagbibigay ng cookies."
8. Ibigay ang gusto ng mga apo.
9. Alamin pa ang tungkol sa ebanghelyo at masiyahan sa buhay.
10. Bumalik sa piling ng Ama sa Langit.

Nauunawaan ni Abby ang plano ng Ama sa Langit para sa ating lahat. Kapag nakatuon ang inyong landas sa pinakamahaling mithiin na makabalik sa Ama sa Langit, makararating kayo roon! ■

Mula sa "Pag-uukol ng Panahon para Mag-usap at Makinig," Liahona, Abr. 2012, 37

ANG INYONG LISTAHAN NG 10 PRIYORIDAD


Sumulat ng 10 mithiin para sa *inyong* buhay. Pagkatapos ay ilagay ang mga ito sa inyong journal, o sa dingding ninyo, o kahit saan na makikita ninyo nang madalas ang mga ito.

Si Jesus ay Nagtuturo sa Templo

Lucas 2:42–47

Idikit ang pahinang ito sa makapal na papel o karton. Pagkatapos ay gupitin ang mga figure at idikit ang mga ito sa mga patpat o supot na papel. Ilagay sa isang sobre at isulat sa harapan ang mga reperensya sa banal na kasulatan. ■

Maaari kayong mag-print ng mas maraming kopya sa liahona.lds.org.



PANALANGIN

Ni Mitzy Jiménez Ramírez

Batay sa tunay na buhay

Si Sofía ay halos walong taong gulang na. Naghahanda na siyang mabinyagan. Marami na siyang natutuhang mahahalong bagay. Ang isang bagay na natutuhan niya ay tungkol sa panalangin. Alam niyang makapagdarasal siya sa Ama sa Langit anumang oras. Alam niyang

makapagdarasal siya kahit saan.

Isang araw nagpasiya si Sofía at ang nanay niya na puntahan sa trabaho ang tatay niya. Mahabang biyahe iyon. Nagtatrabaho ang tatay niya sa ibang bayan. Kailangan nilang sumakay sa bus, sa trak, at sa taxi.

Sa biyahe sa bus, nakatulog si Sofía.

Nagising siya nang makarinig siya ng sanggol na umiiyak. May sumakay na mag-asawang may dalang sanggol sa bus. Ang sanggol ay maysakit at umiiyak nang malakas. Nag-aalala ang mga magulang ng sanggol.

Naawa si Sofía sa sanggol. Naawa rin siya sa mga magulang nito.



sa Loob ng BUS

Pagkatapos ay may naisip siya. Bumulong siya kay Inay. “Maaari po ba akong magdasal at hilingin sa Ama sa Langit na basbasan ang sanggol?”

“Oo naman,” sabi ni Inay na nakangiti.

Yumuko si Sofia at taimik na nagdasal. Taimtim ang dasal niya. Hiniling niya sa Ama sa Langit na basbasan ang sanggol.

Hiniling niya sa Kanya na tulungang bumuti ang pakiramdam ng sanggol at tumigil ito sa pag-iyak.

Alam ni Sofia na hindi natin palaging natatanggap ang ipinagdarasal natin. Alam din niya na hindi palaging nasasagot kaagad ang ating mga dalangin. Ngunit mayamaya pa ay napanatag ang sanggol. At tumigil

na ito sa pag-iyak. Tila bumuti na ang pakiramdam niya. Hindi na gaanong nag-alala ang kanyang mga magulang.

Nakadama ng sigla at saya si Sofia. Masaya siya para sa sanggol—at para sa mga magulang nito. Alam niya na narinig ng Ama sa Langit ang kanyang panalangin. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Mexico.





Ni Pangulong
Harold B. Lee
(1899–1973)

PAANO KO MALALAMAN NA PINATAWAD NA AKO NG PANGINOON?

Paano mo sasagutin ang isang tao na lumapit sa iyo at itinanong ito?

Ilang taon na ang nakararaan nakalupo kami ni Pangulong [Marion G.] Romney [1897–1988] sa aking opisina. Bumukas ang pinto at isang makisig na binata ang balisang pumasok, at sinabi niya, “Mga kapatid, papasok po ako sa templo sa unang pagkakataon bukas. Nakagawa ako ng ilang pagkakamali noong araw, at nakausap ko ang aking bishop at stake president, at naayos at napagsisihan ko nang lahat iyon; at makalipas ang panahon ng pagsisi at katiyakang hindi ko na inulit ang mga pagkakamaling iyon, ipinasiya nila na handa na akong pumasok sa templo. Ngunit, mga kapatid, hindi po sapat iyon. Gusto kong malaman, at paano ko malalaman, na pinatawad na rin ako ng Panginoon.”

Ano ang isasagot mo sa isang tao na lalapit sa iyo at itatanong ito? Habang pinag-iisipan namin ito, naalala namin ang mensahe ni Haring Benjamin sa aklat ni Mosias. Naroon ang isang grupo ng mga tao na humihiling na sila ay binyagan, at kanilang



sinabi na nakikita nila ang kanilang mga sarili sa kanilang makamundong kalagayan:

“At silang lahat ay sumigaw nang malakas sa iisang tinig, sinasabing: O maawa, at gamitin ang nagbabayad-salang dugo ni Cristo upang kami ay makatanggap ng kapatawaran ng aming mga kasalanan, at ang aming mga puso ay maging dalisay. . . .

“ . . . Matapos na kanilang sabihin ang mga salitang ito, ang Espiritu ng Panginoon ay napasakanila, at sila ay napuspos ng kagalakan, sa pagkatanggap ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at sa pagkakaroon ng katahimikan ng budhi” (Mosias 4:2–3).

Iyon ang sagot.

Kung dumating ang panahon na nagawa mo na ang lahat ng

makakaya mo para mapagsisihan ang kasalanan mo, sino ka man, saan ka man naroon, at kung nakapagbayad-pinsala at nakapag-sauli ka na sa abot ng iyong makakaya; kung ito man ay isang bagay na makakaapekto sa katayuan mo sa Simbahan at nakausap mo na ang tamang mga awtoridad, nanaisin mo ang nagbibigay-katiyakang sagot na iyon kung tinanggap ka ng Panginoon o hindi. Sa iyong taimtim na paghinay, kung hahangarin mo at matatagpuan ang kapayapaan ng budhi, dahil diyan ay malalaman mo na tinanggap na ng Panginoon ang iyong pagsisi. Iba ang ipaiisip sa iyo ni Satanas at kung minsan ay himukin ka niya na dahil nakagawa ka ngayon ng isang pagkakamali, magpatuloy ka na lang at huwag nang magsisi. Isa iyan sa mga pinakamalaking kasinungalingan. Ang himala ng pagpapatawad ay makamtan ng lahat ng taong tatalikod sa kanilang masasamang gawain at hindi na babalikan pa ito. ■

Mula sa “Stand Ye in Holy Places,” Ensign, Hulyo 1973, 122.

MGA KABATIRAN



Paano ako magagalak kapag mahirap ang buhay?

“Napakaraming bagay sa buhay ang nakadepende sa ating saloobin. Kung paano natin tingnan ang mga bagay-bagay at tugunin ang iba ang gumagawa ng malaking kaibhan. Ang gawin ang pinakamainam sa abot ng ating makakaya at piliing maging masaya sa ating sitwasyon, anuman ito, ay makapagdudulot ng kapayapaan at kapanatagan.”

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

MAG-USAP-USAP NANG MADALAS

Gamitin ang anim na alituntuning ito
para sa matagumpay na mga family
council.



p.42

PARA SA MGA KABATAAN



p.48

TEMA NG MUTWAL PARA SA 2015

Nagbigay ng kabatiran ang Young Women
at Young Men general presidencies hinggil
sa Doktrina at mga Tipan 4:2.

PARA SA MGA BATA

Hamon sa Pagbabasa ng Bagong Tipan

Gamitin ang kukulayang aktibidad na ito
kapag binasa ninyo ang mga talatang
ito sa Bagong Tipan sa taong ito.



p.66